

TATLONG

# ESKUM

MGA ESPESYAL NA KURSONG MASA



ESPESYAL NA CORSO SA KILUSANG MAGSASAKA

ESPESYAL NA CORSO SA KILUSAN NG KABABAIHAN SA KANAYUNAN

ESPESYAL NA CORSO PARA SA KABATAAN

---

TATLONG

---

# ESKUM

---

**MGA ESPESYAL NA KURSONG MASA**

ESPESYAL NA KURSO SA KILUSANG MAGSASAKA  
ESPESYAL NA KURSO PARA SA KILUSAN NG KABABAIHAN SA KANAYUNAN  
ESPESYAL NA KURSO PARA SA KABATAAN



---

PAMBANSA-DEMOKRATIKONG PAARALAN  
2006

## NILALAMAN

### ESPESYAL NA CORSO SA KILUSANG MAGSASAKA

Paunang Salita sa Ikatlong Edisyon . . . . .	6
Paunang Salita sa Ikalawang Edisyon . . . . .	8
Paunang Salita sa Unang Edisyon . . . . .	10
I. Matinding paghihirap ang dinaranas ng mga magsasaka dahil sa problema sa lupa. . . . .	12
II. Lumaganap at lumubha ang problema sa lupa sa Pilipinas dahil sa pangangamkam at panlilinlang ng mga dayuhang mananakop at lokal na panginoong maylupa. . . . .	51
III. Demokratikong Rebolusyong Bayan ang makalulutas sa problema sa lupa at kaakibat na pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa masang magsasaka. . .	73
IV. Ang Rebolusyong Programa sa Reporma sa Lupa . .	80
V. Ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) ang rebolusyong organisasyong masa ng magsasaka at manggagawang bukid sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at demokratikong rebolusyong bayan. . . . .	94
ENDNOTES . . . . .	100

### ESPESYAL NA CORSO

#### PARA SA KABABAIHAN SA KANAYUNAN

Paunang Salita sa Ikatlong Edisyon . . . . .	109
Paunang Salita sa Ikalawang Edisyon . . . . .	111
Paunang Salita sa Unang Edisyon . . . . .	113
I. Inaapi at pinagsasamantalahan ang lubos na nakararami sa kababaihang Pilipino . . . . .	114
II. Ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay nakapaloob at naglilingkod sa demokratikong rebolusyong bayan. . . . .	125

III. Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) ang rebolusyong organisasyong masa ng kababaihan sa kanayunan . . . . .	131
---	-----

ESPESYAL NA CORSO PARA SA KABATAAN

Paunang Salita sa Ikatlong Edisyon . . . . .	137
Paunang Salita sa Ikalawang Edisyon . . . . .	138
Paunang Salita sa Unang Edisyon . . . . .	139
I. Pinagsasamantalahan, api at walang kinabukasan ang kabataang Pilipino sa kasalukuyang lipunan. . . . .	140
II. Kailangang yakapin at isulong ng kabataang Pilipino ang Demokratikong Rebolusyong Bayan. . . . .	149
III. Ang Kabataang Makabayan ang batayang organisasyong masa ng kabataan sa kanayunan. . . . .	152

MGA APENDIKS:

A. Ilang Tampok na Kaso ng Pangangamkam ng Lupa, Pagpapalit-gamit ng Lupa at Pangisdaan . . . . .	157
B. Rebolusyong Gabay sa Reporma sa Lupa . . . . .	158
K. Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) . . . . .	181
D. Patnubay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan . . . . .	189

. . . . .

# ESPESYAL NA CORSO SA KILUSANG MAGSASAKA



## PAUNANG SALITA SA IKATLONG EDISYON

**B**AHAGI NG ATING PAGSISIKAP NA HIGIT PANG pahasayin at pasiglahin ang Pambansa-Demokratikong Paaralan (PADEPA), inilalathala natin ang ikatlong edisyon ng Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka (Eskum-Magsasaka). Tulad ng mga naunang edisyon, tinatalakay rito ang katangian, kasaysayan at rebolusyonaryong solusyon sa problema sa lupa.

Sa ikatlong edisyon, ipinasok ang ilang mahalagang pagbabago tulad ng mga sumusunod:

1. pag-*update* sa kabuuang kalagayan ng sektor ng agrikultura sa Pilipinas;
2. paglala ng rekonsentrasyon ng mga lupain sa kamay ng malalaking panginoong maylupa-burgesyang kumprador;
3. bagong mga anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal;
4. matitinding epekto sa magsasaka at mamamayan ng pagpiga ng imperyalismo sa agrikultura, partikular ng GATT-WTO;
5. mga kontra-magsasakang programa at krimen ng rehimeng US-Arroyo;
6. matitingkad na tagumpay at pagsulong ng kilusang magsasaka; at
7. ang paglilinaw sa patakaran ng rebolusyonaryong kilusan hinggil sa nasyunalisasyon ng lupa at kaakibat na amyenda sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa.

Mapapansin na maraming datos ang inilagay sa *endnotes* at mga apendiks upang mapalamnan pa ang talakayan hinggil sa kabuuang kalagayan ng mga magsasaka at manggagawang bukid.

Matapos pag-aralan ang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) na siyang naglalatatag ng pangkalahatang balangkas ng lipunan at rebolusyong Pilipino, dapat kagyat na isunod ang pag-aaral sa Eskum-Magsasaka upang mas mailugar ang pag-aaral sa kilusang magsasaka.

Kailangang talakayin ang Eskum-Magsasaka ng mga kasapi hindi lamang ng samahang magsasaka, kundi ng samahang kababaihan at kabataan bilang integral na bahagi ng kilusang magsasaka at bago pag-aralan ang Eskum-Kababaihan at Eskum-Kabataan. Sa gayon, bukod sa pangkalahatang pag-unawa sa lipunan at rebolusyong Pilipino, wastong mailulugar ang kanilang partikular na sektor sa kinapapalooban nitong kilusang magsasaka. Kaugnay nito, may binalangkas tayong gabay para matalakay ang tatlong Eskum sa isang tuluy-tuloy na pag-aaral sa loob ng anim hanggang pitong oras.

Mahalaga ring pag-aralan ang Eskum-Magsasaka ng mga manggagawa at iba pang sektor sa kalunsuran upang maunawaan ang katangian at nilalaman ng kilusang magsasaka at ang mahigpit na ugnayan ng kilusang magsasaka at demokratikong kilusan sa kalunsuran.

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO –  
PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON

*sa pakikipagtulungan sa*

KOMISYON PARA SA KILUSANG MAGSASAKA

*Pebrero 2006*

## PAUNANG SALITA SA IKALAWANG EDISYON

**I**TO ANG IKALAWANG EDISYON NG ESPESYAL NA Kurso sa Kilusang Magsasaka o Eskum- Magsasaka. Tulad ng Unang Edisyon, tinatalakay dito pangunahin ang katangian, kasaysayan at rebolusyonaryong solusyon sa problema sa lupa.

Dapat pag-aralan ang espesyal na kursong ito ng mga kasapi ng mga samahang magsasaka matapos talakayin ang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP). Uunahin ang MKLRP na siyang naglalalatag ng pangkalahatang balangkas ng lipunan at rebolusyong Pilipino upang mahusay na mailugar ang pag-aaral sa kilusang magsasaka.

Ang kursong ito ay dapat ding pag-aralan ng kabataan at kababaihan sa kanayunan matapos ang MKLRP at bago pag-aralan ang espesyal na kurso ng partikular na sektor. Sa gayon, bukod sa pangkalahatang pag-unawa sa lipunan at rebolusyong Pilipino, wastong mailulugar ang kanilang sektor sa kinapapalooban nitong kilusang magsasaka.

Mahalagang pag-aralan ang kursong ito ng mga manggagawa at iba pang sektor sa kalunsuran upang maunawaan ang katangian at nilalaman ng kilusang magsasaka at ang mahigpit na ugnayan ng kilusang magsasaka at demokratikong kilusan sa kalunsuran.

Sa pagtalakay sa kursong ito, gawing kongkreto sa sariling karanasan ng mag-aaral ang mga punto sa pamamagitan ng mga halimbawa mula sa kanilang lugar laluna ang usapin ng laki ng problema sa lupa at mga partikular na porma ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Ilan sa mga pagbabago sa kurso ang mga sumusunod:



- a. ang pag-*update* sa datos at paglalahad hinggil sa mga kontra-magsasakang hakbang ng rehimeng US-Aquino at US-Ramos
- b. ang malinaw na paglulugar ng rebolusyong agraryo sa demokratikong rebolusyong bayan
- k. at ang pagbibigay ng pangkalahatang tanaw hinggil sa rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa

Ang seksyon sa rebolusyonaryong reporma sa lupa ay nagsisilbing panimulang sistematikong paglalahad sa paksa. Matapos ang pag-aaral sa espesyal na kurso, pinakamainam kung magdaos ng hiwalay na pag-aaral sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa (RGRL) na inilakip bilang apendiks ng kursong ito.

Mainam kung kagyat na isunod ang pag-aaral sa Gabay sa Pagtatayo sa Demokratikong Gubernong Bayan na inilakip din bilang apendiks ng kursong ito. Higit na malilinaw dito ang katangian ng kapangyarihang pampolitika at gubyernong bayan na hakbang-hakbang na itinatayo sa kanayunan.

Upang higit na mapaunlad ang espesyal na kursong ito, malugod naming tatanggapin ang lahat ng puna at mungkahi.

PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON-  
PANGKALAHATANG KALIHIMAN  
*Abril 1996*

## PAUNANG SALITA SA UNANG EDISYON

**A**NG MAIKLING CORSO TUNGKOL SA KILUSANG Magsasaka ang espesyal na kursong masa ukol sa problema sa lupa. Tinatalakay dito ang katangian, kasaysayan at ang rebolusyonaryong solusyon sa problema sa lupa.

Ito ang unang kurso sa pag-aaral ng mga kasapi ng mga organisasyong masa ng magsasaka. Ibinibigay rin ang kurso sa mga organisasyong masa ng kababaihan at kabataan sa kanayunan dahil ang mga sektor na ito ay integral na bahagi ng kilusang magsasaka.

Pagkatapos ng espesyal na kurso, mahalagang maisunod kaagad ang pag-aaral sa Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino. Kailangan ito para mahigpit na maiugnay ng mga mag-aaral ang partikular na problema ng magsasaka sa kabuuang problema ng sambayanan at sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Sa pangkalahatang kursong masa rin nadidetalye ang magiting na papel ng uring magsasaka sa pakikibaka sa mga dayuhan at katutubong kaaway.


Mapapansin na ang espesyal na kurso ay nakatutok sa pangkalahatang kalagayan ng uring magsasaka. Ang mga kinauukulang organo o yunit ang nasa pusisyon para palamnan at isapartikular ang kurso batay sa kanilang kalagayan. Mahalagang mabigyan ng partikular na datos at halimbawa laluna ang katanungan tungkol sa laki ng problema sa lupa.

Iminumungkahi ring magdagdag ng mga talakayan sa mga pinakahuling pakana ng diktadurang US-Marcos laban sa masang magsasaka.

Pagtulungan nating pahasayin ang kursong ito. Ang mga puna at mungkahi hinggil sa kurso ay malugod naming tatanggapin.

PAMBANSANG KAWANIHAN SA INSTRUKSYON  
*Setyembre 1981*

I.  
MATINDING PAGHIHIRAP ANG DINARANAS NG MGA  
MAGSASAKA DAHIL SA PROBLEMA SA LUPA



**M**AYAMAN ANG PILIPINAS. MALAWAK ANG KALUPAAN at pangisdaan nito na pinagkukunan ng pagkain at ikinabubuhay ng mamamayang Pilipino. Makabuluhang bahagi ng lupaing agrikultural ang pinagkukunan din ng mga produktong ibinibenta sa ibang

bayang tulad ng kopra, asukal, tabako, mga gulay at prutas, kape, goma, abaka, bulaklak, at marami pang iba.

Mayaman ang mga dagat, lawa at ilog ng bansa. Dito nagmumula ang tone-toneladang isda at iba pang yamang-dagat sa araw-araw. Sa buong mundo, ikalabing-isa ang Pilipinas sa pinagkukunan ng isda.

Ang masang magsasaka, manggagawang bukid at mangingisda ang nagbabanat ng buto upang malikha ang lahat ng ito. Pero ang malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang korporasyon ang pangunahing nakikinabang sa yaman. Kaya nasasadlak sa matinding kahirapan at paghihikahos ang uring magsasaka. Patuloy silang dumaranas ng sumasahol na pang-aapi at pagsasamantala dahil sa masjid na pagpapatupad ng mga kontra-magsasakang programa at patakaran ng mga nagdaan at kasalukuyang papet na rehimen.

Subalit patuloy ring lumalakas at lumalawak ang paglaban ng masang magsasaka, kasama ang iba pang api at pinagsasamantalahan sa lipunan.

### **A. Ano ang problema sa lupa?**

Ang problema sa lupa ang pinakamabigat na problemang nagpapahirap sa pinakamaraming mamamayan sa Pilipinas, ang masang magsasaka. Bunga ito ng pagpapanatili ng pyudalismo kung saan patuloy na pinag-aarian o kinukontrol ng iilang panginoong maylupa, malaking burgesyang kumprador at imperyalistang agrikorporasyon ang malawak na lupaing agrikultural habang wala o kulang sa lupa ang malaking mayorya ng masang magsasaka.

Ang monopolyo sa lupa ay umiiral hindi lamang sa mga sakahang binubungkal at pinagyayaman ng masang magsasaka at manggagawang bukid. Ang mga kagubatan, ~~minahan, pastulan, lawa, ilog, tabing-dagat at lupang~~

PROPAYL NG KALUPAAN NG PILIPINAS <sup>1</sup>  
(sa milyong ektarya)

	1998	1990	1980	1970
Kabuuang Lupain	30	30	30	30
<i>Alienable &amp; Disposable</i> <sup>1</sup>	14.145	14.118	13.269	12.572
Lupaing Agrikultural <sup>2</sup>	13			
Lupaing Natatamnan <sup>3</sup>	10.3			
Palay	3.170			
Mais	2.354			
Niyog	3.116			
	1.660			
	6			

Pinaghalawan: *Philippine Statistical Yearbook*, iba't ibang edisyon  
National Statistics Office.  
Kagubatan

ninuno ng mga pambansang minorya, maging ang mga *forest park* o pinipreserbang kagubatan na ipinagbabawal sa mamamayan, ay kinakamkam at monopolisado rin ng malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang korporasyon. Walang pakundangan nilang sinasaid ang likas na yamang nakukuha dito nang walang kapalit na pagpapaunlad ni pangangalaga para sa kinabukasan.

Isang bayang agrikultural ang Pilipinas. Mahigit sangkatlo ng 30 milyong ektaryang lupain nito ang binubungkal ng mga magsasaka at manggagawang

bukid na silang lumilikha ng pagkain ng bansa at mga produktong komersyal at pang-eksport tulad ng kopra, asukal, saging, pinya, tabako, *high value crops* (mamahaling mga bulaklak, gulay at prutas na pangunahing ibinibenta sa ibang bayan) at marami pang iba.

Mga magsasaka ang nagbubungkal at nagpapakahirap para maging produktibo ang lupa subalit karamihan sa kanila ay wala o kulang ang sariling lupa. Ang mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalista nama'y hindi lumalahok sa pagsasaka pero dahil sila ang nagmamay-ari at kumukontrol sa malalawak na lupaing agrikultural, sila ang nakikinabang at nagpapasasa sa produkto ng masang magsasaka.

## **B. Gaano kalubha ang problema sa lupa?**

*1. Pag-aari o kontrolado ng iilang panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang agrikorporasyon ang malawak at matabang lupaing Pilipinas.*

Iniulat ng Bureau of Agricultural Statistics noong 1991 na 9,500 panginoong maylupa lamang ang nagmamay-ari sa halos 21 porsyento ng kabuuang lupaing agrikultural ng Pilipinas. Samantala, mahigit dalawang milyong magsasaka, na nagmamay-ari lamang ng kulang sa tatlong ektarya bawat isa, ang nagsisiksikan at naghahati-hati sa 18.5 porsyento ng lupaing agrikultural.<sup>4</sup>

Matingkad ang monopolyo sa lupa sa ilang pananim at lugar. Halimbawa, sa niyugan, 80 porsyento nito ay pag-aari ng iilang panginoong maylupa habang 3.4 milyong magsasaka at manggagawang bukid ang nagmamay-ari sa natitirang 20 porsyento.

PARSYAL NA LISTAHAN NG MALALAKING ASYENDA <sup>3</sup>

ASYENDA/PML	SUKAT (sa ektarya)	LUGAR
Danding Cojuangco	30,000	Negros, Isabela, Cagayan, Davao del Sur, Cotabato, Palawan
Hacienda San Antonio/Sta Isabel (Danding Cojuangco, Faustino Dy, Juan Ponce Enrile)	12,085	Ilagan, Isabela
Nestle Farms	10,000 ( <i>sa ngayon; pero 160,000 ang target</i> )	Isabela, Cagayan, Compostela Valley, Agusan del Sur
Pamilya Floirendo (TADCO)	11,048	Davao del Norte
Pamilya Almagro	10,000	Dalaguete, Cebu
Pamilya Dimaporo	10,000	Lanao
Hacienda de Santos	9,700	Nueva Ecija
Hacienda Banilad/Palico (Pamilya Roxas)	8,500	Batangas
Canlubang Sugar Estate (Pamilya Yulo)	7,100	Laguna
Luisa vda de Tinio	7,000	Nueva Ecija
Hacienda Luisita (Pamilya Cojuangco)	6,000+	Tarlac
Pamilya Escudero	4,000	Timog Katagalugan
Andres Guanzon	2,945	Pampanga
Pamilya Reyes	2,257	Timog Katagalugan
Pamilya Sanggalang	1,600	Timog Katagalugan
Pamilya Uy	1,500	Timog Katagalugan
Palmares and Co. Inc	1,027	Iloilo



Ang umiiral na monopolyo sa lupa ay madaling makita sa lawak ng malalaking asyenda sa bayan. Sa kabila ng ipinangangalandakang reporma sa lupa ng mga nagdaan at kasalukuyang papet na rehimen, nanatili, kundi man lumawak pa ang lupaing kontrolado ng malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at dayuhang agrikorporasyon. Halimbawa, si Danding Cojuangco, kilalang kroni ng diktadurang Marcos, ay tinatayang nagmamay-ari ngayon ng mahigit sa 30,000 ektaryang lupaing agrikultural. Lumalawak pa ang monopolyo ni Cojuangco dahil sa walang habas na pangangamkam niya ng mga lupain sa Hilagang Luzon para sa plantasyon ng *cassava* (kamoteng kahoy) na sasaklaw sa sangkatlo ng probinsya ng Isabela at ilang bayan ng Cagayan, Nueva Vizcaya at Quirino.<sup>5</sup>

Maliban sa mga nabanggit sa itaas, ang ilan pang malalaking panginoong maylupa ay ang sumusunod:

Sa Luzon, sina Angara (Aurora), Marcos (Ilocos Norte) at Singson (Ilocos Sur); Agbayani (Pangasinan), Fidel Ramos (Pangasinan) at Madrigal (Quezon at Visayas); Villafuerte (Camarines Norte), Imperial (Albay) at Santos (Camarines Sur); Fuentebella (Camarines Sur), Escudero (Sorsogon) at Espinosa (Masbate); Araneta, Puyat, Bernardino at San Victor (Gitnang Luzon). Ang tatlong huli ay may malalaking konsesyon din sa pagtotroso sa Mindanao.

Sa Visayas, sina Lopez (Iloilo), Araneta (Negros Occidental), Manuel Roxas (Capiz) at Larrazabal (Leyte); Romualdez (Leyte), Roño (Samar), Franco (Cebu) at Montano (Negros Oriental).

Sa Mindanao, sina Lobregat (Zamboanga), Jesus Ayala (Davao at Compostela Valley) at Alcantara (Davao

City, Davao del Norte at Cotabato); Lorenzo (Davao), Roberto Sebastian (Compostela Valley) at Zubiri (Bukidnon); Fortich (Bukidnon), Soriano (Davao del Sur at Cotabato) at Plaza (Agusan); Rabat (Davao Oriental), Almario (Davao Oriental) at Barbers (Surigao del Norte); at sina Dizon (Compostela Valley), Roa (Misamis Oriental), Tan (Misamis Occidental) at Dominguez (Davao).

Sa Timog Katagalugan, 835 panginoong maylupa lamang ang kumukontrol sa 70 porsyento ng kabuuang lupaing agrikultural ng rehiyon. Sa Cebu, 155 panginoong maylupa ang nagmamay-ari sa kabuuang niyugan at maisan. Sa probinsya ng Cagayan, 437 pamilya lamang ang may hawak ng halos kabuuang lupaing agrikultural. Sa Batangas, 16 pamilya ang nagmamay-ari sa mahigit 26,000 ektaryang tubuhan. At sa Negros Oriental, naiipon lamang sa kamay ng sampung pamilya ang pagmamay-ari ng kalakhan ng mga lupain.

Sa Mindanao, iilang dambuhalang korporasyong multinasyunal ang kumukontrol sa mahigit 207,000 ektaryang plantasyon ng saging, pinya, *palm oil* at *high value export crops*. Ang mga plantasyong ito, na patuloy pang lumalawak at dumarami, ay matatagpuan sa mayayamang lambak ng isla. Bagama't walang hawak na titulo ng pagmamay-ari ang mga dayuhan, nagiging mas mahigpit ang kanilang monopolyo sa pamamagitan ng mga iskemang *grower, joint venture, cooperative, leasehold* at *lease back arrangement* kung saan pinarerenta ng mga "benepisyaryo" ng "reorma sa lupa" ang kanilang lupa sa korporasyon habang nagbabayad ng amortisasyon sa Land Bank.<sup>6</sup>

Ang monopolyo ng mga panginoong maylupa-  
malaking burgesyang kumprador at mga dayuhang

korporasyon ay hindi lamang sa lupaing agrikultural kundi pati sa natitirang kagubatan, mga minahan at palaisdaan. Noong 2000, sa kabila ng mabilis na pagkakalbo ng ating kagubatan, umabot pa sa kalahating milyong ektarya ang sinaklaw ng Timber License Agreements (TLA) na iginawad sa malalaking *logger*. Sa Caraga, sumasaklaw sa 236,288 ektarya ang TLA ng tatlong pinakamalaking kumpanya – ang Sudecor ng pamilyang Puyat, ang Artimco ng pamilyang San Victor at ang Picop Resources Inc. ng pamilyang Bernardino. Sa ilalim din ng programang *stewardship* at “*reforestation*” ng reaksyunaryong guberno, naagaw ng malalaking konsesyunaryo at burukratang kapitalista ang kagubatan, mga lupang ninuno ng mga pambansang minorya at eryang kinaingin ng mga magsasaka at setler.

Sa pagmimina, mga burgesyang kumprador at dayuhang korporasyon ang kumukontrol ng malalawak na kagubatan at kabundukang pinagmiminahan. Ilan dito ang Philex Mines at Lepanto Consolidated Mining Corp. sa Cordillera, Maricalum Mining Corp. sa Negros, Western Mining Corp. sa Mindanao, Atlas Mines sa Cebu, Marcopper Mining Co. sa Marinduque, Placer Dome, Lafayette Mining sa Rapu-rapu Island sa Bikol, at marami pang iba. Pito sa pinakamalalaking kumpanya ng pagmimina sa mundo ang nag-ooopereyt sa Pilipinas. Noong 2004, ayon sa DENR, mahigit sa 421,723 ektaryang lupang mineral ang nasasakop ng mga pribado at dayuhang korporasyon. Bukod pa rito, ang nakabimbing aplikasyon sa pagmimina ay sumasakop sa halos dalawang milyong ektarya ng kalupaan ng Pilipinas noong 2003.<sup>7</sup>

Umaabot naman sa 70 porsyento ng kabuuang produksyon sa pangisdaan ay monopolyo ng mga

negosyante sa komersyal na pangingsda. Ang malalawak na palaisdaan ay pinaghaharian ng mga panginoong maylupa-burgesyang kumprador.<sup>8</sup>

Ang monopolyo sa lupa ang saligang ugat ng pagsasamantala at iba pang suliranin na dinaranas ng uring magsasaka gaya ng mataas na upa sa lupa, mataas na interes sa pautang o usura, labis na pagpepresyo ng mga gamit sa produksyon, pambabarat sa presyo ng produkto, mababang sahod at kahabag-habag na kalagayan ng magsasaka at manggagawang bukid sa kanayunan.

2. *Laganap ang malubhang kawalan at kakulangan ng lupa ng masang magsasaka. Laganap ang pakikisamá.*

Sa buong bansa, pito sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa. Ang apat sa pito ay nakikisamá. Kung ibibilang pa ang mga magsasakang nawalan ng lupa at napilitang lumikas at ang mga manggagawang bukid na nagnanais magbungkal ng lupa, mahigit pa sa 85 porsyento ng kabuang pwersang paggawa sa agrikultura ang walang sariling lupa. Sa Timog Katagalugan at Negros Occidental, siyam sa bawat sampung magsasaka ang walang sariling lupa.

Mas lumaganap ang pakikisamá dahil sa pandarambong ng mga lokal na naghaharing uri, mga burukrata at imperyalistang korporasyon, at sa pagkabangkarote ng kabuhayan ng mga magsasaka. Noong 1980, mga apat na milyon ang kasamá, o 50 porsyento ng mahigit sa walong milyong magsasaka sa Pilipinas. Pagdating ng 1985, umabot sa 75 porsyento ng kabuuang bilang ng magsasaka ang nakikisamá at namumuwan. Ayon naman sa pag-aaral ng isang NGO noong 1990, hindi pa rin bababa sa 75 porsyento ang nakikisamá batay sa 4,000 magsasakang ininterbyu.

Sa mga lupang natatamnan ng palay at mais, mas marami ang bilang ng mga panginoong maylupang nagmamay-ari ng mababa sa 50 ektarya bawat isa. Pero malawak-lawak ang kabuuang eryang saklaw ng mga ito. Karaniwan, hinahati-hati ang kanilang lupa sa maliliit na parsela at ipinapaupa sa mga magsasaka. Dito, umaabot ng mula 60 hanggang 75 porsyento ng mga magsasaka ang nakikisamá.

Dagdag pa, di kukulangin sa sampung porsyento ng mga magsasaka ay mga setler sa mga prontera o interyor na bahagi ng kanayunan. Ang mga setler ay mga magsasakang itinaboy sa kanilang lupa at nakarating sa mga bundok at gubat sa paghahanap ng lupang mabubungkal. Kahit may nahawan silang kapirasong lupa, hindi sila binibigyan ng pormal na titulo para rito. Hindi kinikilala ang kanilang karapatan sa lupa at ang bunga ng ilampung taong pagbubungkal sa dating tiwangwang at masukal na prontera. Kadalasan ay biktima sila ng pangangamkam ng lupa, mga kontra-mamamayang proyekto ng gubyrno at huwad na reporma sa lupa.

Sa mga maralita at mababang panggitnang magsasaka, mula kalahati hanggang isa't kalahating ektarya lamang ang karaniwang sukat ng lupang sinasaka. Hindi ito sapat kung ibabatay sa itinakda mismo ng gubyrno na dapat sakahin ng isang magbubukid para sapat na matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya — tatlong ektaryang may patubig, o limang ektarya kung walang patubig.

Sa kabila ng mga “repormang agraryo” ng mga papet na rehimen, lalo pang nawalan ng lupa at kabuhayan ang napakalaking bilang ng masang magsasaka. Isang palatandaan ang pagdami ng mga manggagawang bukid na noong 2005 ay umaabot na

sa 13 milyon. Kabilang dito ang mga maralita at mababang panggitnang magsasaka na nagsasaka ng maliliit na parselang subalit napipilitang magbenta ng kanilang lakas-paggawa; ang mga magsasakang lubusan o pangunahing umaasa sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa; at ang mga magsasakang nasa bingit na ng kawalan ng kabuhayan at pinakamasahol na pagkabusabos. Marami sa kanila ang lumuluwas patungong kalunsuran para sa samu't saring trabaho at nagiging bahagi ng lumalaking bilang ng malaproletaryado sa Pilipinas.

3. *Sumasahol ang pangangamkam at rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang korporasyon.*

Mula noong huling bahagi ng dekada 1960 nasaid na ang mga lupaing publiko na pwedeng buksan ng mga magsasakang walang lupa o kapos sa lupa. Bumilis at higit pang sumidhi ang suliranin sa lupa. Maraming magsasaka ang binawian ng lupa habang patuloy na tumindi ang muling pag-angkin o rekonsentrasyon ng mga lupain sa malalaking panginoong maylupa-burgesyang kumprador at imperyalistang mga korporasyon.

Naabot na ng bansa ang hangganan ng lupang masasaka nito. Mula 1970 hanggang 1980, lumaki ang lupang masasaka nang 44 porsyento. Pero mula 1980 hanggang 1990, tumaas lamang ito ng 1.4 porsyento. Nakaapekto nang malaki sa kapasidad ng pagsasaka ang pagpapalit-gamit ng lupa (land use conversion), pagpapalit-tanim (*crop conversion*), pagkasira ng kapaligiran, at mabilis na pagkakalbo ng ating kagubatan.<sup>9</sup> Maging ang mga kabundukan at lupain para sa paghahayupan (*livestock farm*) na dating tiwangwang ay ginagamit na rin para sa agrikultura.

Inamin mismo ng Department of Agrarian Reform (DAR) na noon pang 1998 umaabot na sa 800,000 ektaryang lupaing agrikultural ang naikumbert tungo sa ibang paggagamitan.

Sa kabila ng tuluy-tuloy na pagkaubos ng mga prontera, naging agresibo ang pangangamkam sa mga lupaing publiko na pinusisyanan ng mga magsasakang naghahangad ng sariling lupang mabubungkal. Pinapatituluhan ng mga panginoong maylupa ang malalawak na lupaing publiko, nililintang ang mga setler na hawanin at bungkalin iyon, saka pinalalayas ang mga ito. Umuupa sila sa reaksyunaryong gubyrno ng malalawak na lupaing publiko at pinalalabas nilang pastulan o rantso ang mga ito. Sa pakikipagsabwatan sa mga burukrata, ibinibigay sa kanila ang malalawak na *logging concession* at pagkatapos ay inaangkin na nila ang lupang pinagputulan ng troso.

Sa pamamagitan ng iba't ibang batas, programa, panlilintang at tahasang pandarahas ng estado, nakuha ng mga imperyalistang korporasyong agribisnes at malalaking burgesyang kumprador ang malalawak na lupaing publiko at resetelment sa Davao del Norte, Cotabato, Lanao at Bukidnon. Tinatayang mas malaki pa sa naiulat noong 1988 na 2.4 milyong ektarya o sangkapat ng kabuuang lupain ng Mindanao (kasama na ang mga lupaing agrikultural, minahan, konsesyon sa *logging* at palaisdaan) ang nasa kontrol ng mga burgesyang kumprador at mga imperyalista.<sup>10</sup>

Sa *crop conversion* o pagpapalit-tanim (imbes na palay o mais ang itanim, mga halamang pang-eksport ang itinanim na pangunahing nakatuon sa pangangailangan ng mga kapitalistang bayan), narerekonsentra ang malaking tipak ng mayamang lupaing agrikultural sa mga kumprador-asendero at

mga multinasyunal na agribisnes. Halimbawa, ang erya na tinatamnan ng mangga ay umaabot na ng 113,000 ektarya; ang asparagus 1,400 ektarya; ang saging 370,000 ektarya; at ang pinya 41,000 ektarya. Maramihang kaso ng pang-aagaw ng lupa ang nagiging resulta ng *crop conversion*, laluna sa mga eryang wala pang sapat na lakas na lumaban ang mga magsasaka. Lubhang inilalagay sa panganib ng *crop conversion* ang seguridad sa pagkain ng bansa.

Sa gitna nito, ang huwad na reporma sa lupa ng reaksyunaryong gubyrno ang mismong ligal na paraan ng mga panginoong maylupa-burgesyang kumprador upang panatilihin ang kanilang monopolyo sa lupa. Maraming “benepisyaryo” ng “reporma sa lupa” ng kasalukuyan at nagdaang mga rehimen ang binawian na ng karapatan sa lupa. Ayon mismo sa ulat ng Department of Agrarian Reform (DAR) noong 2000, umabot na sa 375,000 ektaryang binungkal at pinagyaman ng masang magsasaka ang muling kinamkam ng mga panginoong maylupa.

Habang sadlak sa matinding paghihikahos at kawalan ang mga magsasakang “benepisyaryo” ng huwad at mapanlinlang na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP), patuloy namang kumikita ang mga panginoong maylupa sa ilalim ng pakanang *voluntary offer to sell* (VOS). Sa pamamagitan ng Land Bank, binibili ng estado sa pinalobong halaga ang hindi produktibong mga lupain ng mga panginoong maylupa. Sa mga lupang sinasaklaw ng VOS, ang Land Bank siya nang tumatayong bagong panginoong maylupa na regular na naniningil ng amortisasyon sa mga magsasakang “nabiyayaan” ng CARP.

Sa ilalim naman ng *stock distribution option* (SDO), *stocks* o mga sapi sa korporasyon ng asyenda ang



“ipinamamahagi” sa mga manggagawang agrikultural. Ang SDO ang siyang ginamit ng pamilya Cojuangco-Aquino upang hindi maipasailalim sa CARP ang Hacienda Luisita. Hindi na raw mga kasamá ang mga magsasakang naroon kundi mga may-ari na rin ng asyenda. Ngunit sa dami ng kinakaltas ng kumpanya sa kanilang sahod, umabot na lang sa P9.50 ang arawang kita ng mga magsasaka sa asyenda noong 2004. Naging mala-pulubi ang kanilang katayuan lalu pa’t nabawasan din ang bilang ng araw ng kanilang pagtatrabaho sa asyenda.

Ang mga dambuhalang proyekto ng reaksyunaryong gubyrerno ay malawakan ding nang-aagaw ng lupain at sapilitang nagpapalayas sa mga magsasaka at mga pambansang minorya. Ilan sa mga ito ay ang San Roque Multi-purpose Mega Dam Project sa Benguet at Pangasinan, at Casecnan River Dam Project sa Nueva Vizcaya at Quirino.

Kinakamkam maging ang mga ilog, lawa at baybay-dagat; binabakuran ang mga ito para tayuan ng pribadong mga palaisdaan. Pwersahang pinalilikas ang mga mangingisda sa kanilang pook-pangisdaan at pamayanan. Noong 2003, may naitalang mahigit 50 kaso ng kumbersyon ng mga pangisdaan na nakaapekto sa 180,000 mangingisda. Noong taong 2000, umabot na sa halos isang milyong ektarya ang pribadong *aquafarms* ng malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at dayuhang korporasyon sa bisa ng Agriculture and Fisheries Modernization Act (AFMA) na sinimulan ng rehimeng Ramos.

Sa mga lugar na nawala o humina ang pampulitikang lakas ng rebolusyonaryong kilusan at kakayahan ng mga organisasyon ng mga magbubukid,

ang mga panginoong maylupa-burgesyang kumprador at kasabwat nilang imperyalista ay gumagawa ng iba't ibang pakana upang bawiin ang mga tagumpay ng mga magsasaka sa pakikibakang agraryo.

Subalit mas masahol at todong kabangisan ng reaksyunaryong gubyrno ang pinalalasp sa mga magsasaka at mamamayang saklaw ng mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika sa malawak na bahagi ng kanayunan sa buong bayan. Sa pamamagitan ng mga operasyong militar ng AFP, PNP, CAFGU at bayarang armadong *goons* ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang korporasyon, parang hayop na itinataboy mula sa kanilang lupain ang mga magsasaka, setler at pambansang minorya. Ang lahat ng papet na rehimen ay batbat ng mga kaso ng masaker, pambobomba ng mga komunidad, pambubuldoser at panununog sa mga tahanan, pananim at iba pang ari-arian ng mga magsasaka, tortyur at pananalbeyds sa mga lider-magbubukid.

Ang mga dam, minahan, trosohan, plantasyon at asukarera; *industrial park* o *special economic zone*, *forest park* at iba pang reserbasyong inilaan para sa ekoturismo; *golf course* at iba pang eksklusibong resort para sa mayayaman; subdibisyon, *mall* at kondominyum ay pawang naglilibing sa kabuhayan at kinabukasan ng milyun-milyong magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda, setler at pambansang minorya.<sup>11</sup>

## **K. Paano pinagsasamantalahan ang masang magsasaka at manggagawang bukid bunga ng problema sa lupa?**

Dahil sa kawalan o kakulangan ng sariling lupang mabubungkal, ang higit sa nakararaming magsasaka at manggagawang bukid ay nadidiktahan ng mga

panginoong maylupa at komersyante-usurero ng mapag-samantalang mga kundisyon sa pagsasaka at paggawa.

*1. Kinikikilan ang masang magsasaka ng upa sa lupa sa anyo ng hatian o buwisan.*

Mula 50 hanggang 80 porsyento ng ani ang napupunta sa mga panginoong maylupa. Katiting na bahagi lamang ng ani ang natitira sa mga magsasaka. Sa maraming lugar, ipinagyayabang ng mga panginoong maylupa na 50-50 ang hatian sa ani. Pero ang totoo'y ipinakakarga nila sa mga kasamá ang lahat ng gastos sa pagsasaka. Kaya lalabas na 80-20 hanggang 60-40 pabor sa panginoong maylupa ang totoong hatian.

Sa sistemang buwisan, nagbabayad naman ang mga magsasaka ng 12 hanggang 20 kabang palay bawat ektarya, bawat anihan. Kahit na sinalanta ng bagyo, baha, tagtuyot o peste ang pananim ng magsasaka at halos wala nang inani, obligado pa rin siyang magbayad ng takdang buwis sa panginoong maylupa. Kung hindi siya makabayad sa isang anihan, ito ay magsisilbing utang na kailangan bayaran sa susunod na anihan. Dito ay binabalikang ng magsasaka ang lahat ng gastusin mula sa binhi, pataba, pestisidyo, pagpapatanim, paggapas, atbp. Naghihintay lamang ang panginoong maylupa ng kanyang buwis.

Sa isang pag-aaral noong 2000, ang magsasakang umaani ng 80 kaban sa isang ektaryang palayan ay gumagastos ng P17,016 kaya't nakakuha lamang siya ng P8,744 o mahigit sa P90 bawat araw sa tatlong buwan niyang pagtatrabaho. Ang natatanggap naman ng panginoong maylupa ay netong 12 kaban o P3,764.

Sa pitong ektaryang niyugang 70-30 ang hatian, ang isang magsasaka ay napapartehan lamang ng P10,000 habang P20,000 ang napupunta sa

panginoong maylupa. Kung ibabawas ang ibinayad sa dalawang manggagawang bukid na tumulong sa pagkopra, aabot lamang sa P29 arawang kita ang napupunta sa magsasaka.

Kung labis na mapagsamantala ang sistemang hatian at buwisan na dinaranas ng magsasakang kasamá, mas masahol ang sistemang “agsa” (katawagan sa Samar; “mintiner” sa Davao Oriental; “kasugpon” sa Isabela). Dito, walang kasiguruhan sa trabaho ang agsa, mintiner o kasugpon; anumang oras, maaari siyang palitan o palayasin batay sa pasya ng panginoong maylupa. Ginagamit ng panginoong maylupa ang kaayusang ito upang tuluyan nang alisan ang kasamá ng anumang katiting na karapatang tinatamasa nito sa ilalim ng reaksyunaryong batas at sistema. Maihahalintulad sa mala-alipin ang katayuan sa kabuhayan ng mga agsa, mintiner o kasugpon at ng kanilang pamilya.

2. *Dahil hindi sapat ang parteng nakukuha nila sa ani, ang mga magsasaka ay napipilitang mangutang sa napakataas na interes sa mga usurero na karaniwang mga panginoong maylupa rin.*

Sandaang porsyento o higit pa ang kalimitang interes sa pautang sa bawat anihan. Katumbas ito ng 300 porsyentong taunang interes. Itinatakda pa ng usurero kung pera o produkto ang ibabayad ng magsasaka, alinman dito ang mas bentahe sa usurero.<sup>12</sup>

Mayroon ding komersyanteng pang-uusura. Pinakalaganap na anyo nito ang pagpapautang ng mga input sa pagsasaka tulad ng pestisidyo, abono at binhi at upa sa makinaryang pansaka. Isa pang anyo ang pagpapautang ng mga pang-araw-araw na konsumo ng mga pinagtatrabaho at ang kabayaran ay ang kanilang produkto tulad ng kahoy, yantok, isda,

atbp. Kinukwenta sa mataas na presyo ang ipinapautang na mga pangkonsumo habang binabarat nang husto ang produkto ng magsasaka. Kundisyon din sa pagpapautang ang pagbebenta ng ani o produkto ng magsasaka sa tagapagpautang na siya ring nagtatakda sa presyo ng produkto.

Sa malapyudal na sistemang aryenda, ang aryendero ay direktang nakikipag-usap sa panginoong maylupa at siyang nagbabayad ng upa sa lupa sa panginoong maylupa. Ang kasamá sa lupang inaryenda ay maaaring manatili at tumayong pangunahing tagapangasiwa sa lupang inaryenda. Maaari ding direktang pamahalaan ng aryendero ang lupa at pangunahing umasa siya sa pag-upa sa mga manggagawang bukid para mabungkal ang lupang inuupahan. Ang aryendero ay karaniwang nagpapatupad ng iba pang anyo ng pagsasamantalang usura at komersyante. Lalong kapakipakinabang ang pag-aaryenda sa mga lugar na malaki na ang ibinaba ng upa sa lupa dahil sa rebolusyonaryong kilusan. Halimbawa sa Gitnang Luzon, mula sa dating 12-24 kaban na upa sa lupa bawat ektarya bawat anihan ay naging 5-7 kaban na lamang bawat ektarya bawat anihan. Mapag-iiba-iba rin ang uri ng mga aryendero depende sa laki ng kanilang lupang inaryenda at bahagi ng kanilang kabuuang kita mula sa pag-aaryenda.<sup>13</sup>

- 3. Para madagdagan ang maliit nilang parte sa ani, napipilitang magtrabaho ang mga magsasaka bilang pana-panahon o permanenteng manggagawang bukid. Tumatanggap sila ng napakababang sahod na di man lamang maipantawid-gutom. Dumaranas din sila ng napakahirap na kundisyon sa trabaho.*

Sanhi ng malaking suliranin sa kawalan ng lupang

masasaka at kaakibat na kawalan ng ikabubuhay, maraming magsasaka ang pumapasok bilang manggagawang bukid sa mga asyenda o taniman ng palay, tubo, niyog, tabako o sa malalaking plantasyon ng mga imperyalistang agribisnes. Marami rin ang nagpapaupa ng kanilang paggawa sa mga mayamang magsasaka at maging sa mga panggitnang magsasaka.

Bunga ng pagliit ng oportunidad sa trabaho sa kanayunan, napipilitan silang pumasok sa mapagsamantalang kundisyon ng pagbebenta ng lakas-paggawa nang walang kaukulang kabayaran. Halimbawa, matapos makapagtanim, kinokontrata ng mga panginoong maylupa ang manggagawang bukid na magdamo, magtabas at gumampan ng iba pang trabaho sa bukid kapalit ng katiyakan na sila ang gagapas sa darating na anihan. Ang di binabayaran trabahong ito ay isang anyo ng dagdag na pagsasamantala ng mga panginoong maylupa sa mga magbubukid.<sup>14</sup>

Sa mga asyenda at plantasyon ng komersyal at pang-eksport na mga pananim, ang mas kaunting regular na manggagawa sa agrikultura at di hamak na nakararaming di regular na manggagawang bukid ay nagtitiis sa di makataong pamamalakad at kalagayan para kumita at mabuhay. Pinagtatrabaho sila nang mas matagal at mabigat kapalit ng napakababang sahod.

Habang ang arawang pamantayan upang mabuhay ang isang anim-kataong pamilya ay P508 noong 2005, karaniwang tumatanggap lamang ng P100 bawat araw ang mga manggagawang bukid. Sa Cagayan Valley, umaabot lamang ito ng P69 kada araw; sa Occidental Mindoro at Timog Katagalugan, P70 hanggang P80 kada araw; sa malaking bahagi ng Samar, P50 kada araw. Sa Bohol, kumikita lamang ng P50 kada araw ang isang manggagawang bukid sa trabaho sa

pagdadamo; pero kung may utang sa panginoong maylupa, pinapasahod lamang siya ng P100 para sa tatlong araw na pagtatrabaho (ang tawag dito sa Bohol ay “tulo-piso”. Sa mga interyor na bahagi ng Cebu, kung ang buong pamilya ang magdadamo, ang mga batang wala pang sampung taong gulang ay binibigyan lamang ng P5 para sa maghapong pagtatrabaho, ang mahigit sampung taong gulang ay P10, at ang mga 15 taong gulang at mas matanda ay binabayaran ng P25.

Lubhang napakalaking kakulangan ito sa pang-araw-araw na gastusin at pangangailangan ng pamilya. Pinakamasahol sa Hacienda Luisita, kung saan ang mga manggagawang bukid ay sumasahod lamang ng P291.75 bawat buwan, o abereyds ng wala pang sampung piso bawat araw. Wala rin silang kinikita tuwing tag-ulan.

Ang mga manggagawa sa agrikultura ay nalalantad hindi lang sa init at ulan, kundi maging sa mga mapanganib na kemikal dahil walang sapat na proteksyon. Marami ang nababaog at nagkakasakit sa бага at balat bunga ng nakalalason ng mga pamatay- peste na ginagamit sa mga plantasyon. Matindi ang epekto nito sa kababaihang nagbubuntis. Nalalaglag o namamatay ang kanilang ipinagbubuntis o nagkakaroon ng sakit at kapansanan ang isinisilang nilang sanggol. Sa dikta ng mga imperyalistang agrikorporasyon, sinasagad ang paggamit ng mga kemikal (na sila rin ang gumagawa) upang maabot ang “istandard” o “kalidad” na kanilang itinatakda. Marami nang manggagawang bukid ang namatay sanhi ng paggamit ng nakalalason at mapaminsalang mga kemikal na ito.<sup>15</sup>

Karaniwan nang walang tinatanggap na benepisyo ang mga manggagawa sa agrikultura, tulad ng libreng pabahay, serbisyong medikal at pangkalusugan. Maliban dito, madalas din nilang kinakaharap ang iba't ibang tuso at garapalang pamamaraang pinaiiral ng mga kontratista, kabesilya at rekruter na labis na nagsasamantala sa kanilang murang lakas-paggawa.

Ang mga mangingisdang nagtatrabaho sa komersyal na mga barkong pangisda ay kumikita lamang ng mula P50 hanggang P120 bawat araw. Ang 50 hanggang 75 porsyento ng netong kita ng mga barkong pangisda ay napupunta sa opereytor o may-ari nito. Samantala, kumikita lamang ng mula P75 hanggang P100 kada araw ang manggagawa sa palaisdaan; 75 hanggang 90 porsyento ng netong kita ng palaisdaan ay napupunta sa mga opereytor at panginoong maylupang nagmamay-ari nito. Sa ibang lugar, para palakihin pa ang kita ng mga may-ari at opereytor ng palaisdaan, ipinapakontrata ang pagtatrabaho sa isang pirming halaga sa halip na arawan.

4. *Hinuwhot ng pagsasamantalang komersyante ang napakaliit na kita ng mga magsasaka at manggagawang bukid.*

Patung-patong na pahirap ang pinapasan ng mga magbubukid sa anyo ng mapang-usurang interes sa pautang, monopolyong pagpepresyo sa mga input sa pagsasaka at kontrol sa presyo ng produkto ng mga magsasaka.

Sa sistemang pasuplay, na tinatawag ding pangangapital sa pagsasaka, malalaking komersyante o kumpanya ang nangungontrata sa mga magsasaka. Ang nakikikasamang magsasaka ay nagbabayad ng upa sa lupa sa panginoong maylupa, ngunit ang binhi,



mga input at panggastos sa produksyon ay nanggagaling sa kakontratang komersyante o kumpanya sa pamamagitan ng mga galamay nila sa baryo, sa kundisyong sa kanila lamang ibibenta ang produkto ng magsasaka. Maaari ring sariling lupa ng magsasaka ang ipinapasok sa kontrata bilang kolateral. Walang saligang binabago sa sistema ng produksyon ang komersyante na nangangapital. Napagsasamantalahan niya ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa pamamagitan ng mapang-usurang interes sa pautang at monopolyong pagpepresyo sa produkto ng mga magsasaka.<sup>16</sup>

Ang malalaking komersyante at may-ari ng malalaking kumpanya ay kabilang sa uring malaking burgesyang kumprador na nagpapatupad din ng pagsasamantalang malapyudal sa mga magsasaka. Dahil kontrolado nila ang kalakalan ng mga input sa pagsasaka (binhi, abono, pestisidyo), at iba pang gamit sa produksyon tulad ng traktora (kuliglig), patubig at treser, nagagawa nilang palakihin ang presyo o upa rito na siyang nagiging malaking pasanin ng mga magsasaka.

Kontrolado rin ng mga kumprador-usurero ang mga kiskisan, bodega at *trucking* na lubhang mahalaga upang maproseso at makarating sa pamilihan ang produkto ng magbubukid.

Sa pagkokopra, hinuhuthutan ng mga komersyante ang mga magsasaka ng 15 hanggang 22 kilo ng kopra (resiko) kada 100 kilo ng kanilang produkto. Bukod dito, pinagsasamantalahan din ng mga kumprada ang mga magkokopra sa pamamagitan ng pambabarat sa presyo, pandaraya sa timbangan at kwentahan ng halaga ng produkto, arbitraryong pagtatakda ng kalidad ng pagkaluto ng kopra,

paglalagay ng iba pang bayarin ng magsasaka tulad ng pasahe at *baggage fee* na inaawas sa kabuuang kwenta ng halaga ng produkto.

Napipilitang magbenta ang mga magbubukid ng kanilang produkto sa mababang presyo dahil sa kagyat na pangangailangan sa pambayad-utang, pambili ng mga input at iba pang gamit pamproduksyon at batayang mga pangangailangan ng pamilya.

Mistulang ligal ang kartel na operasyon ng malalaking komersyante sa pagtatayo nila ng prenteng mga asosasyon na sa katunaya'y kumukontrol sa pagpepresyo ng mga produkto. Nariyan halimbawa ang PHILCONGRAINS na siyang nagdidikta sa presyo ng bigas at mais. Ang kartel na operasyon sa bigas ng Big Seven ay isang halimbawa kung paano mahigpit at sistematikong nagkakaisa ang malalaking panginoong maylupa-burgesyang kumprador laban sa mga magbubukid.

*5. Inaalila o pinagtatrabaho nang walang bayad ng mga panginoong maylupa ang mga magsasaka.*

Ang mga kasamá at ang kanilang pamilya ay pwedeng ipatawag anumang oras para gawin ang anumang iutos ng mga panginoong maylupa. Pwersado silang magbigay ng patikim o regalong produkto tulad ng gulay at prutas o alagang manok. Obligadong gawin ito ng mga magsasaka para hindi sila mapatalsik bilang kasamá sa lupang sinasaka.

Sa patuloy na pagdausdos ng kabuhayan sa kanayunan, sumulpot ang maraming sistema ng libreng paggawa na pinapasan ng mga magsasaka para lamang sila at ang kanilang pamilya ay mabuhay. Isa sa mga mapagsamantala at mapang-api ay ang sistemang barok. Ang barok ay minamantini ng mga panginoong

maylupa bilang manggagawang bukid at utusan din para sa gawain sa kanilang bahay. Sa Davao Oriental ang tawag sa kanila ay “anlang” na itinuturing na mala-alipin.

#### **D. Paano dagdag na pinahihirapan ang mga magsasaka bunga ng atrasadong paraan ng pagsasaka?**

Ang patuloy na pagmomonopolyo sa lupa ng iilang panginoong maylupa ay nagpapanatili sa atrasadong sistema ng pagsasaka.

##### *1. Maliitan at hiwa-hiwalay na pagsasaka*

Laganap ang maliitang pagsasaka ng indibidwal na magsasaka sa hiwa-hiwalay na parsela ng lupa. Magmula sa kalahati hanggang 2.5 ektarya ang karaniwang sukat ng mga sakahan sa Pilipinas.

Sa kabuuang 13 milyong ektaryang lupaing agrikultural, ang mahigit 90 porsyento nito na tinatamnan ng palay, mais, at niyog ay ginagamitan pa rin ng lakas-tao, kagamitang demano, araro at mga hayop pansaka. Ang ani ay karaniwang napakaliit at nakadepende nang malaki sa kalikasan. Ang paggamit ng lakas-tao sa pagbubungkal ng lupa (paulit-ulit na pagtapak ng mga tao sa lupang inihahanda para tamnan) kapalit ng kalabaw at araro ay makikita di lamang sa lugar ng mga pambansang minoritya kundi sa ilang interyor na mga bahagi ng bayan.

##### *2. Atrasadong paraan ng pagsasaka*

Kahit sa tubuhan, pinyahan at lupaing tinatamnan ng pananim na pang-eksport, na hindi hihigit sa pitong porsyento ng kabuuang lupaing agrikultural, at relatibong mas matinkad ang paggamit sa mga traktora't kemikal, malaganap pa rin ang pag-asa sa

purong lakas-tao at tradisyunal na mga kagamitang pansaka. Wala pang apat na porsyentong lupaing agrikultural ang ginagamitan ng mga traktora, kemikal at modernong teknolohiya ng pagsasaka. Kalakhan ng mga sakahan ay walang sistema ng patubig at nakadepende lang sa sahod-ulan. Ayon sa reaksyunaryong gubyrno, 800,000 ektarya lamang ang may irigasyon.

Ang mga panginoong maylupa ay kuntento na hangga't nakakakuha sila ng parte mula sa mga magsasaka. Dahil malawak ang kanilang lupain, di nila pinuproblema kung simpleng araro't kalabaw ang gamit ng mga kasamá, o kung walang patubig, abono at pestisidyo. Hindi sila interesado na gawing moderno ang pagsasaka dahil mas malaki ang pakinabang nila sa umiiral na kaayusan.

### *3. Lubhang bulnerable sa mga kalamidad*

Kinikikilan na ng mataas na upa sa lupa, napakabulnerable pa ng masang magsasaka sa mga kalamidad tulad ng bagyo, baha, tagtuyot, peste o polusyon. Kung may matira man sa kanyang ani, pambuwis na lang ito sa panginoong maylupa. Ngunit tulad ng mas madalas mangyari matapos salantain ng kalamidad, nababaon sa utang ang mga magsasaka at nasasadlak sa kahirapan dahil obligado silang magbayad ng upa sa lupa at utang sa usurero kahit walang inani matapos ang kalamidad.

Wala naman silang nakukuhang tulong mula sa reaksyunaryong gubyrno; kung meron man, napupunta lamang ang malaking bahagi nito sa bulsa ng mga pulitiko.

Sa panahong gipit ang magsasaka dahil may nagkasakit sa pamilya, mahina o walang inani dulot

ng kalamidad, o kaya'y nangailangan ng pera dahil napilitang makipagsapalaran sa pag-aaplay bilang *overseas contract worker* (OCW), napupwersa siyang ibenta ang kalabaw o isanla ang lupang sinasaka. Karaniwan ay naeembargo ang lupa.

4. *Kawalan ng suportang serbisyo at kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.*

Lalo namang napagsasamantalahan ang mga magbubukid bunga ng kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno at kawalan ng suportang serbisyo tulad ng pautang, patubig, imprastruktura, mga gamit at iba pang pasilidad sa produksyon at subsidyo sa agrikultura. Ang mga bangko rural (na kadalasa'y pag-aari rin ng mga panginoong maylupa) ay karaniwang nagtitiyak ng kolateral na lupa at iba pang mabigat na kundisyon sa pagpapautang. Maging ang mga bangko ng reaksyunaryong gubyerno tulad ng Land Bank o Development Bank of the Philippines (DBP) ay mistulang *middlemen* o kapatas ng mga panginoong maylupa tungo sa mga kooperatiba. Sa bandang huli, ang mga bangko ring ito ang nagsisilbing taga-ilit ng lupang sinasaka ng karaniwang magbubukid na nababaon sa utang.

Magmula nang ipatupad ang GATT-WTO (General Agreement on Tariffs and Trade-World Trade Organization), tuluyan nang inalis ng reaksyunaryong gubyerno ang anupamang pabalat-bungang subsidyo sa sektor ng agrikultura at ang taripa sa mga iniimport na sibuyas, patatas, bawang, repolyo, kape, atbp. Nagbunga ito ng grabeng pagkalugi at pagkabangkarote ng libu-libong magsasakang di kayang makipag-kumpitensya sa mga imported na produktong agrikultural na ibinibenta sa mas murang halaga.

5. *Pagsaid sa likas na yaman at malawakang pagwasak sa kapaligiran.*

Ang napakatagal nang nananatiling atrasado at malapyudal na agrikultura at pambansang ekonomya ay sumasaid sa likas na yaman ng Pilipinas at malawakang pumipinsala sa kapaligiran. Hinuhuthot ng mga parasitikong naghaharing uring dayuhan at lokal ang likas na yaman ng Pilipinas at lakas-paggawa ng mamamayang Pilipino nang walang kapalit na pagpapaunlad ni pangangalaga para sa kinabukasan. Halimbawa, napakalaki ng pinsalang idinulot ng walang patumanggang pagmimina ng Marcopper Mining Corp. sa Marinduque; Benguet, Lepanto at Philex Mining sa Cordillera; Maricalum Mining sa Negros; Atlas Mining sa Cebu; North Davao Mining at Apex Mining sa Davao del Norte; at mga minahan ng ginto sa Mt. Diwalwal sa Compostela Valley.

Mabilis ding nakalbo at nawasak ang mga kagubatan bunga ng tuluy-tuloy at walang-habas na pagtotroso ng malalaking konsesyunaryo tulad nina Henry Sy ng SM (Agusan Wood Industries), Enrile, Alcantara, Angara, Faustino Dy, PICOP. Maraming lupaing agrikultural (kalimitan ay mga sagingan sa Davao del Norte at mga pinyahan sa Bukidnon) ang hindi na mapakinabangan sa ngayon dahil sa walang tigil na paggamit ng mapamuksa at nakalalasong kemikal at iba pang input sa pagsasaka.

**E. Anu-ano ang mga kasangkapan ng panginoong maylupa para mapanatili at mapalawak pa ang monopolyo nila sa lupa?**

Bunga ng katayuan sa ekonomya ng uring panginoong maylupa, mahigpit din ang hawak nila sa kapangyarihang pampulitika. Ginagamit nila ang kapangyarihang ito para

buong bangis na supilin ang magsasaka at upang mapanatili, mapatindi at mapalawak pa ang kanilang pagsasamantala.

1. *Ang reaksyunaryong AFP at PNP ay masusugid na tagapagtaguyod ng interes ng uring panginoong maylupa.*

Bilang haligi ng reaksyunaryong paghahari sa Pilipinas, pinangangalagaan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ang estratehiko at makauring interes ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalista. Ang mga ito ang pangunahing instrumento ng reaksyunaryo at papet na estado upang supilin ang anumang paglaban ng mamamayan.

Ang matataas na upisyal ng AFP at PNP ay mga panginoong maylupa mismo o malalapit na tagasunod at kumpare ng mga panginoong maylupa. O kaya, sila mismo ay nagiging panginoong maylupa dahil nakakapangamkam ng lupa sa pamamagitan ng kanilang pusisyon sa militar.

Bukod sa AFP at PNP, nariyan din ang paramilitar na Citizens' Armed Forces Geographical Unit o CAFGU. May sariling armadong pangkat o bayarang *goons, death squads, vigilantes, blue guards*, panatikong grupo, "lost command" at "special infantry battalion" na itinayo at minamantini ang mga panginoong maylupa, kumprador burges at mga dayuhang agrikorporasyon.

Ginagawa ring instrumento ng mga panginoong maylupa at ng buong naghaharing uri ang mga kontra-rebolusyonaryong taksil tulad ng RHB (Rebolusyonaryong Hukbong Bayan), RPA-ABB (Revolutionary

Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade) at CPLA (Cordillera Peoples Liberation Army) laban sa mga magsasaka at mamamayan.

Ginagamit ng mga panginoong maylupa ang mga kontra-rebolusyonaryong pwersang ito para mang-agaw ng lupa, takutin at pilit na pasunurin ang mga magsasaka sa kanilang idinidiktang mapagsamantalang mga kundisyon. Ginagamit din ang mga pwersang ito para salakayin, paslangin at supilin ang magsasakang lumalaban para sa kanilang karapatan sa lupang binubungkal.<sup>15</sup>

2. *Kontrolado ng uring panginoong maylupa at iba pang naghaharing uri ang reaksyunaryong gubyrno.*

Ang pangunahing mga upisyal mula sa antas munisipalidad pataas ay karaniwang mga panginoong maylupa o mga bataan nila. Kaya di nakapagtataka na ang mga batas ng reaksyunaryong gubyrno ay sadyang nakadisenyo at ginagamit upang maging ligal at mapagtakpan ang pangangamkam ng lupa, patindihin pa ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga magsasaka at manggagawang bukid at linlangin sila at ibulid sa repormismo at pakikipagkompromiso ang kanilang paglaban tuwing lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan para bigyan ng tunay na solusyon ang problema sa lupa. Matingkad na halimbawa ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga lokal na pamahalaan na aprubahan ang kumbersyon sa paggamit ng lupa upang pawalang-saysay ang mga CLOA (*Certificate of Land Ownership Award*) at EP (*Emancipation Patent*) na hawak ng mga magsasaka.

Isa pang halimbawa ang naganap sa Hacienda Luisita noong Nobyembre, 2004. Ginamit ng pamilya Cojuangco-Aquino ang Department of Labor and



Employment (DOLE) nang mabigo ang kumpanya na igiit sa mga manggagawa ang kagustuhan ng maneydsment at pamilya Cojuangco-Aquino. Sa basbas ng Malacañang, agad iniutos ng Kalihim ng DOLE na buwagin ang piketlayn at bumalik sa trabaho ang mga nagwewelgang manggagawa. Sa esensya, ang naging papel ng DOLE, tulad ng sa iba pang mga kaso, ay pagwasak sa unyon at paglumpo sa welga. Kaya nang ibasura ng mga welgista ang utos ng DOLE, sinalakay ng mga tropa ng AFP at PNP at iskirol ng asyenda ang piketlayn at walang-awang pinagbabilil ang mga manggagawa at tagasuporta ng welga.<sup>18</sup>

Sa kabila ng karahasang dinanas ng mga manggagawa, sila pa ang sinisi ng gubyerno habang wala kahit isang kasangkot na sundalo at myembro ng pamilya Cojuangco-Aquino ang pinanagot at pinatawan ng parusa. Makaraan ang ilang linggo, sinimulan ng militar ang sistematiko at koordinadong pananalbeyds, pagtortyur at pagdukot sa mga lider, aktibista at tagasuporta ng mga manggagawa at magsasaka.

3. *Ang mga reaksyunaryong korte ay palaging handang magtanggol sa interes ng mga panginoong maylupa sa mga kaso sa lupa.*

Ang mga huwes ay kabilang sa uring panginoong maylupa o mga kinatawan nito. Sa haba ng panahon at laki ng gastos sa paglilitis ng isang kaso, nakalalamang na kaagad ang mga panginoong maylupa sa labanan sa korte. Pabor pa sa kanila ang batas dahil likha ito ng kongresong dominado nila.

Ang bilangguan ay kasangkapan din ng mga panginoong maylupa laban sa mga magsasaka. Napakadali para sa panginoong maylupa na kasuhan

o ipakulong ang isang magsasakang inagawan ng lupa o tumututol sa mga kagustuhan niya.

Maraming magsasaka ang nagiging biktima ng kriminalisasyon ng mga kaso sa lupa para mapanatili ang kontrol ng panginoong maylupa sa lupa at tuwirang mapaalis ang mga magsasaka sa lupang matagal na nilang sinasaka. Layon din nitong sindakin, pinsalain at wasakin ang kilusang magsasaka at ang lakas ng mga magsasakang ipagtanggol ang kanilang karapatan laban sa mga mapang-abuso at mapang-aping panginoong maylupa.<sup>19</sup>

4. *Ang simbahang Katoliko at iba pang institusyon sa relihiyon ay maaasahang tagapagtaguyod ng interes ng mga panginoong maylupa.*

Isang malaking panginoong maylupa ang simbahang Katoliko mula pa noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ginagamit ng simbahang ito at iba pang institusyon sa relihiyon ang lahat ng klase ng panlilinlang para itaguyod ang anila'y banal na karapatan ng mga panginoong maylupa sa propyedad.

Aktibong itinataguyod at ipinapalaganap ng simbahang Katoliko ang kulturang pyudal upang mapanatili at mapatindi pa ang kontrol ng uring panginoong maylupa sa mga magsasaka. Halimbawa, pilit na idinidikdik sa isipan ng mamamayan na tanggapin at ipaubaya na lang sa diyos ang kahirapan at kapalaran. Ginagamit nila ang relihiyon upang ipaghele ang kaisipan ng mamamayan, paasahin sa kawanggawa, at buhusan ng malamig na tubig ang paglaban ng mga magsasaka para baguhin ang kanilang abang kalagayan sa pamamagitan ng pagrerebolusyon. Nagbubuo rin ang simbahan ng mga organisasyong sibiko at pangkawanggawa para

pagtakpan ang tunay na kabuktutan at kasakiman ng mga panginoong maylupa, at sa halip ay ipangalandakan ang diumano'y likas nilang kabaitan.

5. *May mga asosasyon ng mga prodyuser, trader, miller at negosyante na direktang nagagamit ng uring panginoong maylupa para lalong patindihin ang pagsasamantala at pang-aapi sa mga magsasaka.*

Ang malalaking panginoong maylupa ay nakikipagsabwatan o kabilang mismo sa pagtatayo ng mga asosasyon ng malalaking prodyuser, *trader* o negosyante sa agrikultura. Ilan dito ang PHILCONGRAINS sa bigas at mais; Federation of Sugar Planters and Sugar Millers sa industriya ng asukal; Cocofed, Copra Traders Association, Coconut Planters Association sa niyugan at pagkokopra. Sa pamamagitan ng operasyong kartel ng mga samahang ito, higit na namamanipula ng mga panginoong maylupa-burgesyang kumprador ang suplay at presyo ng mga input sa produksyon, ang pagpepresyo sa produkto ng mga magsasaka, ang buong kalakalan at pamilihan para sa mga produktong agrikultural, at maging ang mga programa at patakaran ng reaksyunaryong gubyerno hinggil sa agrikultura at kanayunan.

6. *Sinusuportahan ng reaksyunaryong gubyerno ang repormistang mga organisasyong inisponsor ng CIA ng US, mga huwad na NGO, mga nagpapanggap na progresibo at maka-magsasakang institusyon, at mga kontra-rebolusyonaryong taksil na nagtutulak ng repormista at kontra-rebolusyonaryong mga programa sa hanay ng mga magsasaka at manggagawang bukid at naghahasik ng anti-komunismo.*

Ang dating nalantad nang mga organisasyong kinasangkapan ng CIA (Central Intelligence Agency)

ng imperyalistang US sa kanilang kontra-rebolusyonaryong digma sa Pilipinas noon pang dekadang 1950, tulad ng Philippine Rural Reconstruction Movement (PRRM) at Cooperative Foundation of the Philippines (CFP), ang kapanalig ngayon ng bagong kontra-rebolusyonaryo at antikomunistang mga organisasyon. Ilan sa mga pinakaaktibo sa kasalukuyan ang sumusunod: Ugnayan ng mga Nagkakaisang Organisasyon sa Kanayunan (UNORKA/Ric Reyes), Pambansang Katipunan ng Makabayang Magbubukid (PKMM), PARAGOS (dating DKMP), Lakas ng Kilusang Mangingisda ng Pilipinas, (PANGISDA/KPD, de la Cruz-Magpantay), Philippine Peasant Institute (Romeo Royandoyan), PEACE, Integrated Rural Development Foundation (IRDF/Frank Pascual), Partnership in Rural Reconstruction and Development (PARRDS), at TAMBUYOG. Ang mga ito ay inilantad at itinakwil na ng rebolusyonaryong kilusan.

Kabilang din sa mga masugid na nananabotahe at namiminsala sa kilusan ng mga magsasaka ay ang mga “sosyal demokrata” (socdem) na sa katunaya’y mga repormistang makakanan at antikomunista tulad ng Pambansang Kaisahan ng Samahan ng Maliliit na Magniniyog sa Pilipinas (PKSMMN/Efren Villaseñor, tuta ni Norberto Gonzales ng Partido Demokratikong Sosyalista ng Pilipinas).

Nagpanggap ang mga ito na para sa reporma sa lupa pero sinasabotahe, ipinagkakanulo, kinokondena at itinatakwil naman ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mga magsasaka. Pumapasok ang mga ito sa mga base at sonang gerilya o saanman nakatindig na ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika para guluhin at iligaw ang rebolusyonaryong mamamayan at kilusang magsasaka.

Nakikipagsabwatan ang mga ito sa mga burukratang kapitalistang anila'y nagtataguyod ng makamagsasakang programa. Ikinakampanya nila ang pagpapatupad ng huwad na Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL). Itinataguyod nila ang mga mapanlinlang na programa para sa “kaunlaran” ng mga papet na rehimen at mga kontra-magsasakang proyektong nakapaloob doon. Nagiging ahente sila ng mga imperyalista sa mga proyekto nitong nagkukunwang pangmagsasaka upang siraan at atakehin ang kilusang magsasaka at rebolusyonaryong kilusan sa loob at labas ng bansa.<sup>20</sup>

7. *Maliban sa kontrol at impluwensya ng mga panginoong maylupa sa ekonomya at pulitika, ginagamit din nila ang kulturang pyudal upang mapanatili at mapalakas pa ang kanilang paghahari.*

Sa pamamagitan ng simbahan, masmidya at paaralan, patuloy na itinatanim sa isipan ang pagiging sunud-sunuran at pangangayupapa sa mga naghahari, paniniwala sa mga pamahiin, pagpapaubaya sa tadhana o kapalaran, pagsasawalang kibo at pagtitimpi sa kabila ng mga pang-aapi, sistemang patron, mababang pagtingin sa kababaihan at iba pang pyudal na asal at kaisipan.

### **G. Paano higit na pinagsasamantalahan at pinipiga ng imperyalismo at malaking burgesyang kumprador ang uring magsasaka sa kasalukuyan?**

Habang dinisenyo ng imperyalismong US ang ekonomya ng bayan para tuluy-tuloy na pagsilbihan ang kanilang pangangailangan sa hilaw na materyal, paglalagakan ng kanilang labis na kalakal at kapital at pagkukunan ng murang lakas paggawa, higit na pinasisidhi nito ang

kontrol sa agrikultura sa pamamagitan ng mga batas at programa ng GATT-WTO.

Ang GATT ay serye ng mga kasunduan sa kalakalan na sumasaklaw sa mahigit sandaang bayan, o 90 porsyento ng kalakalan sa daigdig. WTO ang itinayong organisasyon ng mga bayang sumasailalim sa GATT. Mekanismo ito ng imperyalismo para maipataw sa maliliit at mahihinang bayan ang imperyalistang kaayusan sa kalakalan.

Itinulak ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan ang “malayang pamilihing” globalisasyon na diumano ay makakabuti sa lahat. Sa katunayan, inoobliga nito ang atrasadong mga bayan tulad ng Pilipinas na baklasin ang anumang natitira nilang proteksyon laban sa pagpasok ng dayuhang mga produkto, lalu na sa agrikultura. Halimbawa ng mga proteksyong ito ang mga taripa sa import, subsidyo sa agrikultura at iba pang produktong eksport, at ang kontrol ng guberno sa iba’t ibang aspeto ng ekonomya tulad ng pinansya, pasahod at mga serbisyong panlipunan.

Malinaw na layunin ng GATT-WTO na panatilihing atrasado at di-industriyalisado ang Pilipinas, itali ang ekonomya sa kolonyal na kalakalan at ibaon sa utang upang hindi makaahon ang mamamayan sa kumunoy ng kahirapang dulot ng pagsasamantala at pang-aapi ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri.

Parang delubyong winawasak ng GATT-WTO ang agrikultura at kabuhayan ng masang magsasaka at mamamayan. Ibayong kagutuman, kahirapan, kawalang hanapbuhay at mas abang kalagayan ang idinudulot nito sa masang magsasaka at mamamayan, sa kanayunan at kalunsuran.

Matinding pinahihirapan ang masang magsasaka ng mga kasunduan sa GATT-WTO tulad ng sumusunod:

*1. Ganap na liberalisasyon ng importasyon o pag-alis ng nalalabing mga restriksyon sa pagpasok ng mga imported na produktong agrikultural.*

Dumadagsa ang imported na mga produkto na hindi kayang kumpitensyahin ng lokal na mga produkto. Halimbawa, pinapatay ng imported na karneng baboy, manok at baka ang lokal na industriya ng paghahayupan. Gayundin ang pag-iimport ng iba't ibang klase ng prutas at gulay na pumapatay sa kabuhayan ng milyun-milyong magsasaka.

Sa bigas, magmula 1995 hanggang 2002 ay umaangkat ang Pilipinas ng abereyds na 860,000 metriko tonelada ng bigas, bagama't ang lokal na produksyon ng bigas na pangunahing pagkain ng mamamayan ay masasabing sapat-sapat. Lalong lalala ito sa napipintong planong pribatisasyon ng National Food Authority (NFA) na pursigidong itinutulak ng rehimeng Arroyo. Sa likod ng tabing na pag-aalis sa monopolyo ng NFA sa importasyon ng bigas, hahayaan ang malalaking burgesyang kumprador at kartel na mag-angkat ng bigas. Iubunga nito ang lalong pagtaas ng presyo ng bigas at pagkawasak sa kabuhayan ng milyun-milyong magsasaka sa palayan.

Sa pagpasok sa WTO, patuloy ding lumaki ang importasyon ng isda kahit na pangatlo ang Pilipinas sa buong Asya at panlabing-isa sa buong mundo na pinagkukunan ng isda. Ang masaklap nito, ito rin ang mga isda na iniluluwas ng bansa tulad ng bangus, tuna at makerel na binibili sa napakababang halaga.<sup>21</sup>

*2. Pagtalikod ng gubyrno sa responsibilidad na magbigay ng suporta sa agrikultura.*

Tinanggal ng gubyrerno ang subsidyo sa palay at mais, mga serbisyo sa patubig at pautang, at pagkontrol sa presyo ng mga input tulad ng abono at pestisidyo.

Bahagi ito ng mga patakarang deregulasyon at pribatisasyon na ipinapataw ng GATT-WTO. Sa gayon, mas malalim na naisusubo ang mga magsasaka sa pagsasamantala at panggigipit ng mga panginoong maylupa at malaking burgesyang kumprador.

3. *Pagpapalawak ng saklaw ng Mga Karapatan sa Pag-aaring Intelektwal (Intellectual Property Rights o IPR) sa anyo ng patent, copyright at trademark.*

Ang IPR ay ang karapatan sa eksklusibong produksyon, pagkopya, pagbenta, paggamit at pagpapaunlad ng rehistradong mga bagay at proseso. Saklaw nito maging ang bagong tuklas o “napaunlad” na mga binhi, halaman, hayop at iba pa na karaniwang rehistradong pag-aari ng mga korporasyong multinasyunal. Bunga nito, kailangan munang bilhin sa kanila ang bagong binhi ng halaman o ang *breeder* ng bagong hayop bago magtanim o magpalahi. Dahil monopolyo ng malalaking kumpanyang multinasyunal ang teknolohiyang ipinapataw sa agrikultura, nakakapagdikta sila di lamang sa presyo, kundi maging sa distribusyon ng mga nakasisirang *genetically modified organism* o GMO tulad ng BT corn.<sup>22</sup>

Ang mga imperyalistang korporasyong agri-kemikal tulad ng Monsanto, Dupont, Bayer, Cargill, atbp. na kumukontrol sa halos 85 porsyento ng distribusyon at pandaigdigang pamilihan ng mga binhi, abono at pestisidyo ang siya ring pangunahing nagtutulak ng mga GMO sa bayan. Bagama’t napatunayang may napakasamang epekto sa kalusugan at kapaligiran, at tinututulan ang paggamit nito ng maraming magsasaka



di lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo, iginigiit ng mga korporasyong agrikemikal ang paggamit ng mga nabanggit na mapanirang *farm input*.<sup>23</sup>


#### 4. *Pag-aalis ng nalalabing mga restriksyon sa pamumuhunan sa akwakultura*

Ineengganyo ang pagpasok ng mga korporasyong multinasyunal at malalaking panginoong maylupa sa produksyon para sa eksport ng hipon, sugpo, tuna, perlas at gulaman. Itinataboy ang maliliit na mangingisda sa kanilang palakaya at inaalisan ng karapatang makinabang sa yamang dagat. Sa tala mismo ng reaksyunaryong gubyerno ay umabot na sa 182,000 katao ang nabawas sa bilang ng mga mangingisda sa taong 2000. Bunga ng kontrol at monopolyo ng mga panginoong maylupa-burgesyang kumprador sa pangisdaan ay lumiit ng 70 hanggang 80 porsyento ang huli ng mga maralitang mangingisda. Mula sa dating abereyds na 10 kilo araw-araw ay bumaba na ito sa dalawa hanggang tatlong kilo kada araw. Marami ring pangisdaan ang nasira gawa ng paghuli ng napakaliliit na isda, paggamit ng dinamita, lason at iba pang mapanirang paraan ng pangisingisda.

Makalipas ang mahigit sampung taon ng pagpasok ng Pilipinas sa GATT-WTO, lalong lumala ang krisis sa ekonomya ng bayan, lalong humigpit ang kontrol ng imperyalismo sa buong ekonomya, at mabilis na nawasak ang agrikultura at pangisdaan. Sa loob lamang ng unang walong taon sa ilalim ng WTO, umabot sa \$5.2 bilyon ang depisit sa agrikultura at patuloy pa itong lumalaki dahil sa walang tigil na pagtatambak ng mga sobrang produktong agrikultural ng mga imperyalista sa bayan.

Maliban sa GATT-WTO, sinisiguro rin ng imperyalismo ang kontrol nila sa agrikultura sa pamamagitan ng US Public Law 480 para sa tuluy-tuloy na pagtatambak ng mga produktong sarplap ng US gaya ng asukal, bigas, mais, trigo at soybean. Utang ito na binabayaran ng Pilipinas taun-taon, sa tabing ng *food aid*. Sa taong 2005, nagbayad ang Pilipinas ng P1 bilyon. Mas malaki pa ito kaysa inilaan ng reaksyunaryong gubyrno para sa pamimili ng palay ng NFA.

II.  
LUMAGANAP AT LUMUBHA ANG PROBLEMA SA LUPA SA  
PILIPINAS  
DAHIL SA PANGANGAMKAM AT PANLILINLANG  
NG MGA DAYUHANG MANANAKOP  
AT LOKAL NA PANGINOONG MAYLUPA



## **A. Paano lumaganap ang problema sa lupa nang sakupin ng mga kolonyalistang Espanyol ang Pilipinas?**

Bago pa man dumating ang mga kolonyalistang Espanyol, mayroon nang mga katutubong panginoong maylupa sa Pilipinas laluna sa Mindanao. Pero naging malawak ang problema sa lupa nang sakupin ng kolonyalismong Espanyol ang Pilipinas. Pinalaganap at pinatatag ng kolonyalismong Espanyol ang pyudalismo sa loob ng mahigit 300 taong paghahari nito sa bayan.

Pangunahin sa pamamagitan ng dahas, kinamkam ng simbahang Katoliko at mga opisyal at sundalong Espanyol ang lupain ng mga Pilipino. Pinayagan nilang magmay-ari ng lupa ang iilang katutubong naghahari na nakipagsabwatan sa kanila.

Idineklarang pag-aari ng hari ng Espanya ang mga kagubatan at lugar na di sinasaka. Ang masang magsasaka ay pwersahang pinatrabaho para buksan at hawanin ang malalawak na lupain para sa panginoong maylupa. O di kaya, sapilitang inangkin ng mga dayuhan at katutubong panginoong maylupa ang mga lupaing boluntaryong hinawan ng mga magsasaka. Pwersahang pinalikha ng sarplas na ani ang mga magsasaka para suportahan at pakainin ang mga opisyal, pari at sundalo at mga katutubong naghahari. Nangingil ng tributo para sa mga naghaharing dayuhan. Sapilitang pinagtrabaho ang mamamayan para mapalawak ang mga sakahan, maitayo ang mga gusali ng guberno at simbahan, mapahusay ang komunikasyon sa pagitan ng mga baryo at ng kabayanang tinitirhan ng mga kolonyalista.

Lalong lumubha ang problema sa lupa nang ipatupad ng kolonyalismong Espanyol ang sistemang asyenda noong ika-18 siglo. Malalawak na lupain ang pwersahang pinatamnan ng produktong pang-eksport tulad ng tabako,

abaka at tubo. Pinilit ang masang magsasaka na umani ng sobrang produkto para sustentuhan ang dayuhan at katutubong panginoong maylupa. Piniga rin sila upang makaani ng parami nang paraming hilaw na materyales na iniluluwas sa ibang bayan.

Kasabay ng pagtatayo ng sistemang asyenda, lalong lumubha ang pangangamkam ng lupa at lalong pinataas ang upa sa lupa at mga buwis. Lumaki ang pangangailangan para sa mga kalsada, tulay at daungan para sa paghahakot ng hilaw na materyales. Mahigpit na ipinatupad ang sapilitang paggawa. Piniga rin sila upang makaani ng parami nang paraming hilaw na materyales na iniluluwas sa ibang bayan.

## **B. Paano higit na pinalawak at pinasidhi ng imperyalismong US ang pyudalismo nang sakupin nito ang Pilipinas?**

Nang marahas na sakupin ng imperyalismong US ang Pilipinas noong huling bahagi ng ika-19 na siglo, tiniyak nitong mapapanatili at maipagtatanggol ang paghahari ng uring panginoong maylupa. Kinilala ng Tratado ng Paris noong 1898 ang lupang pag-aari ng mga panginoong maylupang Espanyol, kabilang na ang simbahang Katoliko, at ibinalik sa kanila ang lupang nakumpiska noong Rebolusyon ng 1896.

Ginawa ito ng imperyalismong US para makuha ang suporta ng mga panginoong maylupa at mga traydor sa kanyang pananakop, at matiyak na mananatiling agrikultural ang Pilipinas. Sa gayon, sinigurado nito ang pagkukunan ng hilaw na materyales at murang lakas-paggawa para sa mga industriya ng US at tambakan ng kanilang mga produkto.

Nagpalabas ang imperyalismong US ng iba't ibang batas hinggil sa lupa para lokohin ang masang magsasaka at mapadali ang pang-aagaw ng mga upisyal ng

gubyernong kolonyal, korporasyong Amerikano at mga katutubong naghahari sa lupa ng mga nagsasariling magsasaka.

Ilan sa mapanlinlang na mga batas na ipinalabas noong panahon ng direktang paghahari sa Pilipinas ng imperyalismong US ang mga sumusunod:

- o *Batas sa Rehistrasyon ng Lupa ng 1902.* Kinikilala nito ang tatlong titulo sa ari-arian na mairerehistro; ang Informacion Posesoria, rehistrasyon sa ilalim ng Batas ng Espanya sa Pagsasanla at depektibong titulo o posesyon mula noong 1894.
- o Ginamit ng mga naghaharing uri ang batas na ito para agawin ang mga lupa ng mga magsasaka at pambansang minority na hindi tinuruan kung paano magparehistro ng lupa noong naghahari ang Espanya at maging noong naghahari ang imperyalismong US.
- o *Batas sa Kadastre noong 1907.* Kunwang layon ng batas na ito na ituwid ang dating mali sa pagtititulo ng lupa. Ang totoo'y ginamit at ginagamit pa rin ang pagsusukat sa kadastre bilang isang pangunahing paraan ng pang-aagaw ng lupa.
- o *Sunud-sunod na mga batas sa lupang publiko noong 1903, 1919 at 1929.* Nanawagan sa mga magsasaka na maghomisted pero panakip lamang ito sa malawakang pagkuha ng mga mamamayang Amerikano, korporasyong agrikultural ng US at mga Pilipinong panginoong maylupa at opisyal ng guberno sa mga lupaing publiko.

Sa panahon ng Komonwelt, itinayo ang National Land Settlement Administration. Ipinatupad ng papet na presidenteng si Manuel Quezon ang programang resettlement sa Koronadal Valley sa Mindanao sa

pagsisikap na pakalmahin ang mga pag-aalsang magsasaka na sumiklab sa iba't ibang bahagi ng kapuluan katulad ng Colorum at Sakdal, at pagkilos ng mga magsasaka lalo na sa Gitnang Luzon.

Ang Share Tenancy Act (1933) na ginawa diumano para ibaba ang upa sa lupa ng mga magsasaka (50-50 sa hatian ng gastos sa produksyon at 10 porsyentong maksimum na interes sa utang) ay di rin napakinabangan ng mga magbubukid dahil sa probisyon na ipapatupad lamang ito sa pamamagitan ng petisyon ng nakararaming konsehong munisipal sa isang probinsya, na karaniwan ay mga panginoong maylupa din. Ang masahol pa, nagamit ang batas na ito ng mga panginoong maylupa para madali nilang mapatalsik ang kanilang mga kasamá.

Sa pamamagitan ng kolonyal na patakaran, at ng mga batas at di-pantay na tratado at kasunduan, hinubog ng imperyalismong US ang ekonomya ng bayan alinsunod sa kanyang pangangailangan para sa hilaw na materyales, paglalagakan ng kanilang labis na kapital at pagkukunan ng murang lakas paggawa.

Tatlong paraan ang ginamit ng imperyalismong US sa pagpasok at unti-unti nitong pangigingibabaw sa agrikultura ng kanayunan — kolonyal na kalakalan, tuwirang pamumuhunan at pagpapautang. Mabilis na pinalawak ang mga sakahang natatamnan ng mga produktong pang-eksport tulad ng tubo, niyog, at abaka. Inengganyong makapasok ang dayuhang agribisnes. Maraming magsasaka ang sapilitang pinaalis mula sa kanilang sinasaka at karamihan ay naging mga manggagawang agrikultural na lamang ng mga plantasyong ito.

Nilikha ng mga multinasyunal na korporasyong US ang isang malakihang pamilihan para sa kanilang mga

produkto tulad ng makinarya, pestisidyo, abono at binhi sa pamamagitan ng mga programang diumano'y para sa kapakanan ng magsasaka. Dahil monopolisado ang industriya ng mga gamit pansakahan, nakapagtakda ang mga imperyalistang korporasyon ng presyong ibayong mas mataas kaysa sa presyo ng pandaigdigang pamilihan. Mula sa nasabing pagpepresyo, nagkamal ang imperyalismong US ng sobra-sobrang tubo.

Bilyun-bilyong labis na kapital din ang ipinautang ng imperyalismong US sa Pilipinas upang tumubo. Patuloy na umaani ang imperyalismo ng pakinabang sa mga pautang na ito habang kinakarga naman ng mga magbubukid ang pasanin sa anyo ng papalaking singil sa irigasyon, papataas na presyo ng abono't pestisidyo at papalaking interes sa pautang.

**K. Anong mga kontra-magsasaka at kontra-mamamayang programa at patakaran ang ipinatupad ng mga papet na rehimen?**

Higit na lumubha ang problema sa lupa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Pinatindi ang kontrol ng imperyalismong US sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga galamay nito. Sunud-sunod na paksyon ng naghaharing uri ang nagpatakbo sa papet na guberno para sa interes ng dayuhan at lokal na naghaharing uri.

Walang saligang pagkakaiba sa kolonyal na paraan ng mga imperyalista ang ginamit ng papet na mga presidente mula kay Roxas hanggang sa kasalukuyan upang itaguyod at ipagtanggol ang interes ng panginoong maylupa. Marahas na sinupil ng reaksyunaryong armadong pwersa ang mga kilusan ng magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Kasabay nito, nagpakulo ang guberno ng mga programa para linlangin ang masang magsasaka at ilihis sila sa tunay na rebolusyonaryong solusyon sa kanilang



problema. Tampok dito ang mga huwad na reporma sa lupa na sa halip na lumutas ay ibayong nagpalubha sa problema ng masang magsasaka.

*1. Masugid na nagpatupad ng mga kontra-magsasakang patakaran at programa ang mga papet na rehimen bago ipataw ang batas militar.*

Tiniyak ng rehimeng Roxas ang Susog Pariti sa Konstitusyon. Pinanatili ang kolonyal na pribilehiyo ng US na mag-ari at makinabang sa likas na yaman ng Pilipinas kabilang na ang lupa. Ibinalik ang mga lupaing kinumpiska sa panginoong maylupa sa mga lugar na napalaya ng HUKBALAHAP (Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon) sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP). Siningil sa mga magsasaka ang upa sa lupa na di nabayaran sa panahon ng digmaan. Tumindi ang pangangamkam ng lupa. Pinalakas ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa sa kanayunan.

Mabangis na sinalakay ng mga rehimeng Roxas at Quirino ang mga magsasakang lumaban sa matinding pagsasamantala at pang-aapi. Kinumpleto ng rehimeng Magsaysay ang pagdurog sa Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) at lumang PKP, ang pinakaorganisadong pwersang lumaban para sa interes ng magsasaka at buong mamamayan.

Nagkaroon ng huwad na mga programa sa resetelment sa ilalim nina Quirino at Magsaysay. Pinag-ibayo ang pagpapadayo ng mga magsasaka sa mga prontera para pakalmahin ang pag-aalsa nila at pagtakpan ang malawakang pangangamkam ng lupa.

Noong 1955, pinagtibay ni Magsaysay ang Batas sa Reporma sa Lupa. Ayon dito, ipapamahagi ang mga lupaing mahigit sa 300 ektarya, kung pag-aari ng mga

indibidwal, at 600 ektarya mahigit, kung pag-aari ng mga korporasyon. Walang kinahinatnan ang batas na ito.

Pinagtibay ng rehimeng Garcia noong 1958 ang Batas Anti-Subersyon para hadlangan ang muling pagbangon ng kilusang magsasaka at ng rebolusyon.

Ipinagyabang naman noong 1963 ng papet na presidenteng si Macapagal ang Kodigo sa Reporma sa Lupang Agrikultural. Itinakda nito na 75 ektarya ang maksimum na lawak ng lupang mananatiling pag-aari ng isang panginoong maylupa. Subalit maraming ipinwera ang batas na ito. Itinakda rin nito ang napakataas na bayad sa lupa. Ipinagbawal ng batas ang sistemang kasamá pero ipinalit dito ang sistemang *leasehold* o nakapirming upa sa lupa na 25 porsyento ng karaniwang taunang ani. Wala ring nagawa ang batas na ito para bigyan ng solusyon ang problema ng mga magsasaka.

Dagdag pa, ipinataw ng rehimeng Macapagal ang patakarang dekontrol na nagpabagsak sa presyo ng produkto ng magsasaka. Pinalawak din ang mga taniman para sa eksport.

2. *Pinag-ibayo ng pasistang diktadurang US-Marcos ang mga kontra-magsasakang patakarang at programa.*

Ipinataw ang paghaharing militar para sugpuin ang mabilis na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan at ipagtanggol ang interes ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa. Naghasik ng lagim ang pasistang armadong pwersa ng diktadura at buong lupit na nanupil sa karapatan ng mamamayan para ilitas ang naghaharing sistema.

Kasabay ng deklarasyon ng Batas Militar noong Setyembre 1972, iprinoklama ni Marcos ang PD 2 at 27 na naglaman ng huwad na reporma sa lupa. Palayan at maisan lamang ang saklaw at ipinwera ang mga apat na milyong ektaryang taniman ng niyog, tubo, tabako at iba pang asyenda.

Iilang magsasaka lamang ang nabigyan ng Certificate of Land Transfer (CLT). Hindi ito titulo sa lupa kundi walang kabuluhang papel na nagsasabing pwedeng bilhin ng mga magsasaka ang lupa ng mga panginoong maylupa sa paraang itinakda ng gubyrerno. Maraming rekisito para mapailalim sa programa. Obligado ang magsasaka na sumapi sa Samahang Nayon na isang huwad na kooperatiba, magtanim ng *certified seeds* at gumamit ng abono't pestisidyong kemikal para makapangutang sa Masagana 99. Napakaraming bayarin sa Samahang Nayon at mapang-usura ang interes sa utang. Sa huli, ang mga panginoong maylupa at korporasyong agribisnes ang nakinabang sa mga programang ito.

Itinayo ng pasistang rehimen ang mga monopolyo sa industriya ng niyog, asukal at tabako. Nagpataw ng bagong mga buwis at kinontrol ang eksport-import at ang pagproseso sa mga ito. Ginamit ang pondo ng magsasaka bilang puhunan ng malalaking bangkong kontrolado ng rehimen, tulad ng United Coconut Planters Bank (UCPB).

Sa utos ng imperyalismong US, aktibong itinulak ng diktadura ang Green Revolution para pahigpitin ang kontrol nito sa agrikultura. Itinaguyod nito ang paggamit ng mga binhing *high yielding varieties* o HYV na matakaw sa abono at pestisidyong at iba pang produkto at teknolohiya na kontrolado ng mga imperyalista.

Maraming magsasaka, maralitang setler at pambansang minorya ang inagawan ng lupa sa iba't ibang paraan. Pinalawak ang mga plantasyong tinatamnan ng mga pananim para sa eksport. Ginamit ang mga operasyong militar at proyektong imprastruktura (gaya ng dam, tulay at kalsada) sa walang-pakundangang pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka, maralitang setler at pambansang minorya. Pinayagan ang malalaking korporasyon sa industriya na pumasok sa produksyon ng palay at mais.

Bumulusok ang ekonomya nang walang kaparis sa nakaraan at nasalanta ang kabuhayan ng masang magsasaka at buong mamamayan.

3. *Pinalala ng rehimeng US-Aquino ang mga kontra-magsasakang patakaran at programa ng diktadurang US-Marcos.*

a) Ang CARP ay isang engrandeng panlilinlang na naglalayong pahinain ang kilusang magsasaka at ang pambansa-demokratikong rebolusyon.

Ang huwad na reporma sa lupa ng rehimeng Aquino ay iprinoklama noong Hulyo 1987 sa layuning "alisin ang malaking agwat sa pagitan ng mga mayaman at mahirap at bunutin ang ugat ng dalawampung taon ng komunistang insurhensya."

Pinagtibay ang CARP ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL). Ayon dito, limang ektarya ang matitira sa mga panginoong maylupa at ibang may-ari. Tigtatlong ektarya ang mapupunta sa tuwirang mga tagapagmanang may edad 15 pataas at magbubungkal ng lupa. Sa kabilang banda, sa mga lupaing may sukat na mula 24 hanggang 50 ektarya, 24 ektarya ang matitira sa panginoong maylupa o may-ari ng lupa.

Nakabatay sa deklarasyon ng panginoong maylupa kung magkano ang kanyang lupa. Babayaran ng gubyrerno ang mapapagkasunduan nilang presyo at ito ang magbebenta sa benepisyaryo. Sa loob ng 30 taon, magbabayad ang benepisyaryo ng pantay na amortisasyon. May anim na porsyentong patong sa halaga ng lupa taun-taon. Tiniyak sa probisyong ito na hindi makakayanan ng karaniwang magsasaka ang napakataas na presyo ng lupa. Maraming lupang naipwera sa simpleng dahilang hindi magkasundo ang gubyrerno at panginoong maylupa sa presyo. Naging raket lamang ng mga panginoong maylupa at mga kasabwat nila sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang boluntaryong pagbebenta ng lupa. Ibinenta sa mataas na presyo ang masamang klaseng lupang gustong idispatsa ng mga panginoong maylupa.

Pinalusot ng CARL ang libu-libong malaking plantasyon at asyenda tulad ng Hacienda Luisita, mga korporadong sakahang tinatamnan ng export crops at mga manukan, rantso, at palaisdaan.

Sa anim na taong panunungkulan ng rehimeng Aquino, ipinagyabang nito ang pamamahagi ng 293,427 ektarya — higit lamang ito ng kaunti sa dalawang porsyento ng kabuuang pribadong lupang agrikultural. Pero pinasisinungalingan ito ng kongkretong pagsisiyasat. Lumilitaw na kagubatan, lupang mineral na kwari at minahan, at may mga ilog pa, sementeryo at dalisdis ng bundok, ang ilang libong ektaryang nasaklaw diumano sa Hilagang Mindanao.

- b) Ang total war ng rehimeng Aquino ay isang malaking krimen laban sa rebolusyonaryong kilusan at masang magsasaka.

Kasabay ng panlilinlang, inilunsad ang mararahas na kampanyang militar o *total war* laban sa mamamayan. Nanalasa ang mga pasistang tropa sa kanayunan at kalunsuran. Libu-libong magsasaka ang dinakip, tinortyur at pinatay. Umabot naman sa isang milyon ang sapilitang lumikas dahil sa mga pambobomba, panununog, pandarambong at iba pang pang-aabuso ng mga pasistang tropa ng rehimen. Todong dislokasyon sa kabuhayan, gutom at sakit ang idinulot ng mga kampanyang militar. Ginamit ng mga panginoong maylupa ang mga operasyon at tropang militar para mangamkam ng lupa at ipagtanggol ang kanilang kapangyarihan.

Maging ang ligal na kilusang magsasaka ay marahas na sinupil. Naganap ang Masaker sa Mendiola noong Enero 22, 1987 na kumitil ng buhay ng 13 magsasaka nang pagbabarilin sila ng mga pulis at sundalo ng rehimen habang sila'y mapayapang nagpoprotesta. Nasugatan din ang mahigit sa sandaang magsasaka.<sup>24</sup>

4. *Itinaguyod at pinasahol pa ng rehimens US-Ramos ang mga kontra-magsasakang patakaran at programa.*

Garapalang kontra-magsasaka ang mga hakbang na ipinatupad ng rehimens Ramos. Kahit bilang pakitangtao lamang ay wala sa prayoridad nito ang reporma sa lupa. Bukod pa, ipinagyabang nitong nalutas na ang problema sa lupa dahil sa pagpapatupad ng CARL. Sa ilalim ng programang Philippines 2000 at sa pagpasok sa GATT-WTO, nasadlak sa mas matinding kahirapan at kawalan ang masang magsasaka.

Ang programang Philippines 2000 ay higit na nagpayaman sa imperyalista, mga panginoong maylupa

at malaking burgesyang kumprador at nagpatibay sa kanilang kapangyarihan.

- a) Sa Investors' Lease Act, binigyan ng karapatan ang mga dayuhan na makaupa at gumamit ng lupang agrikultural nang hanggang 75 taon. Sa tagal ng taong inilaan ng gubyerno sa mga dayuhang korporasyon, hindi lamang pag-upa kundi ilang henerasyon na ng pagmamay-ari ang katumbas nito para sa masang magbubukid.
- b) Sa High Value Crops Production Act, ibinaling sa pagtanim ng mga pang-eksport na pananim na may mataas na halaga tulad ng goma, bulaklak, asparagus at bulak ang mahigit tatlong milyong ektaryang palayan at maisan. Kagyat na naipwera ang mga ito sa saklaw ng CARL at nawalan ng sakahan ang ilang milyong magsasaka.
- k) Lubos ding ipinwera sa saklaw ng CARL ang 2.8 milyon ektaryang mga asyenda at korporadong sakahan para sa eksport na pananim, palaisdaan, sugpuan, manukan, babuyan, mga rantso at iba pa. Maging ang malalawak na lupain ng simbahang Katoliko ay naipwera sa saklaw ng programa.
- d) Isinapribado ang malawak na mga lupaing publiko. Pinagtibay ng rehimen ang mga batas at programang sadyang nagdulot ng matinding kahirapan sa masang magsasaka gaya ng:
  - o *Agriculture and Fisheries Modernization Act* (AFMA). Mag-aangkat ng mga makinaryang pansakahan para sa malalawak na *corporate farms* na tulad ng kay Danding Cojuangco, *biotechnology* na kunwa'y magpapataas ng produktibidad pero nakadiseno upang

lubusang umasa ang pagsasaka sa mga *farm input* na gawa ng imperyalistang mga kumpanya.

- o *Fishpond Lease Agreement* (FLA). Maaaring upahan ng pribadong mga korporasyon (lokal at dayuhan) ang mga baybaying dagat at latian para gawing palaisdaan. Bunga nito, nawalan ng tradisyunal lugar pangisdaan ang mga maralitang mangingisda.
- o *Integrated Forest Management Agreement* (IFMA). Pagbibigay karapatan sa pribadong mga korporasyon (lokal at dayuhan) na gawing plantasyon ng punongkahoy para sa tabla ang mga erya sa *reforestation*.
- o *Indigenous People's Rights Act* (IPRA). Diumano'y paggalang sa karapatan ng pambansang minorya sa kanilang lupain pero sa katunayan ito'y malawakang pangangamkam ng mga lupang ninuno, panlilinlang at panunuhol sa mga pinuno upang hindi lumaban ang tribu sa mga programa ng gubyerno tulad ng pagmimina at pagtotroso.
- o *Mining Act*. Nagbibigay ng pahintulot at insentibo para ariin ng mga dayuhan ang lupang saklaw ng kanilang minahan.
- o *Agricultural Tariffication Act*. Tinanggal ang taripa at iba pang buwis na ipinapataw sa mga imported na bawang, sibuyas, kape, repolyo, patatas, mais, *poultry* at *livestock*.
- o *Fisheries Code of 1998*. Pinaluwag ang pagpasok ng mga komersyal na pangisda sa munisipal na mga pangisdaan; mula sa dating 15 kilometro, ibinaba sa 10 kilometro ang distansya mula sa aplaya na maaaring pangisdaan ng mga komersyal



na pangisdang ito. Pinahintulutan din ang pangingsida sa mga lugar na may 7 metro ang lalim, kahit di pa umaabot ng 10 kilometro. Pinalawak at pinatindi rin ang pagmamay-ari ng mga panginoong maylupa-kumprador burges sa mga pangisdaan sa loob ng 50 hanggang 75 taon.

- e) Maraming magsasaka ang nawalan ng lupang sinasaka bunga ng programang *land use conversion*. Itinatransporma sa gamit industriyal, komersyal, residensyal at ekoturismo ang mga sakahan. Sa dislokasyong pangkabuhayan na ibinunga nito, ibayong hirap ang dinaranas ng mga apektadong magbubukid dahil wala namang industriyang magbibigay sa kanila ng alternatibong trabaho. Pinatalsik din sa trabaho ang maraming manggagawang bukid sa tubuhan.

Binigyang-daan ng rehimeng Ramos ang walang-habas na pangangamkam ng lupa mula sa masang magsasaka at ang mabilis na rekonsentrasyon nito sa kamay ng ilang panginoong maylupa, malaking burgesyang kumprador at imperyalista. Noong 1994, umabot na sa 22,000 magsasaka ang binawian ng CLOA at CLT ng reaksyunaryong guberno. Umaabot naman sa 118,000 ektarya ang ipinailalim sa reklasipikasyon ng mga pamahalaang lokal. Sa halip na iangat ang kabuhayan ng magsasaka at ng buong mamamayan, pinatindi nito ang pagsasamantala at pang-aapi sa kanila.

Bilang pakunswelo, itinakdang Agrarian Reform Communities (ARC) ang tig-dalawang baryo bawat distritong kongresyunal. Subalit hindi pa rin maaaring ariin ng mga magsasaka ang mga lupaing saklaw ng ARC. Ipinapatupad dito ang sistemang

buwisan at pagtatanim ng mga pananim na pang-eksport. Ang ipinangangalandakan namang suportang serbisyo sa mga ARC ay suportang para sa mga lokal na pulitiko na mga panginoong maylupa rin.

5. *Lubusang itinakwil ng rehimeng US-Estrada ang kapakanan ng mga magsasaka.*

Walang sariling programa para sa mga magsasaka ang rehimeng US-Estrada, bagkus pinasahol lamang nito ang mga patakaran, programa at krimeng kontra-magsasaka ng dating rehimeng Ramos. Ipinagtanggol ni Estrada ang malawakang panga-ngamkam sa lupa ng magsasaka. Sinuportahan nito ang iskemang *corporative farming* ni Danding Cojuangco at pinuri pa ito bilang “patron ng reporma sa lupa.” Hindi ibinalik ni Danding sa mga magsasaka ang dinambong niyang pondo sa *coconut levy* (ang buwis na hinuthot ng rehimeng Marcos mula sa mga magkokopra) na nasa United Coconut Planters Bank at ipinangsosyo niya sa malalaking korporasyon tulad ng San Miguel Corporation. Sa maraming pagkakataon, natalo ang mga kasong inihain ng magsasaka laban sa Land Use Conversion at kanselasyon ng mga ipinamahaging CLT.

Para higit na makapagsilbi sa mga imperyalista, ipinataw ni Estrada ang Administrative Order No. 9 para sa sektor ng agrikultura. Dala-dala ang islogang globalisasyon, pinakitid ng rehimen ang usapin ng kawalan ng tunay na repormang agraryo sa kakulangan ng makinarya, pautang at iba pang serbisyon pangpansakahan upang maabot ang tinatawag na “produktibidad” ng mga magsasaka.

Bumagsak ang iba’t ibang sangay ng agrikultura sa malawakang importasyon ng halos lahat ng produktong

agrikultural sa ilalim ng GATT-WTO. Kasabay ng pag-alis ng lahat ng subsidyo at tulong sa magsasaka ay binabaha naman ang pamilihan ng mga inimport na produkto tulad ng bigas, mais, sibuyas, bawang, lahat halos ng uri ng *beans*, lahat ng klase ng karne, gatas at mga produktong yari dito, iba't ibang uri ng isda, gulay, prutas at marami pang iba. Kaya sa malaking bahagi ng bansa, ang matinding paghihirap ng mamamayan ay tumutungo na sa pamumulubi.

Dinambong din ng rehimen ang parte ng mga magtatabako sa pamamagitan ng Tobacco Excise Tax.

Bukod pa, nagdeklara ng lahatang-panig na digma ang rehimensing Estrada laluna sa mamamayang Moro na ang karaniwang biktima ay ang mamamayan sa kanayunan. Hindi pa man nakakabalik ang daang libong nagsilikas na mamamayang Moro noong panahon ng diktadurang Marcos ay nadagdagan pa ito ng libu-libong biktima ng karahasan ng rehimensing Estrada.<sup>25</sup>

6. *Ipinagpapatuloy ng rehimensing US-Arroyo ang mga kontra-magsasakang patakaran, programa at krimen para sa higit na pakinabang ng mga imperyalista, malalaking panginoong maylupa at burgesyang kumprador.*

Higit na masahol, papet, pasista at korap ang rehimensing US-Arroyo kung ihahambing sa naunang papet na mga rehimen. Pilit niyang pinapatupad ang napatunayan nang mga batas at programang anti-magsasaka, anti-mamamayan, at maka-imperyalista na lalong naglubog sa krisis sa ekonomya at sumisira sa kabuhayan ng mamamayan.

- a) Sagadsarin ang pagkapapet ng rehimensing Arroyo sa imperyalismong US.

Sa agrikultura, ang patuloy at tumitinding kontrol at pangigingibabaw ng imperyalismong US sa bayan ay lalo pang nagpapalala sa malapyudal na sistema sa ekonomya at nagdudulot ng ibayong pagsasamantala at pang-aapi sa masang magsasaka.

Sa ilalim ng GATT-WTO (inisponsor ni Arroyo noong siya'y senador pa) patuloy na bumulusok ang pambansang kita sa agrikultura. Nitong 2005 umabot sa \$5.2 bilyon ang deposit sa kalakalan sa agrikultura; ibig sabihin, sa bawat \$1 na kinikita sa export, \$6 naman ang ginagastos sa import. Milyun-milyong magsasaka ang nawalan ng kabuhayan dulot ng pagdagsa ng importasyon ng mga produkto mula sa mga kapitalistang bayan. Ang masaklap, ang iniimport ay mga produktong nililikha mismo sa bayan, halimbawa bigas, gulay, asukal at isda.

Ibayong tumaas ang presyo ng mga input sa sakahan (na kontrolado ng mga imperyalistang agribisnes) at maraming magsasaka ang napilitang isangla o di kaya'y ibenta ang kanilang lupa para lamang sila at ang kanilang pamilya ay mabuhay. Lalong tumindi ang pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Dumadagsa sa kabayanan ang malaking bilang ng mga manggagawang bukid na naghahanap ng trabaho at sila'y nasasadlak sa mas matinding kahirapan. Marami ang naobligang mangibang-bayan bilang mga *domestic helper* o DH, manggagawa sa konstruksyon o maliliit na pabrika. Subalit napakarami rin ang nabibiktima bilang mga "japayuki," GRO, *mail-order bride* at iba pang katulad. Milyun-milyong Pilipino ang nakikipagsapalaran sa ibang bayan para pasukin ang pinakamahihirap at pinaka-mapanganib na

trabaho para lamang mabuhay ang naiwang pamilya.<sup>24</sup>

Inilalako ng rehimen ang *charter change* (chacha) o pag-amyenda sa reaksyunaryong saligang batas upang alisin ang anumang nalalabing proteksyon sa mga lupain at likas-yaman ng Pilipinas. Layunin ng chacha na lubusang ipagkaloob sa mga imperyalista ang pagmamay-ari ng mga lupain at alisin ang anumang hadlang sa globalisasyong “malayang pamilihan” na ipinapataw ng mga imperyalistang kapangyarihan.

b) Patuloy na narerekonsentra ang mga lupain sa kamay ng malalaking panginoong maylupa, burgesyang kumprador at mga imperyalistang agri-korporasyon.

Mismong ang huwad at kontra-magsasakang CARP ang kinakasangkapan ng rehimen upang manatili o di kaya’y lumawak pa ang lupaing kontrolado ng mga naghaharing uri.

Agresibong pinapatupad ang mga iskemang nagbabalatkayong pang-magsasaka at nagbibigay ng ilusyon na nagkakaisa ang mga panginoong maylupa at magsasaka. Halimbawa nito ang pakanang *joint venture* (ang magsasaka at panginoong maylupa ay parehong nagmamay-ari) upang ang mga lupaing ipinamamahagi sa mga magsasaka ay maaangkin pa rin at patuloy na makukontrol ng mga panginoong maylupa-kumprador. Kapalit nito ang kakaunting sapi sa mga korporasyon o bogus na kooperatiba na nasa absolutong kontrol din ng mga panginoong maylupa-kumprador tulad ng *cooperative scheme* ni Danding sa Isabela, at *corporative scheme* sa

Negros; ang *stock distribution option* ng Hacienda Luisita at ang *voluntary land transfer/direct payment scheme* na ginagamit para ipamana ang mga lupain sa mga kamag-anak ng panginoong maylupa at napagkakwartahan nila dahil kahit hindi produktibo ang lupa, naibebenta nila ito sa gubyrerno sa lubhang pinalobong halaga.

Patuloy na kinakansela ang mga CLOA, EP at CLT na ipinamahagi sa mga “benepisyaryo” ng reaksyunaryong reporma sa lupa. Hindi raw nakabayad ng amortisasyon ang mga magsasaka, o kaya’y hindi produktibo ang lupa, o hindi saklaw ng reporma sa lupa. At kahit na nakabayad na ng amortisasyon ang magsasaka, basta gustuhin ng panginoong maylupa, kinakansela pa rin ang CLOA.

Higit pang tumitindi ang suliranin sa lupa sanhi ng maramihang pangangamkam ng mga lupain at pagpapatalsik sa mga magsasaka bunga ng *land use conversion* sa mga lupaing agrikultural tungo sa pagiging mga lugar industriya, komersyal, subdibisyon at pangturismo.<sup>27</sup>

Sa mga lugar ng Bangsa Moro, malimit na binobomba at minimilitarisa ang mga bayan sa paligid ng Liguasan Marsh na tinarget na plantasyon ng mga imperyalistang agrikorporasyon at pagkukunan ng mahahalagang likas na yaman tulad ng langis at mga mineral.

Sa Capiz, isla ng Panay, naglulunsad ng mararahas na operasyong militar ang reaksyunaryong AFP at pinapatalsik ang mga katutubo sa 33,000 ektaryang lupain na itinakdang military reservation.

k) Patuloy na pinipiga at binibiktima ang mga magsasaka at mamamayan ng garapalang pangungurakot at pandarabong ng rehimen.

Hindi lamang sa pandaraya sa eleksyon, marami ring anomalya ang kinasangkutan ni Arroyo tulad ng Ginintuang Masaganang Ani Fertilizer Fund. Sa halip na ibili ng abono ang P2.8 bilyon para sa mga magsasaka, ginamit niya ito sa eleksyon noong 2004. Ginamit din ni Arroyo ang P35 bilyon mula sa nabawing nakaw ni Marcos na nakalaan sana para sa mga “benepisyaryo” ng CARP at biktima ng paglabag sa karapatang-tao noong panahon ng diktadurang Marcos.

d) Pinatindi ng rehimeng Arroyo ang pasismo sa kanayunan at buong bayan upang sindakin at supilin ang masang magsasaka at mamamayan.

Duguan ang kamay ni Arroyo sa sunud-sunod na masaker na naganap sa ilalim ng kanyang panunungkulan: Kananga 9 sa Leyte noong 2003, Hacienda Luisita noong Nobyembre 2004; Palo 9 sa Leyte noong 2005, at sa San Ildefonso, Bulacan noong 2006.

Walang-awang pinapaslang ang mga lider at tagasuporta ng kilusang magsasaka. Sa ilalim ng Oplan Bantay Laya, sinasalbeyds ang mga myembro, lider at simpatisador ng hayag na mga organisasyong masa, alyansa ng mga magsasaka at progresibong partido pulitikal. Pinapatay rin maging ang mga pari, taga-midya, abugado, duktor, estudyante, guro at mga nakikibaka para sa karapatang-tao. Matapos bansagang mga terorista, dinudukot, tinorturyur, kinukulung, at pinapatay ang sinumang kumontra sa rehimen. Sa loob

lamang ng tatlong taong panunungkulan ni Arroyo, may naitala nang 4,207 kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Karamihan sa mga biktima ay magsasaka.

Niyuyurakan ang mga kalayaang sibil at demokratikong mga proseso gaya ng pagbabawal sa mga rali at demonstrasyon laluna nang ipatupad ng rehimen ang Calibrated Preemptive Response (CPR). Minamadali ang pagpapatibay ng Anti-Terrorism Bill at National ID System upang lubusang kontrolin at supilin ng estado ang mga karapatan ng mamamayan.


Mabilis na tumatahak ang rehimen tungo sa lantarang pasistang paghahari.

Sa desperasyong patuloy na makuha ang suporta ng US at manatili sa kapangyarihan, itinaguyod at naging pangunahing programa ng rehimeng Arroyo ang pakikidigma laban sa “terorismo.” Sunud-sunod ang isinasagawang magkasanib na pagsasanay-militar ng mga tropang US at AFP sa iba’t ibang bahagi ng kapuluan na naghahasik ng lagim at kapinsalaan sa masang magsasaka at mamamayan sa kanayunan.

Tuluyan nang tinalikuran at isinara ng rehimen ang usapang pangkapayaan sa pagitan ng GRP (Government of the Republic of the Philippines) at NDFP (National Democratic Front of the Philippines). Patuloy na sinusupportahan nito ang US sa pagbansag na terorista ang CPP (Communist Party of the Philippines), NPA (New People’s Army) at ang punong pampulitikang konsultant ng NDFP.



III.  
DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN ANG MAKALULUTAS  
SA PROBLEMA SA LUPA  
AT KAAKIBAT NA PYUDAL AT MALAPYUDAL  
NA PAGSASAMANTALA SA MASANG MAGSASAKA.



## **A. Bakit demokratikong rebolusyong bayan ang solusyon sa problema sa lupa ng masang magsasaka?**

Demokratikong rebolusyong bayan lamang ang tanging solusyon sa problema sa lupa ng masang magsasaka. Nangangahulugan ito ng paglulunsad ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base.

Habang isinasagawa ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupa bilang paraan ng pagtupad sa pangunahing demokratikong nilalaman ng rebolusyong Pilipino, natutupad din ang sentral na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan na agawin at konsolidahin ang kapangyarihang pampolitika.

Sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan lamang maibabagsak at mawawakasan ang kontrol at dominasyon sa Pilipinas ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa. Sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng Partido Komunista ng Pilipinas, matitiyak ang pagtataguyod sa pakikibaka para sa lupa ng masang magsasaka.

Sa pagkawagi ng demokratikong rebolusyong bayan, agad sisimulan ang sosyalistang transpormasyon sa kanayunan. Lilikhain ang mga kundisyon para hindi na muling makapanumbalik ang monopolyo sa lupa. Sa gayon, ganap na lalaya ang masang magsasaka at manggagawang bukid mula sa pagsasamantala, atrasadong kalagayan, at paghihikahos.

## **B. Bakit kailangang itayo ang demokratikong kapangyarihang pampolitika sa kanayunan?**

Kailangang hakbang-hakbang na itayo ang demokratikong kapangyarihang pampolitika sa kanayunan upang pahinain

hanggang maibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalistang US at maisulong ang kalutasan sa problema sa lupa ng masang magsasaka. Nangangahulugan ito ng pagbubuo ng lakas ng maralitang magsasaka, manggagawang bukid at panggitnang magsasaka; pagtatayo ng hukbong bayan at pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan mula sa antas baryo pataas.

**K. Bakit rekisito ang rebolusyong agraryo sa pagtatayo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika at pagsusulong ng armadong pakikibaka?**

Layunin ng rebolusyong agraryo ang pagwasak sa kapangyarihan ng panginoong maylupa sa kanayunan, pagkumpiska at pagsasabansa sa lupa nila, at ang libreng pamamahagi nito sa masang magsasaka. Layunin din nito ang pagpapaunlad ng kooperasyon at produksyon sa kanayunan at ang pagpapahusay sa kundisyon sa paggawa at pamumuhay ng manggagawang bukid.

Sa pamamagitan lamang ng rebolusyong agraryo maaaring mamobilisa ang higitang lakas ng masang magsasaka upang maagaw nila ang kapangyarihan sa ekonomya at pulitika mula sa panginoong maylupa. Sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo mabibigkis ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka.

Rebolusyonaryong dahas ang tugon sa kontra-rebolusyonaryong dahas na ginagamit ng uring panginoong maylupa upang panatilihin ang kanilang paghahari sa masang magsasaka. Kailangang maglunsad ng armadong pakikibaka para durugin ang reaksyunaryong armadong pwersa na nangangalaga sa interes ng mga panginoong maylupa.

Mabubuo lamang ang mga pangunahing armadong pangkat ng rebolusyong Pilipino sa paglulunsad ng gerang

magsasaka. Kung gayon, sa uring magsasaka nagmumula ang malawak na mayorya ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa pagkakaroon ng hukbong bayan at paglulunsad ng armadong pakikibaka, hakbang-hakbang na nakakapag- ipon ng lakas hanggang sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at rebolusyong agraryo.

#### **D. Paano mabibigkis ang pagkakaisa ng uring magsasaka laban sa uring panginoong maylupa?**

Para maihiwalay ang uring panginoong maylupa at maibagsak ang kapangyarihan nila, pangunahing umaasa sa maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka, at manggagawang bukid. Hini-himok naman ang gitnang magsasaka at ninunyuutralisa ang mayamang magsasaka para sa antipyudal na pakikibaka. Sinasamantala ang mga hidwaan sa pagitan ng naliliwanagan at despotikong panginoong maylupa.

Magkakaiba ang katayuan sa buhay ng iba't ibang saray ng uring magsasaka. Dahil dito, magkakaiba rin ang interes at determinasyon ng iba't ibang saray na ito kaugnay ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

Pangunahing apektado ng problema sa lupa ang mga maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid. Kaya sila ang pinakamaasahang mga pwersa sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Padausdos naman ang kabuhayan ng mga panggitnang magsasaka kaya aktibo silang mapapalahok sa rebolusyong agraryo.

Ang mayamang magsasaka naman ay mayroong mula 30-50 porsyento na kita mula sa pagsasamantala sa masang magsasaka at manggagawang bukid at hindi

maaasahan sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Gayunman sila ay dumaranas din ng panggigipit at pang-aapi mula sa malalaking panginoong maylupa, komersyante-usurero, kumprador burges at mga imperyalista. Maaari silang nyutralisahin sa pagsusulong ng pakikibakang antipyudal at maging pwersang pampakilos sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Upang magkaroon ng kongkretong anyo ang pagbubuo ng rebolusyonaryong lakas ng masang magsasaka, kailangang itayo ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid o ang PKM bilang rebolusyonaryong organisasyon masa ng mga magsasaka.

**E. Ano ang mga batayang paraan ng pakikibaka at pagkilos at mga porma ng organisasyon ng mga magsasaka para isulong ang rebolusyong agraryo?**

Ang armadong pakikibaka ang pangunahing paraan sa pagsusulong ng kilusang magsasaka. Segundaryo ngunit mahalaga ang mga hayag at ligal na porma ng pagkilos at pakikibaka.

Sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka at iba pang iligal na porma ng pagkilos at pakikibaka matitiyak ang matatag na pagsulong ng rebolusyong agraryo. Pero kailangang maglunsad din ng mga hayag at ligal na mga porma ng pagkilos tulad ng petisyon, kumprontasyon at demonstrasyon bilang suporta sa iligal na mga pagkilos. Binibigyan nito ang masang magsasaka ng napakahalagang karanasan at kasanayan sa pagharap sa kaaway, paggigiit ng kanilang mga karapatan, at paglalantad sa mga kaaway at pag-aanunsyo sa buong bayan ng kanilang mga mithiin.

Kailangang mahusay na magamit ang mga ligal at iligal  
— na mga porma ng organisasyon ng mga magsasaka. —

Lubhang mapanupil ang pasistang kaaway sa mga samahang magsasaka. Kaya kailangan ang mga organisasyon ng magsasaka na lihim sa mata ng kaaway at mga elementong di-mapagkakatiwalaan, at kapapalooban ng mga pinakamaaasahan sa hanay ng magsasaka. Nagsisilbing bag-as ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka ang lihim na mga organisasyong magsasaka. Kailangang magkaroon ng tiyak na mga patakaran at pamamaraan para pangalagaan ang pagiging sikreto ng organisasyon.

Bukod sa mga lihim na organisasyon, kailangan din ang mga hayag at ligal na organisasyon ng mga magsasaka para magsilbing daluyan ng ligal na mga pagkilos, kublihan ng mga organisasyong lihim at tulay para maabot at maugnayan ang ibang mamamayan.

#### **G. Paano matatag na sumusulong ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa balangkas ng matagalang digmang bayan?**

Ang pang-aapi at pagsasamantalang dinaranas ng mga magsasaka sa napakahabang panahon at ang tuluy-tuloy nilang paglaban ay nagbunsod para higit silang mamulat at magkaisa. Makikita ito sa mahigit sandaang larangang gerilyang nakakalat sa buong kapuluan, ang paglawak at pagdami ng mga samahang magsasaka, ang paglaki ng BHB, ang pag-iral at pagtatag ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika, at ang pagsigla ng mga kilusang antipyudal sa iba't ibang porma at saklaw.


Isinusulong ang pakikibakang agraryo sa iba't ibang saklaw. Matagumpay na naibaba ang upa sa lupa, naibaba ang interes sa usura, napataas ang sahod ng mga manggagawang bukid, naitaas ang presyo ng produkto

ng magsasaka, naibaba ang resiko sa kopra at presyo sa ilang bilingin at naigiit ang karapatang manatili sa lupang sinasaka. Nawala ang mga mangangalabaw at mga magnanakaw sa baryo. Naparusahan ang ilang despotiko at marami ang nanyutralisa para maisulong ang rebolusyong agraryo. Magiting na nilabanan ng mga magsasaka ang pwersahang pagpapalayas sa kanila ng rehimen para sa mga kontra-magsasakang proyekto nito.

Sa mga lugar na may nakatayo nang organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika, nawawalan na ng saysay ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, at lokal na burukrasya. Gumagana ang mga hukumang bayan na nagpapairal ng tunay na hustisya na di kailanman nakamit ng mamamayan sa mga korte ng reaksyunaryong estado. Umiiral ang sistema ng depensa at pagpapanatili sa seguridad at kaayusan ng lugar na tinitiyak ng BHB, milisyang bayan, at mga yunit pananggol baryo.

Sa mga bayan at lunsod naging aktibo ang kilusang magsasaka hindi lang sa mga isyung antipyudal kundi maging sa antipasista at anti-imperyalistang mga isyu. Dito nagiging mas malawak at mas mahigpit ang pakikipag-alyansa ng mga magsasaka sa iba't ibang demokratikong uri at sektor ng lipunan.

IV.  
ANG REBOLUSYONARYONG PROGRAMA SA REPORMA SA  
LUPA





### **A. Ano ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa?**

Ito ang pagwasak sa monopolyo sa lupa ng uring panginoong maylupa, burgesyang kumprador at mga imperyalista, at ang pagpawi sa lahat ng porma ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Sa programang ito kukumpiskahin at inanasyunalisa ang lupain ng uring panginoong maylupa, burgesyang kumprador at mga imperyalista, at ipapamahagi nang libre sa masang magsasakang wala o kulang ng lupa. Ang libreng pamamahagi ng lupa ay nakabatay sa karapatang magbungkal at hindi malayang maibebenta o mabibili ang lupa. Ibinubunsod din ng programang ito ang kooperasyon sa produksyon ng masang magsasaka.

Ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa ay mayroong minimum at maksimum na layunin. Minimum na layunin nito na ibaba ang upa sa lupa at pawiin ang usura, itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid, bakahin ang pagsasamantalang komersyante-usurero, at itaas ang produksyon. Maksimum na layunin naman nito na wakasan ang monopolyo sa lupa sa pamamagitan ng kumpiskasyon, nasyunalisasyon at pamamahagi nang libre sa mga nagbungkal na walang lupa o kulang sa lupa. Palagiang layunin na mapahusay ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawang agrikultural sa mga asyendang pinapatakbo sa batayang kapitalista.

### **B. Ano ang mga kundisyon sa pagpapatupad ng reporma sa lupa?**

Hakbang-hakbang na ipapatupad ang rebolusyonaryong reporma sa lupa batay sa kakayahan at lakas ng rebolusyonaryong kilusan. Habang nag-iipon pa ng lakas ang kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa buong bayan, makikibaka para mapababa ang upa sa lupa,

mapawi ang usura at mapataas ang sahod ng mga manggagawang bukid,. Makikibaka rin para pataasin ang presyo ng produkto ng magsasaka. Pauunlarin ang produksyon at magtatayo ng karagdagang mga mapagkakakitaan ang masang magsasaka.

Pagkatapos makamit ang pambansang tagumpay ng demokra-tikong rebolusyon ng bayan, kukumpiskahin at inanasyunalisa ang mga lupain ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at imperyalista at ipapamahagi ito nang libre sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa.

**K. Ano ang nasyunalisasyon ng lupa at bakit kailangan ito sa ganap na pagpapatupad ng rebolusyonaryong reporma sa lupa?**

Ang nasyunalisasyon ng lupa ay ang pagsasabansa ng mga lupain ng mga panginoong maylupa, burgesyang kumprador at mga imperyalista. Ipatatupad ito sa ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa pambansang saklaw. Ang mga lupaing ito ay magiging pag-aari ng estado o ng buong mamamayan.

Ipagbabawal ang pagbenta at/o pagbili ng mga lupaing nabanggit upang matiyak na hindi na muling makukonsentra ang lupa sa kamay ng iilan. Ito ang pursigidong paraan para lubusang wakasan ang monopolyo sa lupa at kapangyarihang pampulitika ng mga panginoong maylupa.

Titiyakin din ang mainam na kalagayan para malansag ang pribadong pagmamay-ari at magbibigay-daan para sa kooperatibisasyon ng indibidwal na pagsasaka. Isa itong paraan upang mapokus ang atensyon ng masang magsasaka sa pagpapaunlad ng agrikultura sa pamamagitan ng kolektibong paggawa at mekanisasyon.

**D. Ano ang partikular na mga gabay sa pagpapatupad ng minimum na programa sa reporma sa lupa?**

*1. Kaugnay ng upa sa lupa*

Ibababa ang upa sa lupa hanggang sampung porsyento (10%) ng bawat netong ani, o mas mababa pa. Bilang unang hakbang, maaaring ibaba ang upa ng kalahati (50%) man lamang ng umiiral. Halimbawa, kung 50-50 ang umiiral na partihan, ibababa ito sa 25-75 pabor sa kasamá. Pwedeng gawin ang hakbang na ito sa partihan o sa buwisan.

Nakukuha ang netong ani sa pagbawas ng lahat ng gastos sa pagsasaka sa kabuuang ani. Itatakda ng samahan ng magsasaka ang pagpepresyo ng gastos na ayon din sa kasalukuyang mga presyo.

Ibibigay sa demokratikong gubyernong bayan ang bahagi ng nabawas sa upa sa lupa. Sa pamamagitan ito ng mga samahan ng magsasaka o ng Bagong Hukbong Bayan.

Sabay-sabay na ititigil ng mga kasamá ang pagbabayad ng upa sa lupa kapag malapit nang kumpiskahin ang mga ari-arian ng panginoong maylupa.

*2. Kaugnay ng usura – lubusang papawiin ang usura sa apat na paraan:*

- a) Hihimuking mag-impok ang mga magsasaka.
- b) Pakikilusin ang samahan ng magsasaka bilang kooperatiba.
- k) Ibababa ang interes sa pautang ng 50 porsyento mula sa dinatnan bilang panimulang hakbang. Patuloy itong pabababain hanggang sa antas na mataas lamang nang kaunti sa pinaiiral sa mga bangko.

d) Buburahin ang lahat ng di-makatwirang pautang at muling kukwentahin ang lumang mga utang hanggang sa limang taong nagdaan alinsunod sa interes na itinakda (mas mataas nang kaunti sa interes sa mga bangko) at base sa pangkalahatang pulong ng samahang magsasaka.

Sa pagbababa ng interes, dapat itakda ito sa porsyentong papayag pang magpahiram ang nagpapautang at nakikinabang naman ang mga nangungutang.

3. *Kaugnay ng gastos sa pagsasaka:*

Babayaran nang walang interes, at babawasin sa kabuuang ani, ang anumang gastos sa pagsasaka, laluna sa binhi, na pwedeng sagutin ng panginoong maylupa. Uusisain ng samahan ang bawat kasunduan ng panginoong maylupa at kasamá sa pautang. Hindi hahayaan ang sinumang panginoong maylupa na obligahin ang kasamá na umutang sa kanya o sa sinumang usurero.

4. *Kaugnay ng pagpapababa ng paarkila sa hayop at kagamitang pansaka:*

Ibababa ang paarkila sa hayop at kagamitang pansaka na parehong pag-aari ng panginoong maylupa. Ibabatay ito sa desisyon ng samahan ng magsasaka. Hihikayatin ang mga mayamang magsasaka at mataas na panggitnang magsasaka na ibaba rin ang paarkila nila.

5. *Kaugnay ng anumang klase ng tributo:*

Hindi hahayaang humingi ng anumang klase ng tributo sa pamilya ng mga kasamá ang sinumang panginoong maylupa, administrador o katiwala. Sa porma man ito ng pagtatrabaho, pagpapaalila, pera o anumang

produkto mula sa pangunahin o dagdag na hanapbuhay ng mga kasamá.

*6. Kaugnay ng sahod:*

Hihikayatin ang mga mayamang magsasaka at mataas na panggitnang magsasaka na itaas ang sahod ng mga manggagawang bukid o ibaba ang upa ng mga kasamá sa lupa, ayon sa mga istandard na itinakda ng samahan ng magsasaka. Hindi magiging dahilan ang mga istandard na ito para mawala ang katayuan nila bilang mayaman at mataas na panggitnang magsasaka.

*7. Kaugnay ng mga kalamidad:*

Kapag 20 porsyento ng ani o higit pa ang nasira ng baha, tagtuyot, peste, sunog, aksyon ng kaaway, o anumang kalamidad, hindi magbabayad ang kasamá ng anumang upa sa lupa sa panginoong maylupa. Kapag 50 porsyento o higit pa ang nasira sa ani, hindi magbabayad ang kasamá ng anumang upa sa lupa para sa kasalukuyang ani at pati sa susunod. Makatarungang didesisyunan ng samahan ng magsasaka ang bayad sa naging mga utang dahil sa pagkasira ng ani. Pwedeng burahin ng samahan ng magsasaka iyong hanggang sa halaga ng nasira.

*8. Kaugnay ng karapatan sa pagbubungkal*

Kung binitiwang ng kasamá sa anumang dahilan ang karapatang magbungkal ng lupa, responsibilidad ng samahan na pagpasyahan kung kanino dapat mapunta ang karapatang bungkalin ang pwesto. Ibibigay ito sa malapit na kamag-anak ng dating kasamá, o sa sinumang manggagawang bukid o maralitanang magsasaka.

## **E. Paano pakikitunguhan ang mga kaaway at kaibigan ng rebolusyon sa kanayunan sa pagpapatupad ng maksimum na programa sa reporma sa lupa?**

### *1. Kapitalistang dayuhan at lokal*

Mahigpit na ipagbabawal ang pagmamay-ari o pagkontrol ng malalaking kapitalistang dayuhan sa kahit kapisasong lupang agrikultural. May karampatang aksyon sa kanila at sa kanilang mga tuta sa anumang paglabag dito.

Matapos ang pambansang tagumpay, kukumpiskahin at inanasyunalisa ng demokratikong gubyernong bayan ang mga lupaing agrikultural na pinatatakbo sa batayang kapitalista.

Depende sa kongkretong mga kalagayan, maaaring lubos na kontrolin ng demokratikong gubyernong bayan ang mga asyendang pinatatakbo sa batayang kapitalista, o kaya'y hayaan ang mga may-ari (pambansang burgesya, mayamang magsasaka) na patuloy na ariin at pamahalaan ang mga asyenda, alinsunod sa mahigpit na mga kundisyon, tulad ng pagpapahusay sa kalagayan sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawa, at pagbabayad ng buwis (na ang malaking bahagi ay pera) sa demokratikong gubyernong bayan.

Taun-taong magbabayad ng bai-baitang na buwis sa kita (*income tax*) ang mga korporasyon o indibidwal na kapitalistang namumuhunan sa agrikultura. Mula sampu hanggang 50 porsyento ito ng netong kita.

### *2. Panginoong maylupa*

Kukumpiskahin at inanasyunalisa ang lupain ng mga panginoong maylupa at ipapamahagi nang libre batay sa karapatang magbungkal sa mga pamilya ng mga

maralitang magsasaka at mababang panggitnang magsasaka.

Pero sa bawat panahon at lugar, pangunahing target ang mga panginoong maylupa na may malawak na pag-aari, nangamkam ng lupa, nasa poder, at despotiko. Sila ang nangunguna sa pagsupil sa rebolusyonaryong kilusan at kadalasang may utang na dugo.

Sila at ang mga tuta nila na marahas na lumalaban sa reporma sa lupa ay aarestuhin ng milisya, mga lokal na gerilya, o mga regular na yunit ng Hukbong Bayan para litisin ng hukumang bayan.

Ituturing na naliliwanagan ang mga panginoong maylupa na sumusunod sa rebolusyonaryong mga patakaran sa reporma sa lupa at sumusuporta sa armadong pakikibaka. Papayagan silang magmay-ari ng sariling bahay, personal na pasilidad at negosyo sa industriya o komersyo, o kapirasong lupang halos kasinlaki ng lupang pag-aari ng isang mayamang magsasaka, kung sila mismo ang magbubungkal ng lupa.

Iyong mga panginoong maylupang hindi gumawa ng malubhang krimen laban sa mamamayan ay papartihan ng lupa na kapareho ang laki at kalidad sa ibibigay sa maralita at mababang panggitnang magsasaka. Ito ay sa kundisyong handa silang magbungkal ng lupa at magbago ng pananaw sa pamamagitan ng sariling paggawa.

Parurusahan, ayon sa bigat ng krimen, ang sinumang panginoong maylupa na gumagamit ng dahas o anumang kontra-rebolusyonaryong hakbang laban sa reporma sa lupa. Pero bibigyan ng pagkakataong magkaroon ng ikabubuhay ang ibang myembro ng pamilya nito, kabilang ang karapatang magmay-ari at

magbungkal ng isang parsela ng lupa, kung susunod sila sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan.

### 3. *Komersyante*

Makatarungang pakikitunguhan ang mga komersyante.

Lalabanang pagsasamantalang ginagawa nila pero papayagan silang kumita ng makatwirang ganansya.

Pagbabawalan ang mga ito na lumabag sa mga kontrata, mang-usura, kumaltas ng sahod ng mga manggagawa, mandaya sa kwenta, at gumawa ng iba pang porma ng pagsasamantala. May karampatang aksyon ang anumang paglabag dito.

### 4. *Mayaman at mataas na panggitnang magsasaka*

Hindi kukumpiskahin ang sobrang lupa at iba pang kasangkapan sa produksyon ng mayaman at mataas na panggitnang magsasaka. Gayunman, hihikayatin sila na itaas pa ang sahod ng mga manggagawang bukid na inuupahan nila, o ibaba ang upang ibinabayad sa kanila ng mga kasamá, ayon sa mga istandard na itinakda ng samahan ng magsasaka.

Ituturing na pag-aari ng panginoong maylupa, at kukumpiskahin, ang lupa na inuupahan ng mayaman at mataas na gitnang magsasaka. Sa ganitong kaso, tatanggap sila ng sapat na parte sa libreng pamamahagi ng lupa. Magbabayad sila ng sampung porsyento ng netong ani bilang buwis agrikultural.

### 5. *Gitnang-panggitnang magsasaka*

Papartihan ang mga gitnang-panggitnang magsasaka ng lupang ipapamahagi nang libre para mapataas ang antas ng kanilang pamumuhay. Ito ay sa kundisyon na hindi sila magiging mataas na panggitnang



magsasaka o mayamang magsasaka dahil sa makukuha nilang parte.

Pagbabayaran sila ng limang porsyento ng netong ani nila bilang buwis sa agrikultura.

#### 6. *Maralita at mababang panggitnang magsasaka*

Ipapamahagi ang lupa ayon sa prinsipyo ng pagpapantay-pantay ng ari-ariang lupa at pagtulong sa maralita at mababang panggitnang magsasaka na maging gitnang-panggitnang magsasaka. Konsiderasyon ang kabuuang laki ng lupang ipapamahagi sa lugar, ang laki at lakas-paggawa ng bawat pamilya, at ang kalidad, lokasyon at sukat ng lupa.

Dalawang porsyento ng netong ani ang buwis agrikultural nila.

#### 7. *Manggagawang bukid*

Sa mga sakahang kapitalista, lubos na susuportahan ang pag-uunyon ng mga manggagawa at ang pagtamasa ng mga manggagawang bukid at iba pang manggagawa sa demokratikong mga karapatan nila. Lubos na susuportahan din ang paggigiit ng mga unyon na pahasayin ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay at makuha ang iba pang benepisyo.

Hangga't maaari, papartihan sila ng loteng magagamit sa paghahanapbuhay na mapagkukunan ng dagdag na pagkain at kita.

Buwanang pagbabayaran sila ng buwis na lima hanggang sampung porsyento (5-10%) ng dagdag na sahod na nakuha sa tulong ng demokratikong gubyernong bayan o ng hukbo nito. Bukod ito sa butaw sa unyon.

## 8. *Maralitang setler at pambansang minorya*

Sa mga trosohan, kaingin, pastulan, at eryang reklamasyon, titiyakin sa mga setler at pambansang minorya na sila ang magmamay-ari ng homisted o lupang binubungkal nila. Hihikayatin sila na lalo pa itong paunlarin. Itataguyod ang pagkakaisa ng mga setler at ng dati nang mga nakatira sa prontera.

Ililipat sa mga prontera ang mga magsasakang walang lupa para malutas ang kakulangan ng lupa sa ilang lugar. Gayunman, hindi papayagan ang anumang paglabag sa karapatan ng mga pambansang minorya at mga dati nang nakatira sa prontera.

## 9. *Iba pa*

Papartihan din ng lupa ang mga manggagawa, tagayaring-kamay, maglalako at iba pang maralitang di magsasaka pero handang magbungkal ng lupa. Kung patuloy silang maghahanapbuhay bukod sa pagbubungkal ng lupa, gagawa ng angkop na pag-aayos sa kanilang parte.

Ang mga dependyente ng mga rebolusyonaryong martir, kadre't Pulang mandirigma ay may prayoridad sa partihan ng lupang ipinapamahagi nang libre. Kung wala silang sapat na lakas-paggawa, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan na ibibigay sa kanila ng lokal na samahan ng magsasaka ang lahat ng tulong na kailangan para mabungkal ang kanilang lupa.

## **G. Paano itataguyod ang mahusay na kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng manggagawang agrikultural sa mga sakahang kapitalista?**

Lubos na susuportahan ang pag-uunyon ng mga manggagawa sa mga sakahang kapitalista para mapahusay ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay nila, at

makuha ang iba pang benepisyo. May karapatan ang unyon na alamin ang tunay na kwenta ng kumpanya para magkaroon sila ng matibay na batayan sa paggigiit sa mga ito.

*1. Pakikibaka para sa mahusay na kundisyon sa pagtrabaho at pamumuhay*

Tinutukoy ang seguridad sa trabaho, makatwirang sahod, mahusay na pasilidad, pabahay, pribilehiyo sa bakasyon, mga plano sa pensyon, mga tindahang kooperatiba na may batayang mga kalakal sa mababang presyo, libreng mga serbisyo sosyal, kompensasyon sa namatay o naaksidente at iba pa.

*2. Ang patakaran sa pagrerekrut ng manggagawang bukid sa hanay ng masang magsasaka*

Susuriin at gagawan ng kaukulang aksyon ng samahang magsasaka ang anumang kontrata o plano na ginagamit ng panginoong maylupa, administrador, katiwala, o kontratista sa paggawa para magrekrut ng mga manggagawang bukid sa hanay ng masang magsasaka sa lokalidad. Pangangalagaan ang mga karapatan nila sa pulitika at ekonomya. Maaari rin silang sumapi sa unyon sa pinagtatrabahuan nila.

Ipagbabawal ang di-makatwirang kontrata, usura, pagkaltas ng sahod ng mga manggagawa, pandaraya sa kwenta, at iba pang porma ng pagsasamantala.

## **H. Paano pangangasiwaan ng demokratikong gubyernong bayan ang gawain sa reporma sa lupa?**

Magtatatag ang demokratikong gubyernong bayan ng mga komite sa reporma sa lupa sa bawat antas. Bibigyan ang mga komite ng awtoridad na magdesisyon sa mga

problemang hinggil sa reporma sa lupa. Tutulungan sila ng mga yunit ng BHB.

1. *Momobilisahin ang masang magsasaka ng samahan ng mga magsasaka at mga namumunong organo nito kaugnay ng:*

- a) pagsusuri kung saang uri kabilang ang mga pamilya sa mga lokalidad;
- b) pag-alam kung ilan ang pwedeng magtrabaho at ilan ang dependyente sa bawat pamilya o bubong;
- k) pagguhit ng tamang mapa na nagpapakita ng mga lupaing kukumpiskahin at mga lupaing katabi nito, at tutukuyin ang kalidad at sukat ng mga parsela bago ipamahagi nang libre ang lupa at pagkaraang ipamahagi ito.

2. *Isang daluyan ang mga pulong masa para mapatibay ang determinasyon ng masang magsasaka na isulong at ipagtagumpay ang pakikibaka para magkaroon ng lupa.*

Sa mga ito naililinaw ang pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Gayundin ang umiiral na linya tungkol sa reporma sa lupa sa bawat lugar. Dito, bibigyan ng buong laya ang pagbubuhos ng hinaing laban sa pang-aapi ng mga imperyalista, panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Natutukoy din ang solusyon sa umiiral na mga problema at napapasigla ang diwa ng kooperasyon sa produksyon.


3. *Susi ang tagumpay ng reporma sa lupa para makaasa sa sarili ang demokratikong gubyernong bayan.*

Sisingil ito ng buwis sa masang magsasaka. Bubuwisan ang bawat pamilya o bubong sa porma ng produkto o pera.

Pwede lamang itaas ang buwis agrikultural kung may mga tiyak na dahilan, tulad ng pagtindi ng gera at pagsuporta sa mga nasalanta. Ang dagdag na buwis ay hindi dapat sumobra sa doble ng karaniwang buwis.

V.

ANG PAMBANSANG KATIPUNAN NG MGA MAGBUBUKID  
(PKM) ANG REBOLUSYONARYONG ORGANISASYONG MASA  
NG MAGSASAKA AT MANGGAGAWANG BUKID  
SA PAGSUSULONG NG REBOLUSYONG AGRARYO  
AT DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN.



## **A. Ano ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM)?**

Ito ay isang rebolusyonaryong organisasyong masa na binubuo ng mga magsasakang boluntaryong sumapi dito. Hakbang-hakbang itong itinatayo sa mga baryo, munisipalidad at probinsya.

Layon ng organisasyon na bigkisin ang masang magsasaka para isulong ang rebolusyong agraryo at demokratikong rebolusyong bayan.

## **B. Sino ang maaaring sumapi sa PKM?**

Maaaring maging kasapi ng PKM ang mga maralitang magsasaka, manggagawang bukid, gitnang magsasaka at iba pang mahirap na mamamayang naninirahan sa kanayunan. Boluntaryo ang pagsapi sa samahan. Aaprubahan ito ng namumunong komite ng balangay ng samahan sa baryo.

Pagkakumpleto sa libreng pamamahagi ng lupang kinumpiska sa mga panginoong maylupa, ibubukas ang pagsapi sa mayayamang magsasaka. Kailangang aprubahan ito ng isang pangkalahatang pulong ng balangay sa baryo o ng kumperensya sa mas mataas na antas. Pero hindi sila pwedeng mahalal sa namumunong mga komite ng PKM.

## **K. Ano ang mga karapatan at tungkulin ng mga kasapi?**

1. *Mga karapatan ng kasapi ng samahan ang sumusunod:*

- a) Magsalita, bumoto, maghalal at mahalal sa samahan, at magmungkahing alisin o palitan ang sinumang kagawad ng samahan.
- b) Makinabang sa mga karapatan at proteksyong ibinibigay ng samahan.

k) Magkaroon ng prayoridad sa paggamit ng mga pasilidad ng samahan sa ekonomya at kultura.

2. *Tungkulin naman ang sumusunod:*

- a) Sumunod sa mga alituntunin ng samahan.
- b) Sumunod at tumupad sa mga desisyon nito.
- k) Magbayad ng butaw.

**D. Paano ang sistema ng organisasyon at pagpopondo?**

Nakabatay ang lakas ng PKM sa mahigpit na pagkakaisa ng buong organisasyon, at ng namumuno at pinamumunuan.

Kailangang sundin ng indibidwal ang mga alituntunin at desisyon ng organisasyon. Gayundin, kailangang sundin ng minorya ang kaisahan ng mayorya. Garantiya ito na mangingibabaw ang interes ng samahan at nakararami sa makitid na interes ng iisa o iilang kasapi.

Tungkulin ng pamunuan ng samahan na alamin ang mga problema, kalagayan at palagay ng mga kasapi, upang makabuo ng wastong mga desisyon.

Tungkulin ng mga kasapi na ipaabot sa mga namumuno ang nakikitang mga problema, palagay at mungkahi nila, upang maagap na maaksyunan ang mga ito.

Sa mahigpit na pagtutulungan ng pamunuan at mga kasapi, matitiyak ang matatag na pagharap ng samahan sa mga kaaway at maisusulong ang rebolusyonaryong mga gawain.

Ang balangay sa baryo ang batayang yunit ng organisasyon. Nakakataas dito ang mga organisasyon sa munisipalidad, distrito at probinsya. Ihahalal ang mga namumunong komite sa bawat antas. Titiyakin ng mga komite na kolektibo ang kanilang pamumuno.



Ang pondo ng samahan ay magmumula sa butaw ng mga kasapi. Bawat kasapi na maralitang magsasaka o manggagawang bukid ay magbabayad ng taunang butaw na anim na piso (P6) o katumbas nito sa butil. Ang bawat kasapi na gitnang magsasaka ay magbabayad naman ng taunang butaw na labindalawang piso (P12) o katumbas nito sa butil. Ibibigay ang butaw sa balangay sa baryo pagkatapos ng anihan.

## **E. Ano ang mga tungkulin ng PKM?**

### *1. Sa larangan ng pulitika:*

- a) Pagbuklurin ang maralita at gitnang mga magsasaka at manggagawang bukid at lahat na mapapakilos laban sa paghahari ng uring panginoong maylupa at para sa demokratikong rebolusyong bayan.
- b) Hakbang-hakbang na ipatupad ang reporma sa lupa hanggang sa maksimum na layunin mula sa minimum.

Ang Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa na naglalaman ng programa at mga hakbang sa rebolusyong agraryo ang patnubay ng PKM sa pagpapatupad nito.

- k) Maglunsad ng mga pag-aaral at pagkilos para maitaas ang pag-unawa ng masang magsasaka sa mga prinsipyo ng demokratikong rebolusyong bayan.
- d) Suportahan ang mga patakaran ng demokratikong gubyernong bayan at ipagtanggol ang mga tagumpay na nakamit ng sambayanan sa pakikibaka sa imperyalismo at pyudalismo.
- e) Makipagtulungan sa ibang organisasyon ng magsasaka, ng kabataan at ng kababaihan.

### *2. Sa larangan ng ekonomya:*

- a) Magsilbing kooperatiba pangunahin ng maralitang mga magsasaka at manggagawang bukid.

Laging pauunlarin ng PKM ang iba't ibang porma ng kooperasyon tulad ng bayanihan at palusong.

- b) Tulungan ang pamilya ng mga mandirigma ng BHB at rebolusyonaryong martir at tiyakin na nakikinabang sila sa reporma sa lupa sa baryo.
- k) Maglunsad ng mga kampanya para mapaunlad ang produksyon at madagdagan ang kita ng mga manggagawang bukid at maralitang magsasaka.
- d) Sa produksyon, tumulong sa sektor ng kabataan, kababaihan, atbp.

### 3. *Sa larangan ng militar:*

- a) Palagiang magrekluta ng mga Pulang mandirigma mula sa uring magsasaka.
- b) Magbigay ng suportang materyal sa Bagong Hukbong Bayan.
- k) Kasama ng milisya, manguna sa pagtatanggol ng baryo. Kumilos sa gawaing komunikasyon, paniktik at iba pang gawain ng hukbong bayan.
- d) Umalalay sa pamilya ng mga mandirigma ng BHB at buong panahong aktibista.

### 4. *Sa larangan ng kultura:*

- a. Magdaos ng mga pag-aaral para mapataas ang kakayahan ng masang magsasaka at iba pang mamamayan sa pagbasa, pagsusulat, at pagkwenta. Pauunlarin din ang kaalaman at kakayahan sa produksyon, administrasyon, at iba pang kakayahang teknikal.
- b. Makipagtulungan sa kabataan, kababaihan at iba pang sektor sa pagpapalaganap ng makamasa,

makabayan at syentipikong kultura. Maglunsad ng mga kampanya para sa tuluy-tuloy na edukasyong pampulitika at pang-ideolohiya at pagbaka sa mga pamahiin at mga pyudal at burges na kaisipan.

- k. Maglunsad ng mga kampanya para mapabuti ang kalagayan ng kalusugan.
- d. Manguna sa pagpapahusay ng relasyon sa hanay ng mamamayan.

### **G. Paano magsisilbing kooperatiba ang PKM?**

Magsisilbing kooperatiba pangunahin ng mga maralita at panggitnang magsasaka at manggagawang bukid ang samahan ng magsasaka sa antas ng baryo pataas. Ipatatupad ang iba't ibang porma ng kooperasyon sa hanay ng mga kasapi para maitaguyod ang kapakanan ng lahat, mapataas ang produksyon, mabawasan ang gastos sa produksyon, at mapawi ang pangungutang sa mga usurero.

Popondohan ang kooperatiba mula sa kontribusyon o sapi ng mga kasapi. Gagamitin ito sa sumusunod:

- pagbili ng mga kasangkapan ng produksyon na hindi kayang bilhin ng iisang tao o pamilya;
- pamamakyaw ng mga batayang kalakal na ititingi sa presyong mas mababa sa umiiral;
- pagpapautang sa mga kasapi;
- pagtugon sa iba't ibang pangangailangan tulad ng dagdag na hanapbuhay, medikal, pang-edukasyon at transportasyon.

Magiging basehan ang mga lupa ng kooperatiba para sumulong sa mas matataas na antas ng kooperasyon.

## ENDNOTES

- 1 Magkakaiba ang mga pahayag at estadistikang inilalabas ng reaksyunaryong gobyerno. Halimbawa, sa lupaing agrikultural ayon sa Bureau of Agricultural Statistics noong 1993 ay 12.61 milyong ektarya, samantalang 9.974 milyon naman ito ayon sa sensus ng agrikultura ng 1991 NCSO noong 1991. Kinuha na lamang ang abereyds ng mga datos na ito para sa mas simpleng presentasyon.
- 2 Ang *alienable & disposable lands* ay mga lupaing publiko na klinasipika ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na pwede nang ariin, patituluhan o ipamahagi para gamitin bilang taniman o para sa paghahayupan. Karamihan sa nabibigyan nito ay mga panginoong maylupa (PML). Halimbawa, sa Masbate iginawad ng reaksyunaryong gobyerno sa malalaking PML ang malawak na lupain na ginawang rantso sa halagang P20 bawat ektarya bawat taon.
- 3 Mga lupaing ginagamit sa agrikultura tulad ng mga palayan, maisan, niyugan, tubuhan, prutasan, gulayan, plantasyon, *orchard* o sakahang komersyal, manukan, babuyan, palaisdaan, pastulan, rantso, at iba pang paghahayupan.
- 4 DISTRIBUSYON NG MGA MAY-ARI NG LUPA

LAWAK (sa ektarya)	BILANG NG MAY-ARI	% SA KABUUJANG BILANG NG MAY-ARI	KABUUJANG LAWAK	% SA LAWAK
50.1 pataas	9,466	0.45	1,854, 179	20.79
24.1 – 50	20,353	0.99	654,828	7.34
15.1 – 24	48,376	2.35	912,790	10.24
12.1 – 15	33,929	1.64	454,953	5.10
7.1 – 12	158,879	7.70	1,451,412	16.28
3.1 – 7	414,209	20.08	1,934,289	21.68
3 pababa	1,377,508	66.78	1,655,550	18.56
KABUUAN	2,062,720	100.00	8,918,011	100.00

*PINAGHALAWAN: 1991 Statistical Yearbook on Agrarian Reform, batay sa Listasaka I and II.*

- 5 30,000 ektarya ang pinakakonserbatibong tantya ng mga lupaing kontrolado ni Danding Cojuangco sa buong kapuluan, na sumasaklaw sa asyenda ng tubo at orchard sa Negros, manggahan sa Davao del Sur, maisan sa Cotabato, niyugan sa Timog Katagalugan, mga asyenda sa Isabela, rantso, niyugan at cock farm sa Palawan, at marami pang iba na nasa pangalan ng ibang tao o ng korporasyon gaya ng San Miguel.
- 6 PAGLAWAK NG MGA PLANTASYON SA MINDANAO, 1985-1995 (sa ektarya)

	1985	1995	2002
Dole Phils.	35,000	90,000	100,000
Phil. Packing Corp. (Del Monte)	20,000	44,000	64,000
United Fruit (Chiquita) (TADECO)			11,000+
Guthrie	16,000	32,000	32,000
<b>Total</b>			<b>207,000</b>

*Pinaghalawan: FFE Septyembre 1985-1995.*

- 7 Sa Kordilyera, apat na dayuhang kumpanya (Benguet mines, Lepanto, Philex at Itogon-Suyoc mines) ang sumasakop sa mahigit 18,000 ektarya ng lupain habang may nakahain pa itong aplikasyon sa ilalim ng FTAA para sa 1.4 milyong ektarya na sasaklaw sa halos 75% ng buong Kordilyera. Sa hangganan ng Nueva Vizcaya – Quirino, ang Climax Arimco Mining Corp. (CAMC), isang kumpanyang Australiano, ay agresibong namimili ng mga lupain upang itayo ang minahan ng ginto at tanso. Target ng kumpanya na minahin sa loob ng 14 na taon ang tinatayang 4 na milyong *ounces* ng ginto at tanso sa Sitio Bacbacan sa pusod ng kabundukan ng Mamparang. Sa Surigao del Sur, ang Benguet Corp. ay nagsimulang magmina ng karbon habang nagaganap ang eksplorasyon ng Philippine National Oil Co. sa probinsya. Naaprubahan na rin ang Mineral Production Sharing Agreement ng Hinatuan Mining Corporation para magmina ng nikel sa 2,426.51 ektarya sa Hinatuan, Surigao del Sur. Isusunod ang mga kumpanya sa pangisda.

8 NANGUNGUNANG MGA KORPORASYON SA PANGISDAAN

Ocean & Coastal Fishing:	Fish Farms (aquaculture):
Mar Fishing Corp.	DFL Farm and Products
RBL Fishing Corp.	Saranggani Seafood, Inc.
Frabelle Fishing Corp.	Phil. Prawn Farm, Inc.
Irma Fishing	AAA Marine Dev't. Corp.
San Andres Fishing	Dole Philippines
Unity & Dev't. Fishing	San Miguel Corp.
Belen & Sons Commodities	Golden Head Farms
Zamboanga Universal Fishing	Maribojoc Fishpond
RD Tuna Ventures	Aqua Rich, Inc
RD Fishing Industries	Phinma Fisheries

*Pinaghalawan: Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR),  
Pamalakaya 2000 Research*

- 9 Ang Pilipinas ang isa sa mga may pinakamabilis na nakakalbong kagubatan sa buong mundo. Mula 1990-1996, umabot sa 1.5 milyong ektarya ng kagubatan ang nakalbo (*Encarta 2004*). Magmula 1968, ang dating 17 milyon ektaryang kagubatan ay nakalbo na tungo sa 6 milyong ektarya na lamang pagsapit ng 1990. May 8.4 milyong ektarya naman sa 13 lalawigan ang gumuho bunga ng pagkakalbo ng kagubatan. At bawat taon, mula 80 hanggang 160 milyong tonelada ng lupa ang gumuguho mula sa kabundukan at nagdudulot ng mga tagtuyot at biglaang pagbaha (*IBON Nov. 30, 1991*). Ang matinding pagkalbo sa kagubatan ay nagbubunga ng grabeng kalamidad, tulad ng naganap na *flashflood* sa Ormoc, Leyte noong 1991 na pumatay sa 5,000 katao.

- 10 Mindanao Countrysides, 1988.
- 11 Kapansin-pansin ang tumitinding rekonsentrasyon ng lupa kung ikukumpara sa kasalukuyan ang lawak ng pag-aaring lupain ng ilang PML noong panahon bago mag-Martial Law. Halimbawa, si Floirendo na nagmula sa ilang daang ektarya noon, ay may mahigit nang 11,000 ektarya ngayon; si Dimaporo, mula sa mahigit 2,000 ektarya noon, ay umaabot na sa 10,000 ektarya ngayon; si Angara, mula sa wala pang isang libong ektarya noon, ay siya na ngayon ang isa sa pinakamalalaking PML sa Aurora; at si Danding Cojuangco, na pinakamalaking PML sa bansa ngayon, ay may mahigit na sa 30,000 ektaryang lupain at agresibo pa siyang nagpapalawak upang maangkin ang monopolyo sa agrikultura.
- 12 Iba't iba ang kundisyon at katawagan sa pang-uusurang laganap sa kanayunan: Sa Gitnang Luzon: takipan (100%); talindua (50%); tersyohan (5%); 5-6 (20%). Sa Visayas: duha kontra lima (150%); isa kontra lima (400%). Sa Mindanao: sagahay (50%); lukap (100%) at lunod patay (500%). Bukod sa mga interes na ito, naobligang ring ibenta ng magsasaka ang kanyang produkto sa komersyante-usurero batay sa presyong itinakda nito. Sa ibang lugar, laganap ang anyo ng pagpapautang na sa halip na salapi, gamit sa produksyon tulad ng binhi, abono at pestisidyo ang ipinapautang. Sa Bohol, ang isang sakong abono ay binabayaran ng dalawang kabang tuyong palay o tatlong kabang palay na di pa binibilad. Sa mga kaingin, sa bawat isang baldeng binhi, katumbas ay apat na balde o isang sakong palay.
- 13 “Mga Karagdagang Klaripikasyon sa mga usaping lumitaw kamakailan tungkol sa pagsusuri sa kalagayan ng masang magsasaka sa kanayunan,” Pambansang Kumperensya sa Gawaing Masa, 2002
- 14 Iba-iba ang katawagan dito. Sa ilang lugar sa Gitnang Luzon ang tawag dito ay “tali”, “taraw” o “atorga”; sa Visayas at Mindanao ay “dumdum” o “prendis” (na nagmumula sa “friend days”) at sa Bohol at Negros ay “bidding.” Sa bidding, ang pinakamababang “bid” ng kukuning parte ng manggagawang bukid ang siyang bibigyan ng PML ng karapatang magtrabaho. Halimbawa, kahit na 1:7 ang hatian sa pag-ani, kung may “bidder” na 1:8, siya ang makakakuha ng trabaho.
- 15 Halimbawa, naiulat na may mga namatay na manggagawa sa International Rice Research Institute (IRRI) dahil sila ang tagapagtesting ng mga pestisidyo para sa sakahan.

- 16 (“*Mga Karagdagang Klaripikasyon sa mga usaping lumitaw kamakailan tungkol sa pagsusuri sa kalagayan ng masang magsasaka sa kanayunan*”, Pambansang Kumperensya sa Gawaing Masa, 2002)
- 17 Tampok na katangian ng pulitika sa kanayunan ang *warlordismo* o paggamit ng dahas upang makapangibabaw sa kapangyarihang pampulitika sa lokalidad. Mula sa pyudal hanggang sa malapyudal na kaayusan, buu-buong napapanatili ng mga angkan ng panginoong maylupa ang henerasyon ng kanilang kontrol sa bawat bayan, probinsya at rehiyon. Halimbawa, naitatag ang dinastiyang paghahari ng mga Cojuangco sa Gitnang Luzon, Danding Cojuangco sa Negros at iba pang lugar, Joson sa Nueva Ecija, Floirendo sa Davao del Norte, Yulo sa Laguna, Remulla sa Cavite, Larrazabal sa Leyte, Durano sa Cebu, Lumauig sa Ifugao, Singson sa Ilocos Sur, Marcos sa Ilocos Norte, Dy sa Isabela, Enrile sa Cagayan, Paredes sa Abra, Espinosa sa Masbate, Rabat sa Davao Oriental, Plaza sa Agusan, Dimaporo sa Lanao, Lobregat sa Zamboanga, atbp. Kontrolado nila ang lokal na burukrasya, militar at pulisya. Si Danding Cojuangco ang pinakadominante at pinakamakapangyarihang warlord sa buong bayan na kumukontrol at umiimpluwensya di lamang sa lokal kundi sa mga pambansang opisyal.
- 18 Pitong manggagawang bukid at tagasuporta ang napatay sa masaker na ito, 72 ang nasugatan at naospital, at 110 ang ikinulong, kasama na ang mga sakadang dumayo pa para lamang makapaghanapbuhay.
- 19 Halimbawa nito ay ang kaso ng anim na magsasaka mula sa Mamburao, Occidental Mindoro na sa simula (1997) ay kinasuhan ng pagnanakaw ng ani, pero hanggang sa ngayon ay nakapiit dahil kinasuhan ng pagpatay sa magkapatid na Quintos, pamilya ng despotikong panginoong maylupa sa lugar. Sa Laguna, may anim na kababaihang magsasakang kinasuhan ng pagnanakaw ng 680 kilo ng prutas. Sa Negros, 17 magniniyog ang kinasuhan ng *qualified theft* o pagnanakaw. Sa Caquilingan, Cordon, Isabela, arson naman ang krimeng isinampa sa pitong magsasakang nagsunog ng damo para hawanin at linisin ang tatanimang lupa sa lugar.
- 20 Halimbawa nito ay si Ric Reyes na tumatayong *resource person* ng World Bank. Kasama niya si Jaime Tadeo at Manuel Quiambao na aktibong naninira sa rebolusyonaryong kilusan.
- 21 Isa pang halimbawa ang sibuyas. Malaking naapektuhan at nasira ang kabuhayan ng halos 35,000 magsasaka sa Nueva Ecija at Pangasinan na



ang malaking ikinabubuhay ay ang pagtatanim ng sibuyas. Nakakaani sila ng halos 170,000 tonelada taun-taon habang ang lokal na konsumo nito ay 140,000 bawat taon. Naibebenta nila ito ng P40.00/kilo. Noong 1998, binaha ang bansa ng imported na sibuyas na nagkakahalaga lamang ng P18/kilo. Dahil dito, maraming magsasaka ang nawalan ng ikinabubuhay.

- 22 Ayon sa mga pananaliksik, ang *GMO* na lilikha ng panibagong mga binhing ginamitan ng mga kemikal at pestisidyo ay nakasisira o nakamamatay ng lokal na binhi at papatay sa lahat ng organismo na lalapit dito maging iyong positibong organismo sa paligid. Ang halimbawa nito ay ang Bt corn na itinutulak ng Monsanto. Sa teknolohiyang *GMO*, binabago ang katangian o semilya ng halaman upang di umano'y magkaroon ng sariling panlaban sa mga peste o insekto, kaya hindi na raw gagastos sa pestisidyo ang mga magsasaka. Subalit hindi rin naman lalaki o mamumunga ang mga ito kung hindi susuplayan ng gamot na galing din sa kumpanyang gumawa ng binhi. Tiyak ang malaking tubo ng mga kumpanyang tulad ng Monsanto dahil isang package (binhi at gamot) agad ang obligadong bilhin ng mga magsasaka.
- 23 Ang terminator seed ng hybrid na palay ay minsanan lang itinatanim; ipinagbibili ito sa halagang P2,400/40 kilo noong 2005.
- 24 Ang 13 magsasakang napatay sa Mendiola Masaker ay sina: Danilo Arjona; Leopoldo Alonzo; Adelfa Aribe; Dionisio Bautista; Roberto Caylao; Vicente Campomanes; Ronilo Dumunico; Dante Evangelio; Angelito Gutierrez; Rodrigo Grampan; Bernabe Laquindanum; Sonny Boy Perez; at Roberto Yumul.
- 25 Sa panahon ni Estrada naganap ang Tungkong Mangga Masaker sa San Jose, Del Monte, Bulacan. Nasawi ang apat na magsasaka at nasugatan ang dalawa pa nang sila'y paulanan ng bala ng mga tropa ng Philippine Marines at pribadong gwardiya ni Gregorio Araneta III. Nais ni Araneta na palayasin ang mga magsasaka sa 1,000 ektaryang real estate. Ang mga namatay ay sina Alexander Suan, Roberto Tadle, Mario Arozo, at Benedicto Dalaguit. Sugatan naman sina Maximo Suan at Santos Tadle Jr. Mga myembro sila ng Samahang Magsasaka ng Tungkong Mangga (SMTM).
- 26 Umaabot na sa 12 milyon ang bilang ng mga overseas Filipino contract workers (OCW) noong katapusan ng 2005.

27 Halimbawa sa Mexico at San Fernando, Pampanga sa Gitnang Luzon, sanlibong hektarya na sumasaklaw ng pitong baryo ay tinayuan ng mga subdibisyon, Shoemart at Robinsons'. Sa Timog Katagalugan nagaganap ang kumbersyon ng mga baybaying dagat at lawa para gawing resort at tirahan ng mga dayuhan. Sa CALABARZON, itinatayo ang mga *ecotourism zone*, *golf course* at *industrial park* na nagbibigay ng napakalaking pabor at pagtutubuan ng mga dayuhang mamumuhunan.

ESPESYAL NA CORSO  
SA KILUSAN NG KABABAIHAN SA KANAYUNAN





## PAUNANG SALITA SA IKATLONG EDISYON

**I**TO ANG IKATLONG EDISYON NG ESPESYAL NA CORSO sa Kilusan ng Kababaihan sa Kanayunan (Eskum-Kababaihan). Kung papansinin, binago ang titulo mula sa dating “Maikling Kurso Para sa Kababaihan sa Kanayunan” upang maging konsistent sa titulo ng iba pang batayang espesyal na kurso. Tulad ng dalawang naunang edisyon, pangunahing pinapaksa ng bagong Eskum-Kababaihan ang kalagayan ng kababaihang magsasaka at manggagawang bukid, ang ugat ng pagsasamantala at pang-aapi sa kanila, at ang katangian ng kanilang kilusan sa pagpapalaya at ang tungkulin nito sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Walang binabago sa kabuuang balangkas ng kurso. Idinaragdag lamang ang ilang mahalagang *update* upang tumugma sa pinakahuling mga pangyayari hinggil sa kalagayan ng kababaihan at ng bansa. Isinaayos din ang pormulasyon ng ilang konsepto at prinsipyo upang higit na maging matalas at malinaw. Kaugnay nito, idinaragdag ang espesyal na pagdiriin sa panawagan para sa direktang paglahok ng kababaihan sa armadong pakikibaka bilang mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Isang batayang aralin sa Pambansa-Demokratikong Paaralan (PADEPA)ang Eskum-Kababaihan. Nasa ilalim ito ng ikalawang kategorya sa kurikulum ng PADEPA o ang kategoryang “Hinggil sa mga Patakaran at Paninindigan ng Rebolusyonaryong Kilusan.” Pagkatapos ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) at Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka (Eskum-Magsasaka), dapat itong pag-aralan ng lahat ng organisado at hindi organisadong magsasaka at iba pang mga uri at sektor na saklaw ng mga

baseng masa sa kanayunan. Batayang pampulitikang pag-aaral din ito sa hanay ng mga pambansa-demokratikong organisasyong masa sa kalunsuran.

Inaasahang sa paggamit ng angkop at mapanlikhang mga pamamaraan, epektibong maituturo ang kursong ito sa loob ng apat hanggang anim na oras. Kaugnay nito, kasalukuyang ipinalalaganap ng PADEPA ang gabay para sa integrado o isahang pagtalakay sa lahat ng tatlong batayang Eskum (Eskum-Magsasaka, Eskum-Kababaihan at Eskum-Kabataan) sa loob ng anim hanggang pitong oras.

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO-  
PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON  
*Nobyembre, 2005*

## PAUNANG SALITA SA IKALAWANG EDISYON

**I**TO ANG IKALAWANG EDISYON NG MAIKLING CORSO Para sa Kababaihan sa Kanayunan. Tulad ng naunang edisyon, pinapaksa ng bagong edisyon ang kalagayan ng kababaihang magsasaka at manggagawang bukid, ang ugat ng pagsasamantala at pang-aapi sa kanila at ang katangian at mga tungkulin para sa paglaya ng kababaihan.

Upang mailagay sa malawak na balangkas ng kalagayan ng lipunan at rebolusyong Pilipino, at sa mas partikular pang balangkas ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka ang pag-aaral sa maikling curso para sa kababaihan sa kanayunan, dapat magkaroon muna ng pag-aaral sa Maikling Curso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) at Espesyal na Curso sa Kilusang Magsasaka.

May ilang pagbabago na ginawa sa curso. Pangunahin dito ang pag-aayos sa istruktura ng una at ikalawang mga bahagi upang palawakin ang balangkas ng pagtalakay sa partikular na kalagayan ng kababaihang magsasaka at manggagawang bukid at ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan sa kanayunan.

Sa pagtalakay sa ugat ng hirap at aping kalagayan ng masang kababaihan, idinagdag na punto ang tungkol sa apat na awtoridad (awtoridad sa pulitika, ng relihiyon, angkan at lalaki). Sa pamamagitan nito, higit pang nailalatag ang mahigpit na ugnayan ng demokratikong rebolusyong bayan at ng kilusan para sa pagpapalaya sa kababaihan.

Sa ikalawang bahagi, pinaghiwalay ang pagtalakay sa kilusan para sa pagpapalaya sa kababaihan at sa rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan. Sa una, ibayong nagpalawig sa paksa ng pagpapalaya sa kababaihan, at ng mahigpit na ugnayan nito sa demokratikong rebolusyong bayan. Nagsisilbi itong pangkalahatang introduksyon para sa mga mag-aaral tungkol sa usapin ng pagpapalaya

sa kababaihan. Sa ikatlong bahagi, pinatampok pa ang papel ng kababaihan sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

Ang maikling kursong ito para sa kababaihan sa kanayunan ay dapat ding pag-aralan ng mga organisadong kababaihan sa kalunsuran at ng iba pang rebolusyonaryong organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran. Makakatulong ito upang maunawaan nila ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan at ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan. Sa gayon magiging aktibo silang tagapagtaguyod nito.

Magtulong-tulong tayo para sa ibayong pagpapaunlad ng kurso. Ipaabot ang inyong mga puna at mga mungkahi.

PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON-

PANGKALAHATANG KALIHIMAN

*Enero, 1996*



## PAUNANG SALITA SA UNANG EDISYON

**I**TO AY ISANG MAIKLING CORSO PARA SA KABABAIHAN sa kanayunan. Nililinaw nito ang kalagayan ng kababaihang magsasaka at manggagawang bukid, ang ugat ng pagsasamantala at pang-aapi sa kanila at ang katangian at mga tungkulin ng kilusan para lumaya ang kababaihan.

Pangunahing patungkol ang kurso sa mga myembro ng grupo at komiteng pang-organisa o samahan ng kababaihan sa baryo. Mas mainam kung maunang pag-aralan ang Maikling Kurso Tungkol sa Kilusang Magsasaka, at talakayin ang Maikling Kurso sa Lipunan at Rebulosyong Pilipino bago o pagkatapos ng kurso sa kababaihan. Sa gayon, mas mailulugar at maiuugnay ng kababaihang magsasaka ang kanilang kilusan sa pambansang pakikibaka at sa kilusang magsasaka.

Maaari ring pag-aralan ng ibang samahan ang kursong ito para maunawaan ang katangian at kahalagahan ng kilusan ng kababaihan sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Nasa mahusay na pusisyon ang mga kinauukulang organo o yunit ng Partido at ang mga mag-aaral na palamnan ang kurso batay sa umiiral na partikular na kalagayan ng kababaihan sa kinikilusang lugar.

PAMBANSANG KAWANIHAN SA INSTRUKSYON

NOBYEMBRE 1981

I.  
INAAPI AT PINAGSASAMANTALAHAN  
ANG LUBOS NA NAKARARAMI SA KABABAIHANG PILIPINO



## **A. Ano ang kalagayan ng kababaihang Pilipino?**

Isang malaking pwersa ang kababaihan sa lipunang Pilipino. Sila ang bumubuo sa humigit-kumulang kalahati ng 80 milyong Pilipino (NCSO, 2 000).

Ang kababaihan sa lipunang Pilipino ay nagmumula sa iba't ibang uri. Pero ang higit na nakararami sa kanila ay kabilang sa uring inaapi at pinagsasamantalahan. Mga manggagawa at magsasaka ang bumubuo sa 90 porsyento ng kababaihan sa buong bayan.

Ang hirap at aping kalagayan ng kababaihang magsasaka at manggagawa ay pangunahing itinatakda ng paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa Pilipinas.

Matatagpuan sa malawak na kanayunan ang bulto ng kababaihan. Mga magsasaka at manggagawang bukid ang mayorya hindi lamang ng kababaihan sa kanayunan kundi maging sa buong bayan.

Ang mga pinoproblema ng masang magsasaka at manggagawang bukid ay pinoproblema rin ng kababaihan sa kanayunan. Pangunahing problema nila ang kawalan o kakulangan ng lupa bunga ng monopolyo o pag-aari at kontrol ng iilang panginoong maylupa ng malalawak na lupaing sakahan. Dulot nito, matindi silang napagsasamantalahan.

Bilang mga kasamá, ang mga kababaihang magsasaka ay kinikikilan ng mataas na upa sa lupa. Biktima rin sila ng usura. Inoobliga pa silang magbigay ng libreng serbisyo sa mga asendero tulad ng pagluluto, paglalaba at pag-aalaga ng bata.

Pinahihirapan din sila ng napakataas na gastos sa produksyon at napakababang presyo ng mga produkto

ng magsasaka, mataas na presyo ng mga bilingin, at kawalan ng trabaho.

Bilang mga manggagawang bukid, tumatanggap sila ng napakababang sahod. Dumaranas din sila ng napakahirap na kundisyon sa pagtatrabaho tulad ng mahahabang oras ng paggawa at mahihigpit na patakaran.

Bilang mga setler, napupwersa ang mga kababaihang magsasaka, kasama ng kanilang pamilya na maghawan ng gubat para magkaroon ng ikabubuhay. Ngunit walang katiyakan ang pag-aari nila sa mga lupaing ito. Kadalasa'y nagiging biktima sila ng pangangamkam ng lupa ng mga panginoong maylupa.

Bilang mga manggagawa, pinagsasamantalahan sila sa pamamagitan ng pwersahang paglikha ng sobrang halaga kapalit ng kakarampot na sahod na napakaliit kung ikukumpara sa sobrang halaga na kinukuha ng mga kapitalista. Pinahihirapan din sila ng di makataong kalagayan sa paggawa, kawalan ng seguridad sa trabaho at karampatang mga benepisyo.

Bunga ng malawakang problema sa lupa at kabuhayan, mabilis na dumarami ang mga malamanggagawang kababaihan sa lunsod. Dumaranas sila ng matinding kahirapan bunga ng mababa at walang tiyak na kita, panggigipit ng gubyrno, at iba pang porma ng pagsasamantala at pang-aapi.

Dumadausdos ang kabuhayan ng kababaihang kabilang sa petiburgesyang lunsod. Bumababa ang tunay na halaga ng maliit nilang kinikita, at namemeligro silang mawalan ng trabaho. Lumiliit din ang kita mula sa negosyo dahil sa taas ng interes sa utang, taas ng buwis at lagayan sa burukrasya.

~~Bukod sa makauring pagsasamantala at pang-aapi, dumaranas ang masa ng kababaihang anakpawis ng~~

dagdag na pang-aapi dahil sa mababang katayuan nila sa lipunan.

**B. Paano napatitindi ang hirap at aping kalagayan ng kababaihang anakpawis bunga ng mababang katayuan ng babae sa lipunan?**

*1. Mababa ang katayuan ng kababaihan sa lipunan.*

Mababa ang katayuan ng kababaihan sa lipunang Pilipino. Itinatakda ito ng sistemang malakolonyal at malapyudal at ng kaagapay na pyudal at burges na kulturang ipinapalaganap ng mga naghaharing uri. Ginagamit nila ang pyudal at burges na pananaw sa kababaihan para higit na pagsamantalahan at apihin ang kababaihang anakpawis at masigurong sila'y kimi, sunud-sunuran at hindi lumalaban.

Pyudal ang pananaw na mahina, walang kakayahang magdesisyon at bagay lamang sa gawaing-bahay at pag-aalaga ng mga bata ang kababaihan. Ayon sa ganitong pananaw, ang babae ay dapat maging sunud-sunuran at tahimik, at hindi nakikialam sa mga usapin sa guberno at lipunan. Nagmumula ito sa pyudal na kaayusang mas mababa at napapailalim ang babae sa poder ng lalaki.

Sa burges na pananaw naman, itinuturing na kalakal ang babae. Ginagamit siya ng kapitalista bilang instrumento para mapalaki ang kanyang puhunan. Ginagamit siyang pang-akit ng mga mamimili, pandisplay, laruan at taga-aliw ng lalaki. Ayon sa ganitong pananaw, sinusukat ang halaga ng babae sa ganda ng mukha, hugis ng katawan at sa popularidad sa mga lalaki, kaya ang dapat na pagkaabalahan lamang ng mga babae ay ang pagpapaganda sa sarili at kung paano maging kahali-halina sa lalaki. Sa burges na

lipunan, nananatiling mababa ang katayuan ng kababaihan bagamat kinikilala, diumano, ang pantay na karapatan ng babae at lalaki.

Kapwa umiiral ang pyudal at burges na pananaw sa kababaihan sa lunsod at nayon.

*2. Dumaranas ng dagdag na pang-aapi at pagsasamantala ang kababaihang anakpawis dulot ng mababang katayuan nila sa lipunan.*

a) Mas kaunti ang oportunidad ng babae na maempleyo kaysa lalaki.

Ayon sa reaksyunaryong gubyerno, sa bawat sampung tao na di nakakahanap ng mapapasukan, anim ang babae. Hindi pa kabilang dito ang mga maybahay na di itinuturing ng gubyerno na pwersang paggawa.

Kapwa sa kanayunan at mga syudad, ang babaeng manggagawa ay karaniwang tumatanggap ng mas mababang sahod kaysa lalaking kapareho ang trabaho.

Ang babaeng manggagawa, dispatsadora, weytres, katulong at iba pa ay nagiging biktima ng sekswal na pang-aabuso ng kanilang mga amo. Nangyayari ito kahit sa pag-aaplay pa lamang nila ng trabaho hanggang sa maempleyo na sila. Mas mababa pa ang katayuan ng babaeng Overseas Filipino Workers o OFW. Bukod sa karaniwang dinaranas nilang pagsasamantala at pang-aapi, nagiging biktima sila ng sekswal na pang-aabuso ng kanilang amo at iba pang dayuhan.

Maraming dalagang taganayon ang tumutungo sa syudad para maghanap ng trabaho. Pero

napupwersa silang maging GRO, *dancer* at masahista. Marami ang nagiging puta. Sa halip na lunasan ang kalagayang ito, ang reaksyunaryong gubyerno mismo ang walang kahihiyang naghahain ng mga Pilipina sa mga dayuhang turista. Agresibong ipinapatupad ng gubyerno ang mga programa at patakaran na nagbubunsod ng iba't ibang porma ng pang-aapi at karahasan sa kababaihan at kabataan tulad ng *white slavery*, *cybersex*, *mail-ordered bride*, at *child trafficking*.

- b) Higit na limitadong karapatang lumahok sa mga usapin tungkol sa gubyerno at lipunan

Napakalimitado ng mga karapatan sa pulitika ng masang anakpawis sa kasalukuyang sistema. Pero higit na napipigilan ang kababaihan na aktibong lumahok sa mga mahahalagang usapin ukol sa gubyerno at lipunan.

Sa kanayunan, ang babae ay inaasahang magkasya na lamang sa pag-aasikaso ng mga bata at mga gawaing-bahay, at pagtulong sa produksyon. Karaniwang sinusolo ng lalaki ang karapatang lumahok at kumatawan sa pamilya sa mga usapin sa labas ng bahay, gaya ng pagharap sa mga hidwaan sa lupa. Dahil dito, nalilimita ang pag-iisip at partisipasyon sa lipunan ng babaeng taganayon. Karaniwang nalilimita sa araw-araw na gawaing-bahay ang pag-iisip ng mga babaeng taga-baryo.

- k) Mas limitadong oportunidad na makapag-aral

Kung limitado na, sa kalahatan, ang oportunidad ng masa na makapag-aral at magkaroon ng edukasyon, mas matinkad pa ito sa kababaihan.

Kaya nasasagkaan ang pag-unlad ng kanilang kaalaman at paglawak ng kanilang pananaw. At lalong nalilimitahan ang maaari nilang magawa at makamit. Sa ilang lugar, itinuturing na pagsasayang lang ng pera ang pagpapaaral sa kanila dahil hanggang sa bahay lang naman sila o di kaya ay maaga namang mawawala sa pamilya dahil mag-aasawa lang naman.

Hindi rin tunay na edukasyon ang nakukuha ng kababaihan sa ilalim ng mapang-aping sistema. Halimbawa, idinidisenyo at pinapalaganap ang mga kurso para higit na matugunan ang pangangailangan ng imperyalistang bansa tulad ng mga dh (domestic helper) o *supermaid*, *caregiver* at nars.

d) Kawalan ng karapatan sa loob ng pamilya

May asawa man o wala, inaasahan ang babae na maging sunud-sunuran sa loob ng pamilya.

Halimbawa, umiiral sa kanayunan, laluna sa mga interyor na bahagi, ang pandidikta ng mga magulang kung sino ang mapapangasawa ng kanilang mga anak na babae. Sa hanay ng masang magsasaka, ang karaniwang mga dahilan ng ganitong gawi ay ang paghahabol sa kabuhayan ng lalaki, pangangailangan ng dagdag na pwera sa pagtrabaho o di kaya'y pambayad ng utang na loob sa pamilya ng lalaki. May ilang lugar na pinipresyuhan ng magulang ang anak na babae at kahit sino ay pwedeng bumili. Kapag tututol ang dalaga, maaari siyang parusahan o itakwil ng magulang.

Di pantay ang karapatan ng mag-asawa. Napapailalim ang babae sa poder at desisyon ng padre de pamilya. Isang halimbawa nito ang



kawalan niya ng karapatang magdesisyon sa kaunting pag-aari ng mag-anak, lupa man o bahay.

Malaganap ang pananaw na may karapatan ang lalaking pagbuhatan ng kamay ang kanyang asawa o di kaya'y makipagtalik kahit labag sa kanyang kalooban.

e) Biktima ng karahasan at kapabayaang ng guberno

Madaling nagiging biktima ng karahasan sa lipunan ang kababaihan dahil sa kapabayaang ng guberno na magbigay sa kanila ng sapat na proteksyon. Malimit pa nga na ang mga upisyal ng guberno mismo ang gumagawa ng sari-saring karahasan sa kababaihan. Sinasamantala nila ang mababang katayuan at pagtingin sa kababaihan sa lipunan.

Sa mga operasyong militar na inilulunsad ng mga pasistang tropa sa kanayunan, pangkaraniwan ang ginagawang karahasan sa mamamayan kabilang dito ang panggagahasa sa kababaihang magsasaka at iba pang klase ng kalupitan sa kamay ng mga pasistang tropa. Bahagi ito ng pakana ng reaksyunaryong guberno na pahinain ang kapasyahang lumaban ng masang magsasaka.

Biktima rin ang kababaihang Pilipino ng panggagahasa at panlilibak ng mga tropang US na sumasama sa mga operasyong militar, *Balikatan Exercises* at kahit sa panahon ng kanilang pagpapahinga at paglilibang (*R & R*) saan mang sulok ng bayan.

Dumarami ang mga kaso ng pagmamalupit ng dayuhan sa mga babaeng OFW. Subalit pinapabayaang sila ng guberno at hindi nagbibigay ng karampatang proteksyon at tulong, para patuloy na maengganyo

ang mga dayuhan na mag-empleyo ng mga OFW. Pinapatampok lamang sa midya ang ilang ginagawa sa mga biktima upang magpakitang-tao. Mas interesado ang gubyerno sa dolyar na kinikita ng mga ito.

**K. Ano ang ugat ng hirap at aping kalagayan ng kababaihang anakpawis?**

Ang sistemang malakolonyal at malapyudal na pinaghaharian ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa at ang pagpapalaganap ng mga ito sa pyudal at burges na pananaw sa kababaihan ang dahilan kung bakit pinagsasamantalahan at api ang kababaihan sa lipunang Pilipino.

Ang bulok na sistemang ito ang ugat din ng paghihirap ng lahat na uring api at pinagsasamantalahan sa Pilipinas. Dahil kontrolado ng mga naghaharing uri ang ekonomya ng bayan, nagagamit nila ang lahat ng paraan ng pagsasamantala sa mamamayan para mapanatili at mapalaki ang kanilang ari-arian at tubo. Ang reaksyunaryong armadong pwersa (AFP) at gubyerno ay mga instrumento lamang ng mga naghaharing uri para supilin at linlangin ang mamamayan.

Pinalalaganap din ng mga naghaharing uri ang mga paniniwala at kaisipan na nagsisilbi sa patuloy na pagsasamantala at paghahari nila. Ang pyudal at burges na pananaw sa kababaihan ay isang halimbawa. Sa pamamagitan ng kontrol ng mga naghaharing uri sa mga kasangkapan sa pagpapalaganap ng mga ideya sa lipunan tulad ng eskwelahan, simbahan, masmidya, at iba pa, ang mababang pagtingin sa mga babae ay nakikintal sa isip ng mga tao. Kaya ang ganitong pananaw ay taglay din ng mga pinagsasamantalang mamamayan, lalaki man o babae.

Sa malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, laluna sa kanayunan, patuloy na umiiral ang mapang-aping pyudal na mga institusyon ng awtoridad — ang awtoridad sa pulitika, ng simbahan, at ng angkan. Bukod sa mga ito, napapailalim din ang kababaihan sa awtoridad ng lalaki. Ang awtoridad sa pulitika ang haligi ng iba pang awtoridad. Ang mga nabanggit ay nangangahulugan ng pang-aapi sa kababaihan ng kalalakihan.

Sa kanayunan, ang awtoridad sa pulitika ay mahigpit na tangan at nakasentro sa panginoong maylupa. Sinusuwayan ng panginoong maylupa ang awtoridad ng simbahan dahil katulong niya ito sa pagpapalaganap ng kaisipang pagiging mapagtiis sa kahirapan at masunurin sa awtoridad. Hawak din ng panginoong maylupa sa leeg ang mga pamilya o angkan ng magsasaka.

Ang pag-iral ng apat na awtoridad ay bahagi ng pyudal na kaayusan at pananaw. Kaya ang pyudal na sistema, na umiiral sa napakatagal nang panahon, ay nananatiling isang saligang batayan ng mababang katayuan ng babae sa lipunan. Sa malapyudal na lipunan, pinapalala pa ito ng dekadenteng burges na pananaw sa kababaihan na pinapalaganap ng imperyalistang kultura.

Sagabal ang apat na awtoridad at dekadenteng kultura sa lubos na paggamit at pagpapaunlad ng kababaihan sa kakayahan nila. Sa paglaban dito, mapagpasya ang pagpapabagsak sa naghaharing sistema. Kailangang lumaya ang kababaihan mula sa ganitong sistema upang makamit ang paglaya sa mababang katayuan nila sa lipunan.

Sa kanayunan, susi sa pagpapalaya ng kababaihan mula sa apat na awtoridad ang pagwasak sa kapangyarihan ng panginoong maylupa. Hangga't hindi naibabagsak ang awtoridad ng panginoong maylupa sa lipunan, hindi rin maibabagsak ang awtoridad ng simbahan at angkan at mananatiling nakapailalim ang babae sa poder ng lalaki.

## II.

### ANG KILUSAN SA PAGPAPALAYA SA KABABAIHAN AY NAKAPALOOB AT NAGLILINGKOD SA DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN.

#### A. Ano ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan?

Ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay isang pampulitikang pakikibaka ng kababaihang pinagsasamantalahan at inaapi. Ito'y laban sa paghahari ng mga kaaway sa uri at sa pyudal at burges na pananaw sa mga babae. Layon nitong bigkisin at pakilusin ang kababaihan para aktibong lumahok sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Sa ngayon, ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay nakapaloob at nagsisilbi sa demokratikong rebolusyong bayan — ang armadong pagpapabagsak sa sistemang pinaghaharian ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa para itayo ang isang tunay na malaya, demokratiko at maunlad na Pilipinas. Sa pamamagitan lamang ng pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan mawawakasan ang pagsasamantala at pang-aapi sa sambayanang Pilipino, kabilang ang kababaihan. Ang paglaya ng sambayanan sa paghahari ng tatlong salot ay isang higanteng hakbang tungo sa paglaya ng kababaihan sa mababa at aping kalagayan sa kasalukuyang lipunan.

Sa susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon, ibayong malilikha ang mga kundisyon para sa pagtatamo ng pantay na katayuan ng babae at lalaki. Higit pang nahahawan ang daan para magamit ng kababaihan ang

kanilang talino at kakayahan sa mas malawak at makabuluhang pag-ambag sa pag-unlad ng lipunan.

Ang kilusan ng kababaihan, bilang bahagi ng demokratikong rebolusyong bayan, ay nagsisilbi at napaiilalim sa makauring pakikibaka ng masang anakpawis, ang manggagawa at magsasaka.

Sa kanayunan, ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan ay nakapaloob at naglilingkod sa kilusang magsasaka. Sa paglahok ng mga babaeng magsasaka sa rebolusyong agraryo at iba pang pakikibaka ng uring magsasaka, napakikilos ang malaking pwersa para isulong ang demokratikong rebolusyong bayan at ang kilusan ng kababaihan.

Sa lunsod, ang kilusan ng kababaihan ay pangunahing bahagi ng at naglilingkod sa kilusang manggagawa. Ang nakararami sa mga babaeng tagalunsod ay manggagawa o mga asawa, kapatid o mga anak ng manggagawa. Siguradong kikilos sila para isulong ang pang--araw-araw na pakikibaka ng uring manggagawa. Mula rito, mabilis nilang makikita ang pangangailangang lumahok sa demokratikong rebolusyong bayan.

Sa kabilang banda, kinikilala rin at aktibong sinusupportahan ng mga kilusan ng masang anakpawis ang kilusan ng kababaihan.

Sumusulong ang kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan o rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Mahigpit ang ugnayan at pagtutulungan ng mga ito.

**B. Ano ang tatlong pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan?**

May tatlong pangunahing tungkulin ang rebolusyong kilusan ng kababaihan sa kanayunan. Ito ang pag-oorganisa sa kababaihan, pagmomobilisa sa kanila para sa armadong pakikibaka, at ang pagpapakilos sa kanila para sa rebolusyong agraryo at produksyon. Ang pagtupad sa mga tungkuling ito ang magtitiyak na magiging epektibong pwersa ang kababaihang magsasaka sa pagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan at sa kilusang magsasaka.

### *1. Ang tungkulin sa pag-oorganisa*

Tungkulin ng rebolusyong kilusan ng kababaihan na itayo ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA). Binubuklod ng MAKIBAKA ang kababaihang taganayon para puspunan silang makalahok sa kilusang magsasaka, sa armadong pakikibaka at para maharap ang mga problemang partikular sa kababaihan.

Ang MAKIBAKA ay paaralan din para sa kababaihan para umunlad ang kamalayan nila sa pulitika at ang kanilang kakayahan sa pag-oorganisa. Sa loob ng samahan, nasasanay ang mga babaeng magsasaka sa pagtatayo at pagpapatakbo ng sariling organisasyon. Natututo silang magsuri ng mga isyu sa pulitika at ekonomya. Nagsisilbing daan ang samahan para makaalpas ang kababaihan sa makitid na pananaw na taglay nila sa nakaraan at mabuo ang pagkakaisa sa kanilang hanay.

### *2. Ang tungkulin kaugnay ng armadong pakikibaka*

Tungkulin ng rebolusyong kilusan ng kababaihan na ipaunawa sa kababaihang magsasaka ang kahalagahan ng armadong pakikibaka at pakilusin sila para aktibong sumuporta at lumahok dito.

Mahigpit na sumusuporta sa Bagong Hukbong Bayan ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan. Hinihimok nito ang paparaming babaeng magsasaka upang maging Pulang mandirigma ng BHB. Ang kababaihang magsasaka ang pinakamalalim na balong pinagmumulan ng mga babaeng mandirigma.

Maraming gawain ang magagampanan ng kababaihan para umambag sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Lumalahok sila sa mga taktikal na opensiba, gawaing komunikasyon at paniktik, gawaing edukasyon at pagsasanay, pangagamot at pag-aalaga sa maysakit at sugatang Pulang mandirigma, pangangalaga sa mga kagamitan ng hukbong bayan, pagdadala ng suplay sa mga lugar ng labanan at iba pang mahahalagang gawain.

Malaki rin ang papel nila sa pagdedepensa sa baryo bilang mga myembro ng milisyang bayan at yunit pananggol sa baryo.

### *3. Ang tungkulin sa rebolusyong agraryo at produksyon*

Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan na ipaunawa sa kababaihang magsasaka ang rebolusyonaryong patakaran ng pag-asa sa sarili, at mobilisahin sila para mas aktibong lumahok sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at gumampan ng mga gawain sa produksyon.

Mahalaga ang partisipasyon ng kababaihan sa pagbubuo ng solidong hanay ng magsasaka para hakbang-hakbang na pahinain ang kapangyarihan ng panginoong maylupa sa kanayunan at maipatupad ang rebolusyonaryong programa sa reporma sa lupa. Rekisito ang masiglang pagsulong ng rebolusyong agraryo sa pagtatayo ng hukbong bayan at ng



demokratikong kapangyarihang pampolitika sa kanayunan. Sa pagkakamit ng mga tagumpay sa rebolusyong agraryo, napauunlad din ang produksyon ng masang magsasaka.

Isang importanteng sangkap ng rebolusyon ang produksyon. Ipinatutupad ito upang suportahan ang batayang mga pangangailangan ng mamamayan, hukbong bayan at rebolusyonaryong gubyrerno. Ito ay pagsasapraktika ng prinsipyo ng pag-asa sa sarili.

### **K. Ano ang iba pang mga tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan sa kanayunan?**

Bukod sa nabanggit na tatlong pangunahing tungkulin, kailangang harapin din ng rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan ang sumusunod para mapasigla pa ang pagkilos ng kababaihang magsasaka:

#### *1. Ipaunawa sa taumbaryo ang kahalagahan ng kilusan sa pagpapalaya sa kababaihan.*


Kailangang ipaunawa sa taumbaryo ang kahalagahan ng paglahok ng kababaihan sa rebolusyon at ang pangangailangang masuportahan at matulungan ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan. Isang kongkretong hakbang ang panghihikayat sa ibang samahan ng baryo na tumulong sa pag-oorganisa at pagpapatupad ng iba't ibang proyekto para sa pag-aalaga at pag-oorganisa ng mga bata. Layon nitong magkaroon ng oras ang mga nanay para sa mga pulong at sa mga gawain sa pag-oorganisa at iba pang mga aktibidad.

#### *2. Ilunsad ang demokratisasyon ng pamilya.*

Layunin nitong mapairal ang pantay na karapatan ng mag-asawa at ng magulang at anak sa loob ng

pamilya. Kailangang baguhin, sa pamamagitan ng puspusang rebolusyonaryong edukasyon, ang pyudal na kalakaran na ang padre de pamilya lang ang nagdedesisyon at sunud-sunuran lamang ang asawa at mga anak. Ang demokratisasyon ng pamilya ay mahalaga para ang buong pamilya ay maging aktibong bahagi ng rebolusyonaryong pakikibaka at pagtatayo ng maunlad na lipunan. Nagbibigay rin ito ng mainam na kundisyon para lumaking responsableng myembro ng lipunan ang mga anak.

III.  
ANG MAKABAYANG KILUSAN NG BAGONG KABABAIHAN  
(MAKIBAKA) ANG REBOLUSYONARYONG ORGANISASYONG  
MASA NG KABABAIHAN SA KANAYUNAN



## **A. Ano ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan?**

Ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan o MAKIBAKA ang batayang organisasyon ng kababaihan para isulong ang rebolusyonaryong kilusan ng kababaihan. Isa itong rebolusyonaryong organisasyong masa na nagtataguyod sa pambansa at demokratikong mga interes ng mamamayan. Hakbang-hakbang na itinatayo ito sa mga baryo, munisipalidad at probinsya.

Maaaring maging myembro ng MAKIBAKA ang mga babaeng maralitang magsasaka, manggagawang bukid, panggitnang magsasaka at iba pang naghihirap na naninirahan sa kanayunan. Boluntaryo nilang hihilingin ang pagsapi sa samahan, at ang kahilingan ay aaprubahan ng balangay ng samahan sa baryo.

## **B. Ano ang mga tungkulin ng MAKIBAKA?**

### *1. Sa larangan ng pulitika:*

- a) Magdaos ng mga pag-aaral sa demokratikong rebolusyong bayan sa hanay ng kababaihan.
- b) Himukin ang kababaihan na lumahok sa mga pakikibakang masa.
- k) Aktibong sumuporta sa rebolusyonaryong gubyernong bayan.
- d) Tumulong sa pagtatayo at pamamahala sa Samahan ng mga Batang Makabayan.
- e) Makipagtulungan sa iba pang mga organisasyong masa.

### *2. Sa larangan ng ekonomya:*

- a) Pakilusin ang kababaihan para sa rebolusyong agraryo at pagpapaunlad ng produksyon.

- b) Tumulong sa pagtatayo at pamamahala ng mga kooperatiba ng taumbaryo.

3. *Sa larangan ng militar:*

- a) Tumulong sa paghimok sa kababaihan, laluna ang mga kabataang kababaihan, na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.
- b) Palahukin ang kababaihan sa pagdedepensa ng baryo.
- k) Pakilusin ang kababaihan sa gawaing komunikasyon at paniktik.
- d) Tumulong sa iba pang pangangailangan ng Bagong Hukbong Bayan.

4. *Sa larangan ng kultura:*

- a) Aktibong palahukin ang kababaihan sa mga aktibidad na pangkultura sa baryo at tumulong sa paglikha at pagpapalaganap ng makamasa, makabayan at syentipikong kultura.
- b) Aktibong lumahok sa mga kampanya para mapabuti ang kalusugan ng mamamayan at ang kalinisan ng baryo.
- k) Tumulong sa pag-oorganisa ng mga pag-aaral para matutong magbasa, magsulat at magkwenta ang mga di nakapag-aral. Sa partikular, himukin ang mga kababaihang di nakapag-aral na lumahok sa mga ito.
- d) Itaguyod ang wastong pangangalaga at pagpapalaki sa mga bata sa pamamagitan ng edukasyon, mga proyektong pambata at aktibong pagdepensa sa karapatan ng mga bata.



# ESPESYAL NA CORSO PARA SA KABATAAN







## PAUNANG SALITA SA IKATLONG EDISYON

**I**TO ANG IKATLONG EDISYON NG ESPESYAL NA CORSO para sa Kabataang Pilipino (Eskum-Kabataan). Walang saligang pagkakaiba ang edisyong ito sa naunang dalawang edisyon. Idinagdag lamang ang mga *update* sa ilang datos para sa mas kongkreto at napapanahong pagsasalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino at ng bansa.

Isang batayang aralin sa Pambansa-Demokratikong Paaralan (PADEPA) ang Eskum-Kabataan. Nasa ilalim ito ng ikalawang kategorya sa kurikulum ng PADEPA o ang kategoryang “Hinggil sa mga Patakaran at Paninindigan ng Rebolusyonaryong Kilusan.” Pagkatapos ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) at Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka (Eskum-Magsasaka), dapat itong pag-aralan ng lahat ng organisado at hindi organisadong magsasaka at iba pang mga uri at sektor na saklaw ng mga baseng masa sa kanayunan. Batayang pampulitikang pag-aaral din ito sa hanay ng mga pambansa-demokratikong organisasyong masa sa kalunsuran.

Inaasahang sa paggamit ng angkop at mapanlikhang mga pamamaraan, epektibong maituturo ang kursong ito sa loob ng apat hanggang anim na oras. Kaugnay nito, kasalukuyang ipinalalaganap ng PADEPA ang gabay para sa integrado o isahang pagtalakay sa lahat ng tatlong batayang Eskum (Eskum-Magsasaka, Eskum-Kababaihan at Eskum-Kabataan) sa loob ng anim hanggang pitong oras.

PAARALANG PRIMARYA NG PARTIDO-  
PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON  
*Nobyembre, 2005*

## PAUNANG SALITA SA IKALAWANG EDISYON

**I**NILALATHALA ANG IKALAWANG EDISYON NG ESPESYAL na Kurso para sa Kabataan (EKKbt) para sa rebolusyon-aryong samahan ng kabataan sa kanayunan bilang bahagi ng sistematisasyon at pagpapaunlad ng mga kursong masa.

Tulad ng unang edisyon, inilalahad dito ang kasalukuyang kalagayan at katangian ng kabataang Pilipino at mga tungkulin nila sa rebolusyon. Ipinapakilala din nito ang Kabataang Makabayan. Pangunahing pagbabago sa ikalawang edisyon ang pag-update sa mga datos para ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng mga kabataang Pilipino.

Dapat pag-aralan ang kursong ito pagkatapos ng Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP) at Espesyal na Kurso sa Kilusang Magsasaka (EKKM). Sa gayon mas madaling mailalarawan at mauunawaan ang kalagayan ng kabataang Pilipino sa konteksto ng kalagayan ng masang magsasaka at ng mamamayang Pilipino at ng buong lipunan. Gayundin, mas madaling matatalakay at mauunawaan ang papel at tungkulin ng rebolusyong kabataan sa kilusang magsasaka at sa demokratikong rebolusyong bayan. Tulad sa nakaraan, ibibigay ang EKKbt pangunahin sa mga grupo, komite at samahan ng kabataan sa kanayunan.

Bukod dito, dapat din itong pag-aralan ng organisadong kabataan sa kalunsuran, gayundin ng ibang organisadong masa sa ibang sektor at uri sa kanayunan at kalunsuran tulad ng mga manggagawa, kababaihan, at mga gitnang pwera. Makakatulong ito para mapalawak ang pag-unawa nila sa rebolusyong kilusang masa, at partikular sa ugnayan ng kilusang masa sa kalunsuran at sa kanayunan.

Hinihiling ang mga puna at mungkahi para sa ibayong pagpapaunlad ng kurso.

PAMBANSANG KAGAWARAN SA EDUKASYON-  
PANGKALAHATANG KALIHIMAN  
*Enero, 1996*

## PAUNANG SALITA SA UNANG EDISYON


**I**TO ANG ISPESYAL NA CORSO PARA SA MGA GRUPO, KOMITE at samahan ng kabataan sa kanayunan. Inilalahad sa kurso ang kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino at ang katangian at mga tungkulin ng kanilang kilusan.

Maaaring ibigay ang kurso bago o pagkatapos ng mga pag-aaral sa kilusang magsasaka at pangkalahatang kursong masa. Mahalagang maunawaan ng mga myembro ng mga samahan ng kabataan na ang kanilang kalagayan ay hindi maihihiwalay sa kabuuang kalagayan ng bayan at ang kilusan ng kabataan ay nagsisilbi sa rebolusyong Pilipino.

Inaasahang mapapalamnan pa sa mga idaraos sa pag-aaral ang nilalaman ng maikling kursong ito.

PAMBANSANG KAWANIHAN SA INSTRUKSYON  
KOMISYON SA EDUKASYON AT PROPAGANDA  
*Enero 1982*

I.  
PINAGSASAMANTALAHAN, API AT WALANG KINABUKASAN  
ANG KABATAANG PILIPINO SA KASALUKUYANG LIPUNAN.



## **A. Ano ang mga katangian ng kabataang Pilipino?**

Isang malaking pwersa sa lipunang Pilipino ang kabataang binubuo ng may edad na 13 hanggang 35 taon. Noong 1990, mahigit na 22 milyon o mahigit na 37 porsyento ng populasyon ng Pilipinas ang kabilang sa sektor ng kabataan. Nasa kanayunan ang malaking bulto nito.

Nakapaloob ang kabataang Pilipino sa iba't ibang uri. Kabilang ang karamihan ng kabataan sa uring manggagawa at uring magsasaka. Marami-rami ring kabataan ang kabilang sa petiburgesya, na kinabibilangan ng kabataan-estudyante, mga empleyado at propesyunal na maliit ang kita, at iba pa.

Taglay ng mga kabataang ito ang kasiglahan ng pag-iisip at pangangatawan. Bukas ang isip nila sa pagbabago, sa pagrerebolusyon. Sila'y bagong pwersa na dumaranas ng pagsasamantala at pang-aapi, interesado at handang makibaka para wakasan ang naghaharing sistema at itayo ang mas maaliwalas na bukas. Ang kabataan ang tagapagmana at tagapagpatuloy ng rebolusyon.

## **B. Ano ang kalagayan sa kabuhayan ng kabataang Pilipino?**

Hirap at pinagsasamantalahan — ganito ang kalagayan sa kabuhayan ng mayorya ng kabataan sa ilalim ng sistemang pinaghaharian ng imperyalismong US, malaking burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa.

Nagsisimulang magtrabaho ang marami sa kabataan bago pa sila umabot sa gulang na 15 taon. Noong 1990, humigit-kumulang 12 milyong kabataang Pilipino ang nagtatrabaho sa kalunsuran at kanayunan.

Anong klaseng buhay ang dinaranas ng kabataang anakpawis?

Pinagsasamantalahan ang kabataang manggagawa ng mga may-ari ng pabrika na karaniwa'y imperyalista at burgesyang kumprador. Maliit ang sahod ng mga kabataang manggagawa. Ang sahod ng mga manggagawa ay kulang pa sa kalahati ng minimum na kailangan para disenteng mabuhay. Mas maliit pa ang tinatanggap ng mga kabataang manggagawa (edad 17 o mas bata pa) na karaniwang namamasukan bilang aprentis, kaswal, kontraktwal at iba pa. Dagdag pa, kailangang sumunod sila sa mahihigpit na patakaran ng kumpanya para di masisante.

Karaniwang pinagsasamantalahan ng uring panginoong maylupa ang mga kabataan sa kanayunan. Malaking problema nila ang kawalan o kakulangan ng lupang sakahan. Bilang kasamá, biktima sila ng mataas na upa sa lupa, usura at libreng serbisyo para sa panginoong maylupa. Bilang pana-panahon o buong-panahong manggagawang bukid, tumatanggap sila ng maliit na halaga o parte ng ani kapalit ng pagtatrabaho. Pwersado silang magtrabaho sa ilalim ng mahihirap na kundisyon. Hindi nagkakasya ang maliit na parteng tinatanggap ng mga kasamá at manggagawang bukid para tustusan ang araw-araw na pangangailangan nila at ng kanilang pamilya. Kaya, karaniwang baon sa utang ang masang magsasaka at manggagawang bukid.

Naghihirap kahit ang kabataang petiburges. Hindi makaya ng maliit na sweldo ng kabataang empleyado at propesyunal ang mataas na presyo ng mga bilingin at ang palaki nang palaking binabayaran buwis. Palagi namang namumproblema ang mga kabataang estudyante kung paano babayaran ang mataas na matrikula sa eskwelahan at paano tutugunan ang gastos sa ibang pangangailangan.

Kulang ang oportunidad ng kabataan sa lunsod at nayon para magkaroon ng disenteng hanapbuhay.

Sinasamantala ng reaksyunaryong gubyerno ang ganitong kalagayan para akitin ang kabataan na umanib sa AFP, CAFGU, at iba pang pasistang armadong pwersa at organisasyong paramilitar. Nagpapakulo rin ang reaksyunaryong gubyerno ng sari-saring programa para ang lakas ng kabataan ay higit na pakinabangan ng mga imperyalista at lokal na mga naghaharing uri. Nariyan, halimbawa ang mga programang *vocational* at *technological* na magbibigay daw sa kabataan ng kasanayan para madali silang maempleyo. Ang totoo, layon ng mga programang ito na ihanda ang mga kabataan bilang murang trabahador sa mga industriya ng mga imperyalista at burgesyang kumprador.

**K. Natatamasa ba ng kabataan ang karapatan nila sa makabuluhang edukasyon?**

Hindi natatamasa ng kabataan ang karapatan nila sa makabuluhang edukasyon. Limitado ang kanilang oportunidad na makapag-aral, laluna ang mga kabilang sa uring manggagawa at magsasaka. Komersyalisado ang edukasyon. Pagiging sunud-sunuran sa ilang naghaharing uri sa halip na pagsisilbi sa kapakanan ng bayan ang natututunan ng karamihan sa nakapagtapos ng pag-aaral.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, walang oportunidad na magkaroon ng sapat na edukasyon ang maraming kabataan. Maraming baryo ang wala o kulang ng paaralan at guro. Hungkag ang pangako ng gubyerno na libreng edukasyon sa elementarya at hayskul. Papaliit ang bahagi ng edukasyon sa badyet ng gubyerno.

Kahit sa mga lugar na may mga paaralang elementarya, di lubusang nagagamit ng mga anak ng magsasaka at manggagawa ang oportunidad na makapag-aral. Dala ng kahirapan, kailangang tumulong sa pagsasaka o sa paghahanapbuhay maging ang mga bata. Dagdag pa,

habang tumataas ang antas ng pag-aaral, palaki nang palaki ang gastos sa eskwelahan.

Kaya iilan lang sa kabataan ang nakakatuntong sa hayskul at higit na kakaunti ang nakakapasok sa kolehiyo. Kahit ibatay pa sa datos ng reaksyunaryong guberno wala pa sa kalahati ng kabataan ang nakakapagtapos ng elementarya, at wala pang 40 porsyento ang nakakapagtapos ng hayskul. Tiyak na mas maliit pa ang totoong bilang.

Matindi ang komersyalisasyon ng edukasyon. Itinatayo at pinapatakbo ang mga eskwelahan bilang mga negosyong kailangang magluwal ng ganansya. Kaya palagian ang pagtataas ng matrikula habang nananatiling mababa ang kalidad ng pagtuturo at luma, kulang o di kaya'y walang mga kagamitan sa eskwelahan.

Kontrolado ng mga naghaharing uri ang buong sistema ng edukasyon. Kaya natitiyak nilang nagsisilbi ito sa interes nila at hindi sa kapakanan ng sambayanan.

Halimbawa, itinutulak ng guberno ang kurikulum na madiin sa mga kasanayang teknikal. Pero pakana lamang ito para matiyak na mapunuan ang pangangailangan sa mga may-kasanayang manggagawa ng mga empresang imperyalista at burgesyang kumprador.

Masahol pa, pangunahing nilalaman ng edukasyong ibinibigay sa mga estudyante ang mga ideya at kaisipang nagsisilbi sa mga imperyalista at lokal na naghaharing uri. Binaluktot ang kasaysayan at kasalukuyang kalagayan ng bayan para palabasing bayani ang mga taksil at ituring na masasama ang tunay na nakikibaka para sa kalayaan at demokrasya.

Hinuhubog ng ganitong tipo ng edukasyon ang mga  kabataang Pilipino para maging makasarili, bulag sa



kahirapan ng mamamayan at hiwalay sa kanila, mapamahiin, maamo at sunud-sunuran sa mga naghaharing uri, at makadayuhan.

#### **D. Nagtatamasa ba ng demokratikong mga karapatan ang kabataang Pilipino?**

Tulad ng malawak na sambayanan, hindi nagtatamasa ang kabataang Pilipino ng anumang makabuluhang demokratikong karapatan sa kasalukuyang lipunan. Ipinagkakait o sinusupil ng mga naghaharing uri ang karapatan ng kabataan na mag-organisa o mamahayag.

Sa lunsod man o nayon, laging target ng pananakot, panggigipit, at atake ng pasistang gubyerno ang makabayang mga organisasyon ng kabataan na nagbabandila ng pangangailangan sa pagbabago. Tinatatakang subersibo at terorista ang mga organisasyong ito para ihiwalay sa mamamayan ang kabataang makabayan. Di na mabilang ang kabataang naging biktima ng pagdakip, pagbilanggo, tortyur, at pagpaslang ng pasistang estado.

Sinusupil ang mga pagtatangka ng mamamayan, kabilang ang kabataan, na ilantad ang mga katiwalian sa lipunan at ipahayag ang kagustuhan nila ng pagbabago. Ipinagbabawal o marahas na winawasak ang mga pulong at demonstrasyon. Tinataguriang krimen ang anumang pambabatikos sa gubyerno at sa mga upisyal nito.

Ginugulo ng pasistang gubyerno kahit iyong mga organisasyong nagsusulong sa interes ng kabataang manggagawa, magsasaka, o estudyante. Ang kalayaan sa pagtatayo ng mga unyon ng mga manggagawa ay hanggang papel lamang at ang welga bilang epektibong sandata ng mga manggagawa laban sa mga kapitalista ay sinisikil. Tinitiyak ng mga batas na kontra-

manggagawa ang epektibong pagsupil sa mga karapatan sa pag-uunyon at pagwewelga at ang mga kundisyong pabor sa mga kapitalista.

Sa kanayunan, marahas na sinusupil at pinararatangang may kuneksyon sa rebolusyonaryong kilusan (o prente ng CPP-NPA) ang ang mga samahan ng kabataan na nagtataguyod sa kagalingan ng kabataan at komunidad. Ginagamit ng mga nasa kapangyarihan ang lahat ng paraan para wasakin ang mga samahang ito.

Sa mga eskwelahan, ipinagbabawal o hinihigpitan ang mga samahan at pahayagan ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, ipinaggigiitan ng pasistang guberno sa kabataan ang reaksyunaryong mga organisasyon. Nirerekruit sa reaksyunaryong hukbo ang kalalaking may edad na 18 taon . Pinupwersa o nilililang ang mga binata at dalaga sa mga baryo at syudad na sumali sa Sangguniang Kabataan, isang organisasyon para ilihis ang pag-iisip ng mga kabataan mula sa makabuluhan at makabayang pagkilos.

Sa mga eskwelahan, pilit na sinasanay ang kabataan sa buhay militar sa pamamagitan ng Citizens' Army Training (CAT), Citizens' Military Training (CMT- ROTC), at National Service Training Program (NSTP), para ihanda silang lumahok sa armadong panunupil sa mamamayan.

### **E. Anong klaseng kultura ang pangunahing nakakaimpluwensya sa kaisipan, gawi at pag-uugali ng kabataang Pilipino?**

Sadyang ipinapalaganap ang dekadenteng kultura ng mga imperyalista at naghaharing uri para impluwensyahan ang kabataang Pilipino. Araw-araw, naiimpluwensyahan ang kabataang Pilipino ng bulok na kulturang ipinapalaganap sa radyo, telebisyon, komiks, sine,

dyaryo, internet at iba pang daluyan ng kultura sa lipunan. Sa kalakhan, hinuhubog ng eskwelahan at simbahan ang kaisipan ng kabataan na maging makasarili, mapamahiin, makadayuhan at sunud-sunuran sa mga naghaharing uri.

Ipinatatanggap ng kulturang pasista na “normal” at kanais-nais ang walang pakundangang pagyurak sa mga karapatan ng mamamayan at ang pagturing sa pasistang gubyrno at sa armadong mga pwersa nito bilang mga tagapagligtas daw ng bayan.

Karaniwan na sa lipunan ang mga krimen, pagsusugal, paglalasing, pagdodroga, panghahalay at panloloko sa mga kababaihan at iba’t ibang kalaswaan at pagsasayang ng pera at panahon. Ang mga ito ay pinangungunahan at pinagkakakwartahan ng matataas na upisyal ng burukrasya at militar.

Hindi wastong nahuhubog ang pag-iisip at pag-uugali ng kabataan. Idinididik sa kanila ang baluktot na pagpapahalaga sa mga bagay, ang pagbibigay ng pansin sa pansariling kasiyahan at kaluwagan, at ang pagsamba sa mga dayuhan at lokal na naghaharing uri. Inilalayo ng bulok na kultura ang kabataan sa landas ng pagrerebolusyon.

### **G. Ano ang ugat ng mga problema ng kabataang Pilipino?**

Ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo sa malakolonyal at malapyudal na lipunan ang ugat ng mga problema ng mamamayang Pilipino, kabilang ang kabataan.

Matinding pinagsasamantalahan ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo ang mamamayan at inaangkin ang yaman ng bayan. Mga instrumento nila ang reaksyunaryong militar at burukrasya para supilin at linlangin ang mamamayan

at panatilihin ang paghahari nila. Pinapalaganap nila ang kolonyal, pyudal at kontra-mamamayang kultura.

Madilim ang kinabukasan ng kabataang Pilipino sa ilalim ng ganitong sistema. Habang nagpapatuloy ito, hindi lubos na mapapaunlad ang kanilang kakayahan. Hindi mabibigyang-laya ang angkin nilang lakas at talino para sa bayan. Sa halip, pinipiga ito ng dayuhan at lokal na mapagsamantala para sa sariling kapakinabangan.

## II.

### KAILANGANG YAKAPIN AT ISULONG NG KABATAANG PILIPINO ANG DEMOKRATIKONG REBOLUSYON NG BAYAN

#### **A. Paano mababago ang kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino?**

Para mabago ang kasalukuyang kalagayan ng kabataang Pilipino, kailangang ibagsak ang naghaharing sistema sa pamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan at itayo ang isang lipunang tunay na malaya at demokratiko. Sa ganitong lipunan matatamasa ng kabataang Pilipino ang kaunlaran sa ekonomya, pulitika at kultura, at maiaambag nila nang lubusan ang kanilang kakayahan at kasigasigan para sa bayan.

Sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan, ipinagpapatuloy ng kabataang Pilipino ang makasaysayang pakikipag-isa nila sa mga rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan.

Nagsisilbing inspirasyon sa kasalukuyang pakikibaka ang makabayang kabataang lumahok sa Rebolusyong 1896, sa Digmaang Pilipino-Amerikano, sa pakikibaka laban sa kolonyal na paghahari ng imperyalismong US, sa pakikibaka laban sa imperyalismong Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at sa pakikibaka sa panahon ng papet na republika. Noong dekada 1960, malaking papel ang ginampanan ng kabataan sa pagpapanibagong-sigla ng rebolusyonaryong kilusan at paglulunsad ng bagong demokratikong rebolusyon. Mula noon hanggang kasalukuyan, masiglang lumalahok ang kabataan sa demokratikong rebolusyong bayan.

## **B. Ano ang mga pangunahing tungkulin ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan?**

Ang pagkilos ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan ay bahagi ng kilusang magsasakang nagsisilbi sa demokratikong rebolusyon ng bayan. Kabilang ang kabataan sa binubuklod ng kilusang ito para lumahok sa pagpapabagsak sa naghaharing sistema at sa pagsusulong sa interes ng mamamayan.

Kinikilala ng rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan na maipagtatagumpay lamang ang rebolusyon sa pagkilos at pakikibaka ng malawak na masa ng sambayanan, laluna ng masang manggagawa at magsasaka.

Sa kanayunan, may tatlong pangunahing tungkulin ang rebolusyonaryong kabataan:

Una, ang pagsusulong ng kilusang magsasakang nagsisilbi sa demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng pagsanib at pagkilos sa Kabataang Makabayan. Pangunahing pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan ang masang magsasaka sa kanayunan. Pinakamabigat na problemang nilulutas nito ang kawalan ng lupa ng mga magsasaka. Sa paglahok ng kabataan sa rebolusyong agraryo at iba pang pakikibaka ng uring magsasaka, napapakilos ang malaking pwersa para isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.

Ikalawa, ang pagganap sa gawaing propaganda para ipalaganap ang pambansa-demokratikong mithiin ng mamamayan at ang pangangailangan sa armadong pakikibaka para makamtan ito. Nasa mahusay na pusisyon ang kabataan sa kanayunan para harapin ang gawaing propaganda. Bukod sa kasiglahan, relatibong mas magaan ang responsibilidad nila sa pamilya at mas maluwag silang

nakakakilos para ipalaganap ang mga simulain ng rebolusyon.

Ikatlo, ang masiglang paglahok, pagsuporta at pagsusulong sa armadong pakikibaka. Ang rebolusyonaryong kabataan sa kanayunan ang pinakamalalim na balong pinanggagalingan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Nauunawaan nila na karangalan at responsibilidad ng makabayang kabataan na ialay ang kanilang lakas, tapang at talino sa pagsusulong ng armadong pakikibaka para sa tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon.

III.  
ANG KABATAANG MAKABAYAN (KM)  
ANG BATAYANG ORGANISASYONG MASA  
NG KABATAAN SA KANAYUNAN.





**A**NG KABATAANG MAKABAYAN (KM) ANG ORGANISASYONG daluyan ng pagkakaisa at pagkilos ng rebolusyong kabataan sa kanayunan para isulong ang kilusang magsasaka at demokratikong rebolusyon ng bayan. Bahagi ito ng pagsisinsin ng solidong pag-oorganisa ng kilusang magsasaka. Hakbang-hakbang na itinatayo ang samahang ito sa mga baryo.

Maaaring maging myembro ng samahan ang mga kabataang magsasaka at manggagawang bukid at ang iba pang kabataan sa baryo. Pero, kailangang kabilang sa maralitang magsasaka, mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid ang mga pinuno. Boluntaryo ang pagsapi sa samahan. Kailangang aprubahan ito ng balangay sa baryo.

Aktibong lalahok ang samahan sa hakbang-hakbang na pagpapatupad sa rebolusyong reporma sa lupa. Minimum na layunin ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid at pagpawi sa usura. Maksimum na layunin ang nasyunalisasyon at libreng pamamahagi ng lupa sa pagtatagumpay ng rebolusyon.

Para magampanan ang papel sa kilusang magsasaka para sa demokratikong rebolusyong bayan, ang mga tungkulin ng KM ay ang sumusunod:

1. *Sa larangan ng pulitika:*

- a) Organisahin ang kabataan sa kanayunan para sa rebolusyon.
- b) Itaas ang pag-unawa nila sa rebolusyon sa pamamagitan ng mga pag-aaral.
- k) Palahukin sila sa mga pakikibakang masa.
- d) Masiglang ipalaganap ang kahalagahan at mga layunin ng demokratikong rebolusyong bayan.

- e) Suportahan ang rebolusyonaryong gubyernong bayan.
- g) Makipagtulungan sa samahang magsasaka at iba pang samahan sa baryo.

2. *Sa larangan ng militar:*

- a) Himukin ang kabataan na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.
- b) Tumulong sa komunikasyon, paniniktik, at iba pang gawaing militar ng hukbong bayan.
- k) Lumahok sa pagdedepensa ng baryo.
- d) Tumulong sa pangangalaga sa maysakit na Pulang mandirigma at tumugon sa iba pang pangangailangan ng hukbong bayan.
- e) Alalayan ang pamilya ng mga Pulang mandirigma at buong-panahong aktibista.

3. *Sa larangan ng ekonomya:*

- a) Tumulong sa pagpapaunlad ng mga porma ng kooperasyon para maitaguyod ang kapakanan ng mamamayan at maitaas ang produksyon, halimbawa, bayanihan at palitan ng paggawa.
- b) Lumahok sa gawaing produksyon para suportahan ang BHB at ang rebolusyonaryong gubyernong bayan.
- k) Maglunsad ng mga proyekto na makakatulong sa paglutas sa mga problema sa kabuhayan ng mamamayan gaya ng kooperatiba, irigasyon at iba pa.

4. *Sa larangan ng kultura:*

- a) Manguna sa pagpapalaganap ng makabayan, syentipiko at makamasang kultura.
- b) Manguna sa paglikha at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura sa pamamagitan ng mga pagtatanghal, sine, awit, sayaw, tula, kwento, paglililok, pagguhit, at iba pa.
- k) Aktibong lumahok sa mga kampanya para mapabuti ang kalusugan ng mamamayan at kalinisan ng baryo.
- d) Tumulong sa pagtuturo ng pagbasa, pagsulat at pagkwenta sa mga di nakapag-aral.

APENDIKS A

**ILANG TAMPOK NA KASO NG PANGANGAMKAM NG LUPA, PAGPAPALIT-GAMIT NG LUPA AT PANGISDAAN**

LUGAR	PROYEKTO at LAWAK (ektarya)	APEKTADO	DEVELOPER
Hacienda Looc, Nasugbu, Batangas	Ecotourism; beach resort (8650)	10,000 magsasaka	Fil-Estate (Villar) & Manila South Coast
Hacienda Roxas, Nasugbu, Batangas	Ecotourism; residential; commercial (7183 )	(sinusuri pa)	Don Pedro Roxas III
Hacienda Yulo, Laguna	Commercial; golf course (7100)	457 pamilya	Pamilya Yulo
Hacienda Fule, Alaminos, Batangas at Laguna	Residential at industrial (dating niyugan)	80 pamilya	Ayala Land Inc.
Silang at Carmen, Cavite	West Grove Heights; golf course (2500)	(sinusuri pa)	Ayala Land Inc.
Del Monte, Bulacan	Real estate	4 napatay at 2 nasugatan	Gregorio Araneta III
Aguinaldo Estate Silang, Cavite	Commercial, residential, golf courses (197)	2,000 pamilya	Tagapagmana ni Gen. Aguinaldo
Gen. Nakar, Quezon at Umiray, Dingalan, Aurora	Pacific Coast (81000; 31000 na ang napatituluhan)	50,000 pamilya	Green Circle Properties; Romeo Roxas
Brgy. Campon, Sta. Fe, Romblon	Airport, resort, golf course (133)	60 pamilya	Fil Estate Corp. (Villar)
Saulog Estate, Rizal, Mindoro Occidental	Golf course (98)	38 pamilya	Saulog family
Golden Country, Mamburao, Mindoro Occ.	Prutasan; Corporative scheme (604)	130 pamilya	Congressman Quintos
Hacienda Zobel, Calatagan, Batangas	Livestock, resort, fishpond at quarrying (12000)	25 brgy.	

## REBOLUSYONARYONG GABAY SA REPORMA SA LUPA

### KABANATA I

#### ANG PANGUNAHING NILALAMAN NG DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

**Seksyon 1.** Ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyong bayan ay ang pagkakamit sa hangarin ng mga magsasaka na magkaroon ng lupa at ang pagpawi sa iba't ibang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal.

**Seksyon 2.** Kung gayon, prinsipal na tungkulin ng demokratikong gubyernong bayan na kamtin ang tinurang hangarin sa pamamagitan ng pagpapatupad ng komprehensibong programa sa reporma sa lupa na ang esensyal na layunin ay ipamahagi nang libre ang lupa sa mga maralitang magsasaka at nakakababang-panggitnang-magsasaka at ibunsod ang kooperasyon sa produksyon sa hanay ng masang magsasaka.

### KABANATA II

#### ANG PROGRAMA PARA SA REPORMA SA LUPA

**Seksyon 1.** Minimum na layunin ng programang ito para sa reporma sa lupa ang ibaba nang husto ang upa sa lupa at pawiin ang usura; at maksimum na layunin ang isabansa ang lupain ng mga panginoong maylupa at libreng ipamahagi ang mga ito sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa. Palagiang layunin din ng programang ito na pahasayin ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawang bukid sa mga asyendang pinatatakbo sa batayang kapitalista.

**Seksyon 2.** Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa buong bayan ipatutupad ang maksimum na layuning kumpiskahin ang lupain ng mga panginoong maylupa, isabansa ang mga ito, at ipamahagi nang libre sa mga nagbubungkal na walang lupa o walang sapat na lupa.

**Seksyon 3.** Habang hindi pa nagtatagumpay sa buong bayan ang demokratikong rebolusyong bayan, ang pagkumpiska ng lupain ay ipapataw lamang sa mga piling despotikong panginoong maylupa na may mabigat na krimen laban sa masang magsasaka at rebolusyonaryong kilusan.

**Seksyon 4.** Habang hindi pa nagtatagumpay sa buong bayan ang demokratikong rebolusyong bayan, ang mga lupaing kinumpiska, gayundin ang mga lupaing pinagtrosohan at iba pa na nakatiwangwang at abandonado o di kaya'y napasakamay ng rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang dahilan, ay ipabubungkal nang walang bayad sa mga magsasakang wala o kulang ng lupa.

**Seksyon 5.** Ang Komite ng Partido sa mga rehiyon ang may awtoridad na magpasya sa pagkumpiska ng lupain ng mga panginoong maylupa na may mabigat na kontra-rebolusyonaryong krimen at sa pamamahagi ng mga lupaing nasa disposisyon ng rebolusyonaryong kilusan. Susubaybayan at rerepasuhin ng Komite Sentral ng Partido ang mga desisyon sa pagkumpiska at pamamahagi ng mga nasabing lupain.

### KABANATA III

#### PAGPAPABABA SA UPA AT PAGPAWI SA USURA

**Seksyon 1.** Sa mga lupaing umiiral ang relasyong pyudal, ibababa ang upa sa lupa ng limampung porsyento (50%) mula sa dinatnang umiiral na upa sa lupa bilang panimulang hakbang. Pwedeng pera o produkto ang ibayad na upa sa lupa.

**Seksyon 2.** Patuloy pang ibababa nang hakbang-hakbang ang upa sa lupa hanggang sa sampung porsyento (10%) o mas mababa pa ng netong ani habang lumalawak at lumalakas ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan, ang demokratikong gubyernong bayan, mga samahang magsasaka at ibang organisasyong masa, milisyang bayan at mga lokal na gerilya sa lugar.

**Seksyon 3.** Para makuha ang netong ani, babawasin sa kabuuang ani ang lahat ng ginastos ng kasamá sa pagsasaka. Nasa kategorya ng gastos sa pagsasaka ang mga ginastos sa pag-aararo, pagsusuyod, pag-arkila o pagmamantini at depresasyon (o pagbaba ng halaga) ng mga hayop at kagamitang pansaka, patubig, pagpupunla, binhi, pagtatanim, paggamas, abono, pestisidyo, pag-aani, paghahakot, paggiik at pagpapakiskis. Kukwentahin ang gastos ayon sa mga istandard na presyong itinakda ng mga samahan ng magsasaka, at ayon din sa kasalukuyang mga presyo.

**Seksyon 4.** Ang usura ay lubusang papawiin sa apat na paraan:

- a. Hihimuking mag-impok ang masang magsasaka;
- b. Pakikilusin ang samahan ng magsasaka bilang kooperatiba para maparami ang naiimpok at iba pang kinikita;
- k. Ibababa ang interes sa pautang ng limampung porsyento (50%) mula sa dinatnang interes sa pautang bilang panimulang hakbang. Patuloy na pabababain ito hanggang sa antas na mataas lamang nang kaunti sa pinaiiral sa mga bangko; at
- d. Buburahin ang lahat ng di makatwirang pautang at muling kukwentahin ang mga lumang utang hanggang sa limang taon ang nagdaan, alinsunod sa interes na itinakda (mas mataas nang kaunti sa interes na pinaiiral sa mga bangko) at base sa

pagsang-ayon ng pangkalahatang pulong ng samahan ng magsasaka.

**Seksyon 5.** Ang anumang gastos sa pagsasaka, laluna sa binhi, na pwedeng sagutin ng panginoong maylupa ay babayaran nang walang ganansya o interes, at babawasin sa kabuuang ani. Uusisain ng samahan ng magsasaka ang bawat kasunduan sa pautang na pinasukan ng panginoong maylupa at ng kasamá, at hindi hahayaan ang sinumang panginoong maylupa na obligahin ang kasama na umutang sa kanya o sa sinumang kilalang usurero, laluna kung ang sinisingil na interes ay higit sa interes na ipinapahintulot ng samahang magsasaka.

**Seksyon 6.** Ibababa ang paarkila sa hayop at kagamitang pansaka na parehong pag-aari ng panginoong maylupa, batay sa disiyon ng samahan ng magsasaka pagkatapos ng masusing konsiderasyon. Hihikayatin ang mga mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka na ibaba rin ang paarkila sa kanilang mga hayop at kagamitang pansaka.

**Seksyon 7.** Ang sinumang panginoong maylupa, administrador o katiwala ay hindi hahayaang humingi ng anumang klase ng buwis sa pamilya ng mga kasama, sa porma man ng pagtatrabaho, pagpapaalila, pera o anumang produkto mula sa pangunahin o dagdag na hanapbuhay ng mga kasama.

**Seksyon 8.** Ang mga mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka ay hihikayatin na itaas ang sahod ng inuupahan nilang mga manggagawang bukid o ibaba ang upang ibinabayad sa kanila ng mga kasama<sup>2</sup> ayon sa mga istandard na itinakda ng samahan ng magsasaka. Ang mga istandard na ito ay hindi magiging dahilan ng pagkawala ng kanilang katayuan bilang mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka.

**Seksyon 9.** Kapag nagkaroon ng kalamidad tulad ng baha, tagtuyot, peste, sunog, aksyon ng kaaway, o anumang tulad ng mga ito, at ang nasira'y hindi liliit sa dalawampung



porsyento (20%) ng ani, ang kasamá ay hindi magbabayad ng anumang upa sa lupa sa panginoong maylupa. Kung di liliit sa limampung porsyento (50%) ang nasira sa ani, ang kasamá ay hindi magbabayad ng anumang upa sa lupa para sa kasalukuyang ani at pati sa susunod na ani.

Ang bayad sa mga naging utang dahil sa pagkasira ng ani ay makatarungang didisisyunan ng samahan ng magsasaka ayon sa konkretong kalagayan. Pwedeng burahin ng samahan ng magsasaka ang mga utang hanggang sa halagang katumbas ng laki ng nasira, laluna kung ang nagpautang ay mga panginoong maylupa at iba pang pribadong nagpapautang.

**Seksyon 10.** Kung sa anu't anumang rason ay binitiwang ng kasamá ang karapatan niyang bungkalin ang lupa, responsibilidad ng samahan ng magsasaka na pagpasyahan kung kanino dapat mapunta ang pwesto. Ang karapatan sa pwesto ay ibibigay sa malapit na kamag-anak ng dating kasamá o sa sinumang manggagawang bukid o maralitang magsasaka.

**Seksyon 11.** Ang simpleng paraang di ipinapaalam sa panginoong maylupa ang tunay na ani ay pwedeng gamitin para ibaba nang husto ang upa sa lupa sa mga lugar na hindi pa laganap na ipinapatupad ang minimum na layunin ng programa para sa reporma sa lupa. Sa ganitong kaso, ang kalahati ng upa sa lupa na hindi ibinigay sa panginoong maylupa ay ibibigay sa demokratikong gubyernong bayan sa pamamagitan ng mga samahan ng magsasaka o ng Bagong Hukbong Bayan, at ang natitira ay mapupunta sa mga kasamá.

**Seksyon 12.** Kapag malapit nang kumpiskahin at libreng ipamahagi ang mga ari-arian ng panginoong maylupa, sabay-sabay na ititigil ng mga kasamá ang pagbibigay ng upa sa lupa sa mga panginoong maylupa. Ang kalahati ng upa sa lupa na hindi ibinigay sa panginoong maylupa ay awtomatikong ibibigay sa demokratikong gubyernong bayan sa pamamagitan ng mga samahan ng magsasaka o

Bagong Hukbong Bayan, at ang natitira ay mapupunta sa mga kasamá. Ang ganitong hatian ay mananatili hanggang maipatupad sa baryo ang libreng pamamahagi ng lupa.

**Seksyon 13.** Magdadaos ng mga pulong masa tungkol sa reporma sa lupa ang samahan ng magsasaka at mga komite nito, at patuloy nilang pag-aaralan at didiskusyunin at sa bandang huli'y pagkakasunduan kung paano ipapamahagi ang mga lupang kukumpiskahin sa mga panginoong maylupa. Sa pamamagitan ng ganitong mga aktibidad, mapapadali ang kasalukuyan at panghinaharap na gawain ng komite para sa reporma sa lupa.

**Seksyon 14.** Parurusahan ayon sa bigat ng krimen ang sinumang panginoong maylupa na gumagamit ng dahas o anupamang kontra-rebolusyonaryong aksyon para kontrahin at isabotahe ang kampanyang ibaba ang upa sa lupa at pawiin ang usura; gayundin, kukumpiskahin ang kanyang lupa at buburahin ang kanyang mga pautang nang walang anumang ibabayad pa sa kanya. Gayunman, ang ibang myembro ng kanyang pamilya ay bibigyan ng pagkakataong magkaroon ng ikabubuhay, kabilang ang pagbubungkal ng lupa, sa kundisyong susunod sila sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan.

**Seksyon 15.** Pagpupunyagiang itaas ang produksyon ng masang magsasaka sa pamamagitan ng pagtutulungan o kooperasyon at mutwal na palitan ng lakas-paggawa at pagsasagawa ng mga proyektong pangkabuhayan at pagpapaunlad ng mga serbisyong agrikultural na magbebenepisyo ang masang magsasaka.

## KABANATA IV

### LIBRENG PAMAMAHAGI NG LUPA

**Seksyon 1.** Kukumpiskahin at isasabansa ang lupain ng mga panginoong maylupa, at ipapamahagi nang libre sa mga

pamilya ng mga maralitang magsasaka at nakakababang-panggitnang magsasaka, na may prayoridad sa disposisyon ng lupang binubungkal na nila; pero kailangan namang sumang-ayon sila sa ilang pag-aayos na dapat gawin para masigurado na may sapat na lupang binubungkal ang bawat pamilya at nang sa gayo'y maitaguyod ang kapakanan ng lahat.

**Seksyon 2.** Ipapamahagi ang lupa ayon sa prinsipyo ng pagpapantay-pantay ng lupang sinasaka at pagtulong sa mga maralitang magsasaka at nakakababang-panggitnang magsasaka na maging gitnang-panggitnang magsasaka. Bibigyan ng sapat na konsiderasyon ang sumusunod:

- a. ang kabuuang laki ng lupang pwedeng ipamahagi sa lugar;
- b. ang laki at lakas-paggawa ng bawat pamilya o bawat bubong (household) na tatanggap ng lupa; at
- k. ang kalidad, lokasyon, at sukat ng lupa.

**Seksyon 3.** Ang mga dependyente ng mga rebolusyonaryong martir, kadre't Pulang mandirigma ay may prayoridad sa partihan ng lupang ipinapamahagi nang libre. Kung wala silang sapat na lakas-paggawa, titiyakin ng demokratikong gubyernong bayan na ibibigay sa kanila ng lokal na samahan ng magsasaka ang lahat ng tulong na kailangan para mabungkal ang kanilang lupa.

**Seksyon 4.** Ang mga gitnang-panggitnang magsasaka ay papartihan sa lupang ipinapamahagi nang libre para mapataas din naman ang antas ng kanilang pamumuhay, sa kundisyong hindi sila magiging nakakataas-na-panggitnang magsasaka o mayamang magsasaka dahil sa makukuha nilang kaparte.

**Seksyon 5.** Papartihan sa lupang ipinapamahagi nang libre ang mga manggagawa, tagayari ng handikrap, maglalako, at iba pang maralitang di magsasaka na handang magbungkal

ng lupa. Kung patuloy silang maghahanapbuhay bukod sa pagbubungkal ng lupa, gagawa ng angkop na pag-aareglo sa kanilang parte sa lupa.

**Seksyon 6.** Ang mga hayop na pantrabaho, kagamitang pansaka, at iba pang ari-ariang kinumpiska sa mga panginoong maylupa ay ipapamahagi nang libre batay sa pagpapantay-pantay ng ari-arian, o kaya'y ipapamahala sa samahan ng magsasaka para pakinabangan ng lahat.

**Seksyon 7.** Ang mga prutasan, palaisdaan at iba pang pag-aari ng panginoong maylupa na mababawasan ang pagiging produktibo kung hahatiin ay ipapamahala sa mga kooperatiba o sa demokratikong gubyernong bayan para pakinabangan ng lahat. Ang mga bahay, gusali, at iba pang istrukturang kinumpiska ay gagamitin ng demokratikong gubyernong bayan sa kaukulang paraan.

**Seksyon 8.** Depende sa kongkretong kundisyon, isa hanggang sampung porsyento (1%-10%) ng lupang kinumpiska sa mga panginoong maylupa ay ilalaan para gamitin ng publiko; para gawing loteng pamproduksyon ng Bagong Hukbong Bayan, mga samahan ng magsasaka, at iba pang organisasyong masa; para gawing bukirin na pang-eksperimento, at para rin magsilbing reserba sa pag-aayos na gagawin sa hinaharap kaugnay ng lupang ipinamamahagi.

**Seksyon 9.** Hindi kukumpiskahin ang sobrang lupa at iba pang kasangkapan sa produksyon na ari ng mga mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka. Gayunman, hihikayatin sila na itaas pa ang sahod ng mga manggagawang bukid na inuupahan nila, o ibaba ang upang ibinabayad sa kanila ng mga kasamá, ayon sa mga istandard na itinakda ng samahan ng magsasaka. Ituturing na pag-aari ng panginoong maylupa, at kukumpiskahin, ang lupa ng panginoong maylupa na inuupahan ng mga mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka. Sa libreng

pamamahagi ng lupa, tatanggap ng karampatang parte ang mga mayamang magsasaka at nakakataas-na-panggitnang magsasaka.

**Seksyon 10.** Ang lupa ng mga rebolusyonaryong martir, kadre, Pulang mandirigma, titser, propesyonal at manggagawa - na hindi lumalampas sa takdang sukat ng lupang pwedeng ariin ng mga mayamang magsasaka - ay hindi ituturing na pag-aari ng panginoong maylupa at hindi kukumpiskahin, sa kundisyong ang lupa ay bubungkalin ng mga kamag-anak ng may-ari, at sa kundisyon ding sang-ayon ang masa sa lokalidad.

**Seksyon 11.** Ang mga bahay, empresang pang-industriya't pangkomersyo, talyer ng mga artesano, iskwelahan, gusaling panrelihiyon, plasa, palaruang publiko, at iba pang tulad ng mga ito ay papayagang manatili sa lupang sapat ang laki para sa pangangailangan. Bago pa man ipamahagi nang libre ang lupa, sisiguraduhin na ang loteng kinatatayuan ng bahay ng mga kasama ay magiging kanila nang walang anumang ibabayad sa panginoong maylupa.

**Seksyon 12.** Hindi parurusahan o hihiyain ang mga naliliwanagang panginoong maylupa na sumusuporta sa demokratikong gubyernong bayan at sumasang-ayon sa programa para sa reporma sa lupa, at papayagan ang bawat isa sa kanila na magmay-ari ng sariling bahay, personal na pasilidad, at negosyo sa industriya o komersyo, o kapirasong lupang halos kasinlaki ng lupang pag-aari ng isang mayamang magsasaka, sa kundisyong sila mismo ang magbubungkal ng lupa.

**Seksyon 13.** Ang mga panginoong maylupa na hindi gumawa ng malubhang krimen laban sa mamamayan ay papartihan ng lupa na ang laki at kalidad ay kapareho ng sa lupang ibibigay sa mga maralitang magsasaka at nakakababang-panggitnang magsasaka, sa kundisyong handa silang

magbungkal ng lupa at magbago ng pananaw sa pamamagitan ng sarili nilang paggawa.

**Seksyon 14.** Ang mga taong maayos ang katayuan na umalis sa sarili nilang baryo sa ano't anumang rason ay bibigyan ng lupang mabubungkal pagbalik nila, kung magsasabing handa sila na magbungkal ng lupa.

**Seksyon 15.** Ang nag-alsa o tumakas na mga sundalo't upisyal ng kaaway ay patatawarin sa mga aksyong ginawa nila bilang pagsunod sa utos ng kanilang mga superyor, at kung gayo'y papayagang makinabang sa reporma sa lupa.

**Seksyon 16.** Parurusahan ayon sa bigat ng krimen ang sinumang panginoong maylupa na gumagamit ng dahas o anupamang kontra-rebolusyonaryong aksyon para isabotahe o kontrahin ang kampanyang ipamahagi nang libre ang lupa. Gayunman, ang ibang myembro ng kanyang pamilya ay bibigyan ng pagkakataong magkaroon ng ikabubuhay, kabilang ang karapatang magmay-ari at magbungkal ng isang parsela ng lupa, sa kundisyong susunod sila sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan.

## KABANATA V

### ANG SAMAHAN NG MAGSASAKA BILANG KOOPERATIBA

**Seksyon 1.** Ang samahan ng magsasaka sa antas ng baryo pataas ay magsisilbing kooperatiba, pangunahin ng mga maralitang magsasaka, panggitnang magsasaka at manggagawang bukid, pwera kung may partikular na pangangailangang magkaroon ng kooperatiba na iba pa sa samahan ng magsasaka.

**Seksyon 2.** Laging ibubunsod at isasagawa ng samahan ng magsasaka ang mga panimulang porma ng kooperasyon sa hanay ng mga myembro, tulad ng pagtutulungan at palitan

ng paggawa, para maitaguyod ang kapakanan ng lahat, mapataas ang produksyon, mabawasan ang ilang gastos sa produksyon, at mapawi ang pangangailangang umutang sa mga usurero.

**Seksyon 3.** Bilang kooperatiba, lilinawin ng samahan ng magsasaka kung ilang sapi ang katumbas ng butil o pera na ikinontribusyon ng mga myembro ng samahan. Minsan sa tatlong buwan, kukwentahin ng samahan ang halaga at ganansya ng sapi. Sinumang myembro ng samahan ay pwedeng bumili ng kahit ilang sapi pagkaraang mabili niya ang takdang bilang ng sapi. Pero gaano man karami ang sapi ng sinumang myembro sa kooperatiba, susundin ang patakarang “isang myembro, isang boto”. Ang mga hindi kwalipikadong maging myembro ng samahan ay papayagang magpahiram lamang ng kapital.

**Seksyon 4.** Ang mga sapi ay gagamitin para sa alinman sa sumusunod na layunin:

- a. para bumili ng mga hayop na pantrabaho, kagamitang pansaka, kasangkapan at pasilidad na hindi kayang bilhin ng iisang tao o pamilya;
- b. para magtayo ng tindahan na mamamakyaw ng mga batayang kalakal pati binhi, abono at pestisidyo, na ititingi naman sa mga mamamayan ng lokalidad sa presyong mas mababa kaysa sa presyo ng nasabing mga kalakal kung bibilhin sa iba;
- k. para magpaunlad ng mga dagdag na hanapbuhay;
- d. para mag-ipon ng gamot sa mga karaniwang sakit, at para rin magkaroon ng sapat na serbisyong medikal at dental;
- e. para suportahan ang mga aktibidad sa edukasyon at kultura, at mga proyekto’t pasilidad sa paglilibang;

g. para pahasayin ang mga pasilidad sa transportasyon at komunikasyon;

h. para bayaran ang mga gastos sa pagpapalibing.

**Seksyon 5.** Titiyakin ng samahan ng magsasaka na ang produkto ng mga myembro nito ay maibebenta sa pinakamagandang presyo, at lalabanan ng samahan ang pagsasamantalang ginagawa ng mga komersyante. Ang mga komersyante ay makatarungang pakikitunguhan ng samahan ng magsasaka, at papayagan silang kumita ng makatwirang ganansya.

**Seksyon 6.** Ang samahan ng magsasaka ay pwedeng bumili ng modernong mga kasangkapan tulad ng bomba sa patubig, traktora, at tilyadora't makinang pangkiskis; pero bago bumili ng anuman ang samahan, igigiit nito sa mga may-ari ng mga kasangkapang kasalukuyan nang ginagamit na gawing mas mahusay at mas mura ang serbisyo.

**Seksyon 7.** Kapag ang samahan ng magsasaka ay nagpapautang sa partikular na mga myembro, hindi ito sisingil ng interes na mas mataas kaysa sa itinakda ng samahan na interes sa pautang; at bilang kolateral ay tatanggapin ng samahan ang lupa, ang susunod na ani, mga hayop na pansaka, kagamitan o anumang kapaki-pakinabang na personal na ari-arian katumbas ng halaga ng ipinautang. Magpapautang lamang kung ang uutangin ay para sa produksyon o iba pang mahalagang paggagamitan. May karapatan ang samahan ng magsasaka na imbistigahin anumang oras ang aktwal na pinaggagamitan ng pautang.

**Seksyon 8.** Ayon sa kongkretong kundisyon, didisisyunan ng samahan ng magsasaka kung paano babawiin ang mga gastos, pananatilihing sapat ang pinansya, at gaganansya nang katamtaman sa mga ipinuhunan.

**Seksyon 9.** Ang mga myembro ng samahan ng magsasaka ay sama-samang tutulong sa mga dependyente ng mga



rebolusyonaryong martir, kadre't Pulang mandirigma na magbungkal ng kanilang lupa o makakuha ng ibang pagkakakitaan.

**Seksyon 10.** Batay sa prinsipyo ng kooperatiba ay itatayo ng samahan ng magsasaka ang mga dagdag na hanapbuhay tulad ng pagtanim ng prutas at gulay, pagmamanukan, pagbababuyan, pag-aalaga ng baka, pagtatabla, pagkarkarpintero, pangangahoy, pangingisda, pagpapalaisdaan, paggawa ng mga produkto mula sa isda, paggawa ng handikrap, pananahi, pagpapanday, transportasyon (traysikel, dyip at bangkang de-motor), pagkukumpuni ng makina sa talyer, at iba pa.

**Seksyon 11.** Ang samahan ng magsasaka ay kukuha ng lupa para gamitin ng kooperatiba, at magkakaroon ng sariling parte kapag ipinapamahagi na nang libre ang lupa. Ang mga lupa ng kooperatiba ay magsisilbing basihan para maabot ang mas matataas na antas ng kooperasyon. Ang kita roon ay gagamitin para bilhin ang sobrang lupa ng mga mayamang magsasaka at iba pang pinapayagang magmay-ari ng sobrang lupa, at para bilhin din ang dating pag-aaring lupa ng mga benepisyaryo ng reporma sa lupa na sa ano't anumang rason ay gustong ibenta ang kanilang lupa.

**Seksyon 12.** Sa pagbubungkal ng lupa ng kooperatiba, ang mga myembro ng samahan ng magsasaka ay magkakaroon ng magkakapantay na bahagi sa trabaho at sa kikitain. Gayunman, ang samahan ng magsasaka ay gagawa ng isang sistema ng puntos sa trabaho para mabigyan ng kaukulang halaga ang aktwal na mga pagkakaiba sa kantidad at kalidad ng trinabaho ng mga myembro. Sa sistemang ito ibabatay ang bayad sa mga myembro.

**Seksyon 13.** Ang samahan ng magsasaka ng ilan mang baryo, bayan, distrito o probinsya ay pwedeng magtulung-tulong sa mga proyektong pangkooperatiba, at ang mga ito ay

pangangasiwaan ng isang komite at kailangan munang sang-ayunan ng kinauukulang antas ng demokratikong gubyernong bayan.

## KABANATA VI

### MAHUSAY NA KUNDISYON SA PAGTATRABAHO AT PAMUMUHAY NG MGA MANGGAGAWANG BUKID SA MGA KAPITALISTANG SAKAHAN

**Seksyon 1.** Sa lahat ng sakahang pinatatakbo sa batayang kapitalista, lubos na susuportahan ang pagbubuo ng unyon ng mga manggagawa at ang paggamit ng mga manggagawang bukid at iba pang manggagawa sa kanilang mga demokratikong karapatan. Lubos na susuportahan din ang paggigiit ng mga unyon na pahasayin ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay at makuha ang iba pang benepisyo. May karapatan ang mga unyon na alamin ang tunay na kwenta ng kumpanya para magkaroon sila ng matibay na batayan sa paggigiit na pahasayin ang kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay, at makuha ang iba pang benepisyo.

**Seksyon 2.** Ang ibig sabihin ng mahusay na kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay at ng pagkakaroon ng iba pang benepisyo ay: hindi basta-basta maaalis sa trabaho ang sinuman, makatwiran ang minimum na sahod, mas mataas ang sahod para sa obertaym at trabahong mas peligroso, ibabatay ang pag-aantas-antas ng sahod sa kahusayan at tagal sa serbisyo, mahusay ang pasilidad sa pagtatrabaho, mahusay ang pasilidad sa pabahay, may pribilehiyong magbakasyon, may mga plano kaugnay ng pensyon, magkakaroon ng mga tindahang kooperatiba na magbebenta ng mga batayang kalakal sa mababang presyo, libre ang serbisyon medikal at dental para sa buong pamilya ng manggagawa, pag-aaralin nang libre sa elementari at hayskul ang mga anak ng

manggagawa, may kompensasyon para sa mga namatay o naaksidente, libre ang pagpapalibing, at iba pa.

Hangga't pwede, ang mga manggagawang bukid ay papartihan ng loteng magagamit sa paghahanapbuhay na mapagkukunan ng dagdag na pagkain at kita.

**Seksyon 3.** Dahil kinukuha sa hanay ng masang magsasaka ang mga manggagawang bukid, laluna ang nasa kategorya ng di regular at di permanenteng manggagawa sa mga sakahang kapitalista, susuriin at gagawan ng kaukulang aksyon ng samahan ng magsasaka ang anumang kontrata o plano na ginagamit ng panginoong maylupa, administrador, katiwala, o kontratista sa paggawa para magrekrut ng mga manggagawang bukid sa lokalidad.

Pangangalagaan ng samahan ng magsasaka ang pampulitika't pang-ekonomyang mga karapatan ng mga manggagawang bukid. Pwede rin silang magmyembro sa unyon sa pinagtatrabahuan nila.

**Seksyon 4.** Ang sinumang magrekrut ng manggagawang bukid ay pagbabawalang lumabag sa mga makatwirang kontrata, mang-usura, kumaltas ng sahod ng mga manggagawa, mandaya sa kwenta, at gumawa ng iba pang porma ng pagsasamantala. Parurusahan ang sinumang lumabag sa pagbabawal na ito.

**Seksyon 5.** Titiyakin ng unyon ng manggagawang agrikultural sa sakahang kapitalista, o ng samahan ng magsasaka sa lugar na kalapit ng sakahang ito, na ipapamahagi't bubungkalin ang nakatiwangwang o sobrang mga parte ng asyendang pinataakbo sa batayang kapitalista. Sa kaso naman ng mga rantso, ang sukat ng lupang ititira para sa mga ito ay ibabatay sa aktwal na bilang ng hayop.

**Seksyon 6.** Depende sa kongkretong kalagayan, pwedeng lubos na kontrolin ng demokratikong gubyernong bayan ang mga asyendang pinataakbo sa batayang kapitalista, o

hayaan ang mga may-ari na patuloy na ariin at pamahalaan ang mga asyenda, alinsunod sa mahihigpit na kundisyon, tulad ng pagpapahusay sa kundisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay ng mga manggagawa, at pagbabayad ng buwis, na ang malaking parte ay pera, sa demokratikong gubyernong bayan.

**Seksyon 7.** Mahigpit na pagbabawalan ang malaking kapitalistang dayuhan na magmay-ari ng kahit kapisasong lupang agrikultural o magkaroon ng kontrol sa anumang paraan. Kung gayon, parurusahan sila at ang mga tuta nila kapag nilabag ang pagbabawal na ito.

**Seksyon 8.** Parurusahan ang mga may-ari, administrador, katiwala, o kontratista sa paggawa, pati ang kanilang mga tuta, na gumagamit ng mga pribadong gwardyang armado o tropang kaaway o pulis para bantayan ang mga asyenda at supilin ang mga manggagawang bukid at mga mamamayan.

**Seksyon 9.** Isasabansa ng demokratikong gubyernong bayan ang mga lupaing agrikultural na pinatatakbo sa batayang kapitalista. Ito ang magiging oryentasyon ng mga unyon at ng masang manggagawa.

## KABANATA VII

### ANG MGA MARALITANG SETLER AT ANG MGA PAMBANSANG MINORYA SA MGA PRONTERA

**Seksyon 1.** Sa mga prontera, ang mga maralitang setler at mga pambansang minorya ay oorganisahin bilang samahan ng magsasaka para mapangalagaan ang kapakanan nilang lahat, mapaunlad ang kooperasyon, at malabanan ang pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Itataguyod ang pagkakaisa at pagkakaintindihan ng mga setler at mga dati nang nakatira sa prontera.

**Seksyon 2.** Sa mga lugar na pinagtrosohan, kaingin, pastulan, at reklameysyon erya, sisiguraduhin sa mga maralitang setler at mga pambansang minorya na sila ang magmamay-ari ng homisted o lupang binubungkal nila, at hihikayatin sila na lalo pa itong paunlarin.

**Seksyon 3.** Ang mga magsasakang walang lupa ay ililipat sa mga prontera para malutas ang kakulangan ng lupa sa ilang lugar. Gayunman, hindi papayagan ang anumang paglabag sa karapatan ng mga pambansang minorya at mga dati nang nakatira sa prontera.

**Seksyon 4.** Ang demokratikong gubyernong bayan, kasama ang samahan ng magsasaka, ang may responsibilidad sa mapayapang paglutas ng mga alitan tungkol sa lupa sa mga prontera.

**Seksyon 5.** Pagbabawalang mang-agaw ng lupa sa mga prontera ang mga malaking kapitalista, panginoong maylupa at burukratang kumprador. Kung gayon, parurusahan sila at ang kanilang mga tuta kapag nilabag nila ang pagbabawal na ito.

**Seksyon 6.** Magiging kontrolado ang pagputol ng mga puno, at sa pagpapatupad ng patakarang ito ay bibigyan ng sapat na atensyon ang kapakanan ng lahat at hindi pipinsalain ang kapakanan ng mga maralitang setler at mga pambansang minorya.

## **KABANATA VIII**

### **PAGPAPATUPAD SA PROGRAMA**

**Seksyon 1.** Para mapangasiwaan ang gawain sa reporma sa lupa, ang demokratikong gubyernong bayan ay magtatatag ng mga komite para sa reporma sa lupa sa bawat antas. Bibigyan ang mga komiteng ito ng awtoridad na magdesisyon sa mga problemang may kinalaman sa reporma sa lupa. Tutulungan

silang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan.

**Seksyon 2.** Para makamit ang reporma sa lupa, ang masang magsasaka ay momobilisahin ng mga samahan ng magsasaka at mga namumunong organo nito. Bukod sa pamumuno sa mga pulong masa, susuriin nila kung saang uri kabilang ang mga pamilya sa kanilang lokalidad, aalamin kung ilan ang pwedeng magtrabaho at kung ilan ang dependyente sa bawat pamilya o bubong, iguguhit ang tamang mapa na nagpapakita ng mga lupaing kukumpiskahin at mga lupaing katabi nito, at tutukuyin ang kalidad at sukat ng mga parsela bago ipamahagi nang libre ang lupa at pagkaraang ipamahagi ito.

**Seksyon 3.** Ang mga pulong masa ay idadaos tuwing kailangan para mapatibay ang determinasyon ng masang magsasaka na isulong at ipagtagumpay ang pakikibaka para magkaroon ng lupa. Itataguyod ng mga pulong masa ang pangkalahatang linya ng demokratikong rebolusyong bayan at ang umiiral na linya tungkol sa reporma sa lupa sa bawat lugar; bibigyan ng buong laya ang pagbubuhos ng hinaing laban sa pang-aapi ng mga imperyalista, panginoong maylupa at burukratang kapitalista; tutukuyin ang solusyon sa umiiral na mga problema; at pasisiglahin ang diwa ng kooperasyon sa produksyon.

**Seksyon 4.** Ang mga despotikong panginoong maylupa at ang mga tuta nila na marahas na lumalaban sa reporma sa lupa ay aarestuhin ng milisya, mga lokal na gerilya, o mga regular na yunit ng Hukbong Bayan para litisin ng hukumang bayan.

**Seksyon 5.** Bago gawin ang reporma sa lupa at habang ginagawa ito, tutukuyin kung ang mga panginoong maylupa ay despotiko o di despotiko; naliliwanagan o di nalilinanagan; at malaki, katamtaman ang laki o maliit. Tatratin sila ayon sa kanilang katangian, at ang pinakamalalakas na bira ng masang magsasaka ay

ikokonsentra sa mga despotikong panginoong maylupa na may katungkulan at nagmamay-ari ng malalawak na lupain.

**Seksyon 6.** Munisipalidad, malaking asyenda o kaya'y baryo ang lugar na magiging batayang yunit para sa pagpapatupad ng minimum at maksimum na layunin ng reporma sa lupa.

## KABANATA IX

### MGA BUWIS SA AGRIKULTURA

**Seksyon 1.** Ang tagumpay ng reporma sa lupa ang siyang susi para makaasa sa sarili ang demokratikong gubyernong bayan.

**Seksyon 2.** Ang demokratikong gubyernong bayan o mga representante nito ay sisingil ng buwis sa masang magsasaka pagkatapos ng bawat anihan. Ang bubuwisan ay ang bawat pamilya o bawat bubong. Pwedeng produkto o pera ang ibayad na buwis.

**Seksyon 3.** Ang mga magsasaka na gitnang-panggitna ang katayuan bago magkaroon ng reporma sa lupa, pati ang mga magsasakang naging gitnang-panggitna ang katayuan nang mabigyan ng lupa, ay kailangang magbayad ng buwis sa agrikultura na katumbas ng limang porsyento ng kanilang netong ani.

**Seksyon 4.** Ang mga kasamáng nakikinabang sa pagkakababa ng upa sa lupa ay kailangang magbayad ng buwis sa agrikultura na katumbas ng dalawang porsyento ng kanilang netong ani pagkatapos magbayad ng upa sa panginoong maylupa.

**Seksyon 5.** Ang mga mayamang magsasaka, nakakataas-na-panggitnang magsasaka at iba pang di nagbubungkal na may-ari ng mga sakahang kasinlaki ng sa mga mayaman at panggitnang magsasaka ay kailangang magbayad ng buwis

sa agrikultura na katumbas ng sampung porsyento (10%) ng kanilang netong ani.

**Seksyon 6.** Ang mga samahan ng magsasaka ay magkokontribusyon buwan-buwan sa demokratikong gubyernong bayan ng halagang katumbas ng dalawang porsyento ng kanilang netong kita sa loob ng isang buwan.

**Seksyon 7.** Ang mga kapitalistang namumuhunan sa agrikultura, bilang korporasyon o bilang indibidwal, ay magbabayad taun-taon ng bai-baitang na buwis sa kita (income tax), mula sa minimum na sampung porsyento hanggang limampung porsyento (10%-50%) ng kanilang netong kita, ayon sa sumusunod na talaan:

<b>Netong Kita (P)</b>	<b>Porsyentong Ibuluwis</b>
Mahigit 5,000 hanggang 10,000	10%
Mahigit 10,000 hanggang 20,000	15%
Mahigit 20,000 hanggang 40,000	20%
Mahigit 40,000 hanggang 80,000	25%
Mahigit 80,000 hanggang 160,000	30%
Mahigit 160,000 hanggang 320,000	35%
Mahigit 320,000 hanggang 640,000	40%
Mahigit 640,000 hanggang 1,280,000	45%
Mahigit 1,280,000	50%

**Seksyon 8.** Ang mga manggagawa sa agrikultura ay magbabayad ng buwanang buwis na katumbas ng lima hanggang sampung porsyento (5%-10%) ng dagdag na sahod na nakuha sa tulong ng demokratikong gubyernong bayan o ng Bagong Hukbong Bayan. Ang buwis na ito ay iba pa sa butaw na ibinabayad nila sa unyon.

**Seksyon 9.** Pwede lamang itaas ang buwis sa agrikultura kung may mga tiyak na dahilan, tulad ng pagpapatindi sa gera at pagsuporta sa mga repyudyi (refugees), at ang dagdag



na buwis ay hindi dapat sumobra sa doble ng karaniwang buwis.

## KABANATA X

### KATAYUAN NG MGA URI SA KANAYUNAN

**Seksyon 1.** Itinuturing na panginoong maylupa ang mga taong nagmamay-ari ng lupa pero hindi lumalahok sa paggawa, o kaya'y lumalahok lamang sa supplementaryong paggawa. Kinukuha nila sa upa sa lupa ang lahat o ang malaking parte ng kanilang kinikita. Itinuturing din na panginoong maylupa ang mga administrador ng lupa, katiwala, kontratista sa paggawa, at lokal na maton, na mas nakakaluwag ang kabuhayan kaysa gitnang-panggitnang magsasaka. Sa pagsasamantala sa mga magsasaka kinukuha ng mga ito ang malaking parte ng kanilang kinikita. Bukod sa nagsasamantala sa masang magsasaka ang mga panginoong maylupa, pangunahin sa pamamagitan ng pagsingil ng upa sa lupa, sila ay nag-uusura din, umuupa ng mga manggagawang bukid o hindi nagbabayad sa mga ito, nandadaya sa kwenta, nagpapaarkila ng hayop at kagamitang pansaka at ng modernong kasangkapang agrikultural, at gumagawa ng iba't ibang porma ng pangingkil.

**Seksyon 2.** Sa kabuuang nagmamay-ari ng lupa ang mga mayamang magsasaka, pero marami rin sa kanila ang umuupa ng lupa. Naiiba sila sa panginoong maylupa dahil ang malaking parte ng kanilang kinikita ay kinukuha nila sa sariling paggawa at pagbubungkal sa lupa. Naiiba rin sila sa nakakataas-na-panggitnang magsasaka dahil kinukuha nila sa pagsasamantala ang humigit-kumulang sa tatlumpu hanggang limampung porsyento (30%-50%) ng kanilang kinikita. Nagsasamantala sila sa pamamagitan ng pag-upa ng mga manggagawang bukid at pagpapaarkila ng mga hayop at kagamitang pansaka, at mayroon silang sobrang pondo na ipinapautang nila.

**Seksyon 3.** Nagmamay-ari ng lupa ang marami sa mga panggitnang magsasaka, pero ang ilan sa kanila ay umuupa ng lupa. Sa sariling paggawa nila kinukuha ang lahat o ang malaking parte ng kanilang kinikita, at sa kabuuang hindi nila ibinebenta sa iba ang kanilang lakas-paggawa.

- a. Ang mga nakakataas-na-panggitnang magsasaka ay bahagya o paminsan-minsan nagsasamantala. Pero ang kinikita nila sa pagsasamantala ay umaabot sa higit labinlima hanggang tatlumpung porsyento (15%-30%) ng kanilang kabuuang kita.
- b. Ang mga gitnang-panggitnang magsasaka, sa kabuuan, ay hindi tuwirang pinagsasamantalahan ng panginoong maylupa, at sila mismo ay hindi nagsasamantala. Gayunman, bahagya o paminsan-minsang nagsasamantala ang ilang gitnang-panggitnang magsasaka, at ang kinikita nila sa pagsasamantala ay umaabot sa isa hanggang 15 porsyento (1%-15%) ng kanilang kabuuang kita.
- k. Ang mga nakakababang-panggitnang magsasaka ay bahagya o paminsan-minsang nagbebenta ng kanilang lakas-paggawa, kayat ang sahod ay secondaryong parte ng kanilang kabuuang kita. Nasa bingit sila ng pagiging maralitang magsasaka at pinagsasamantalahan sa pamamagitan ng upa sa lupa at interes sa pautang. Pwedeng umabot sa 25 porsyento ang kinikita nila sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa.

**Seksyon 4.** Sa kabuuan o sa pangunahin ay kasamá ng panginoong maylupa ang mga maralitang magsasaka. Wala silang kahit kapisang lupa, o kung mayroon ma'y napakaliit na parte lamang ng lupang binubungkal nila. Kung minsa'y kulang ang kanilang kagamitang pansaka at wala man lamang hayop na pantrabaho. May mga panahong kailangan nilang magbenta ng kanilang lakas-paggawa. Dito nila kinukuha

ang dalawampu't lima hanggang limampung porsyento (25%-50%) ng kanilang kabuuang kita.

**Seksyon 5.** Karaniwa'y walang lupa't kagamitang pansaka ang mga manggagawa sa kanayunan, at kinukuha nila sa pagbebenta ng kanilang lakas-paggawa ang lahat o ang malaking parte ng kanilang kinikita. Nasa kategoryang ito ang mga manggagawang bukid. Nagtatrabaho sila sa mga sakahang kapitalista o malakapitalista, nagpapaupa sa mga mayamang magsasaka, at paminsan-minsa'y nagpapaupa rin sa mga nakakataas-na-panggitnang magsasaka. Para kumita, maraming manggagawang bukid ang nagtatrabaho sa kung saan-saan at kung kani-kanino, at ang karaniwang nakukuha nilang trabaho ay pagtatanim, paggamas at pag-aani.

**Seksyon 6.** Pagpapatibay sa mga binanggit na klasipikasyon, ang bilang ng mga dependyente sa bawat pamilya at ang aktwal na sarplap (sobrang pera o produkto) ng bawat pamilya o bubong ay laging bibigyan ng lubos na konsiderasyon ng demokratikong gubyernong bayan, mga samahan ng magsasaka, at mga komite para sa reporma sa lupa.

## KABANATA XI

### DAGDAG NA MGA TUNTUNIN AT REGULASYON

**Seksyon 1.** Ang Komite Sentral ng Partido ang gagawa ng kaukulang mga desisyon para baguhin o dagdagan ang pangkalahatang gabay na ito, batay sa higit pang imbestigasyong panlipunan at aktwal na karanasan sa gawain sa reporma sa lupa.

**Seksyon 2.** Ang Komite ng Partido sa mga rehiyon ay pwedeng magbalangkas ng mga tuntunin at regulasyon, gayundin ng mga pangkalahatang paliwanag o paglilinaw na idadagdag sa gabay na ito sa reporma sa lupa. Ang mga ito ay kailangang aprubahan ng Komite Sentral ng Partido.

## **MGA PANGKALAHATANG TUNTUNIN NG PAMBANSANG KATIPUNAN NG MGA MAGBUBUKID**

### **Artikulo I ANG PANGKALAHATANG PRINSIPYO**

**Seksyon 1.** Ang Pambansang Katipunan ng Magbubukid sa Pilipinas (PKMP) ay isang rebolusyonaryong organisasyong masang binubuo ng mga magsasakang boluntaryong sumapi dito.

**Seksyon 2.** Ang mga tungkulin ng PKM ay:

- a. pagkaisahin sa layunin ng demokratikong rebolusyong bayan ang mga maralitang magsasaka, panggitnang magsasaka, manggagawang bukid, at lahat ng elementong anti-pyudal sa kanayunan;
- b. hakbang-hakbang na isagawa ang reporma sa lupa, kabilang ang minimum na layuning ibaba ang upa sa lupa at pawiin ang usura, at ang maksimum na layuning ipamahagi nang libre ang lupa;
- k. magsilbing kooperatiba, at magpaunlad ng produksyon sa agrikultura at ng mga dagdag na hanapbuhay, para mapabuti ang pamumuhay ng masang magsasaka;
- d. itaas ang antas ng pulitika't kultura ng masang magsasaka, at paunlarin ang pundasyong masa ng demokratikong gubyernong bayan; at
- e. suportahan ang mga patakaran ng demokratikong gubyernong bayan, at ipagtanggol ang mga tagumpay na nakamit ng sambayanan sa pakikibaka sa imperyalismo at pyudalismo.

**Seksyon 3.** Sa bawat antas, ang samahan ay ang organong magpapatupad sa **Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa.**

## **Artikulo II**

### **BANDILA, SAGISAG AT HIMPILAN**

**Seksyon 1.** Ang upisyal na bandila ng PKM ay bandilang kulay pula na may tatlong gintong bituin, karet at baril.

**Seksyon 2.** Ang upisyal na sagisag ng PKM ay tulad din ng sa bandila nito.

**Seksyon 3.** Ang punong himpilan ay itatayo saanman sa mga pinakamaunlad na larangang gerilya na epektibong mapamumunuan ang pagpapatakbo ng organisasyon.

## **Artikulo III**

### **PAGMEMYEMBRO**

**Seksyon 4.** Pwedeng maging myembro ang mga maralitang magsasaka, panggitnang magsasaka, manggagawang bukid, at iba pang mahirap na mamamayang nakatira sa kanayunan, na boluntaryong nag-aplay sa samahan at tinanggap ng namumunong komite ng balangay ng samahan sa baryo.

Pwedeng maging myembro ng samahan ang rebolusyonaryong kadre na nakatalaga mismo sa kilusang magsasaka, basta't aaprubahan ng pulong masa ng balangay sa baryo, o ng kumperensya o pulong ng komite sa mas mataas na antas.

Pagkatapos maipamahagi nang libre ang mga lupaing kinumpiska sa mga panginoong maylupa, ang mga mayamang magsasaka ay pwedeng mag-aplay sa samahan at maging myembro nito basta't aaprubahan ng pulong masa ng balangay sa baryo o ng kumperensya sa mas mataas na antas.

**Seksyon 5.** Ang mga karapatan ng myembro ng PKM ay ang sumusunod:

- a. magsalita, bumoto, maghalal at mahalal sa samahan, at magmungkahing alisin o palitan ang sinumang kagawad ng samahan;
- b. makinabang sa mga karapatan at proteksyong ibinibigay ng PKM; at
- k. magkaroon ng prayoridad sa paggamit sa pang-ekonomya't pangkulturang mga pasilidad ng samahan.

**Seksyon 6.** Ang mga tungkulin ng myembro ng PKM ay ang sumusunod:

- a. sumunod sa mga tuntunin ng PKM;
- b. sumunod at tumupad sa mga desisyon ng PKM; at
- k. magbayad ng butaw.

#### **Artikulo IV** **SISTEMA NG ORGANISASYON**

**Seksyon 7.** Demokratikong sentralismo ang prinsipyong gumagabay sa buong samahan. Ang indibidwal ay nakapailalim sa organisasyon; ang minorya ay nakapailalim sa mayorya; at ang nakakababang organisasyon ay nakapailalim sa nakakataas na organisasyon.

**Seksyon 8.** Ang batayang yunit ng organisasyon ay ang balangay sa baryo. Magdadaos ito ng pulong masa at magsasagawa ng mga aktibidad na pamproduksyon at pangkooperatiba para makamit ang mga layunin ng samahan sa baryo. Maghahalal ng sariling komite ang balangay sa baryo pagkatapos desisyunan kung ilan ang magiging myembro ng komiteng ito.

**Seksyon 9.** Nakakataas sa balangay sa baryo ang mga organisasyon sa munisipalidad, distrito at probinsya. Ang mga nakakataas na organisasyong ito ay magdadaos ng mga kumperensya para itakda ang mga patakaran at plano, suriin

ang mga ulat ng mga komite, at ihalal ang kani-kanilang komite pagkatapos desisyon kung ilan ang magiging myembro nito.

**Seksyon 10.** Kabilang sa mga delegado sa kumperensya ng munisipalidad ang mga tagapangulo ng mga balangay sa baryo at ang iba pang ihinalal mismo ng pulong masa ng balangay sa baryo. Kabilang sa mga delegado sa kumperensya ng distrito ang mga tagapangulo ng mga komite ng munisipalidad at ang iba pang pinili ng mga komite ng munisipalidad. Kabilang sa mga delegado sa kumperensya ng probinsya ang mga tagapangulo ng mga komite ng distrito at ang iba pang pinili ng komite ng distrito.

Ang komiteng tatawag ng kumperensya ang magdidisyon kung ilan ang magiging delegado sa kumperensya at kung kailan ito idadaos. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite ang mga desisyong ito.

**Seksyon 11.** Titiyakin ng mga komite sa lahat ng antas na kolektibo ang kanilang pamumuno; sila ang magiging organong tagapagpaganap ng organisasyong saklaw nila. Ang bawat komite ay maghahalal mula sa mga myembro nito ng isang tagapangulo at anim na pangalawang tagapangulo para sa organisasyon, edukasyon, pinansya, kalusugan, kooperatiba at depensa. Idadaos ang mga plenum ng komite tuwing kailangan. Ang tagapangulo at ang mga pangalawang tagapangulo na tumatayong pamalagiang komite ay pwedeng magdaos ng mga pulong para siguraduhin na naipapatupad ang mga desisyon ng plenum.

**Seksyon 12.** Karaniwa'y dalawang taon ang panunungkulan ng komite sa bawat antas, maliban kung ang nakakataas na komite ay magdesisyon na pahabain iyon o paikliin. Ang komite ay pwedeng magnombra ng taong uupo sa nabakanteng pusisyon. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite ang mga pagnonombrang gagawin.

**Seksyon 13.** Sa mga lugar na wala pang samahan, pwedeng buuin ang panimulang komite sa angkop na antas. Saligang tungkulin nito na itatag ang mga balangay sa baryo. Papalit sa panimulang komiteng ito ang komiteng ihinalal.

**Seksyon 14.** Bubuuin sa lahat ng antas ng organisasyon ang mga katulong na sub-komite para sa pagpapatupad sa mga gawain. Ang mga bubuuing katulong na komite at gagampanan nilang mga tungkulin ay ang sumusunod:

- a. Sub-komite sa Organisasyon – katuwang sa pagsubaybay sa pag-unlad ng kasapian ng organisasyon kabilang na ang pagpapalawak ng organisasyon at paghahanda sa mga irereklutang mga kasapi, sa pagbubuo at pagsubaybay sa mga grupo ng balangay sa iba't ibang bahagi ng baryo, sa pagsasanay ng mga kadre ng samahan, sa pagsasaayos ng ugnayan at koordinasyon sa nakatataas na organisasyon ng samahan at ibang organisasyong masa sa baryo, sa KRB, sa BHB, sa pangangasiwa sa mobilisasyon at kampanyang masa, at sa pagsisinop ng rekord ng organisasyon.
- b. Sub-komite sa Edukasyon at Propaganda - katuwang sa pagpapatupad ng programa sa rebolusyonaryong edukasyon ng organisasyon at literasiya sa hanay ng kasapian, mangangasiwa sa aklatan ng organisasyon, sa paglilimbag at pamamahagi ng mga rebolusyonaryong babasahin at materyales, susubaybay sa pagpapatupad ng mga gawaing pangkultura at pagpapaunlad ng kulturang tunay na pangmasa, makabayan at syentipiko sa hanay ng kasapian ng organisasyon.
- k. Sub-komite sa Pinansya – katuwang sa pangangasiwa sa pagpapalitaw, pangangalaga at paggamit ng



pondo ng organisasyon at sa pagpapatupad sa mga patakaran at alituntunin kaugnay nito.

- d. Sub-Komite sa Kalusugan – katuwang sa pagpapahusay ng kagalingang pangkalusugan ng kasapian, pangunguna sa kampanya para sa kalinisan at sanitasyon, pagpapatupad ng mga programang kaugnay ng mga serbisyong medikal sa kasapian, pagsasanay ng mga paramedik, pangangasiwa sa botikang bayan at pangunguna sa kampanya sa edukasyon at impormasyon kaugnay ng mga usaping pangkalusugan.
- e. Sub-komite sa Depensa – katuwang sa pangangasiwa sa pangangalaga sa seguridad ng organisasyon, ng pamunuan at mga kasapi nito gayundin ang mga rebolusyonaryong pwersang kaugnay ng organisasyon. Ito ang magsasaayos ng ugnayan at koordinasyon sa milisya, at magmamantine ng linya ng ugnayan sa BHB sa lugar kaugnay ng suporta ng organisasyon sa mga balak at pagkilos ng hukbo.
- g. Sub-komite sa Kooperatiba at Produksyon - katuwang sa masusing pagsubaybay sa lahat ng uri ng kooperatiba (pagpapautang, gamit sa produksyon, sa pagsasapamilihan ng mga produkto, kalakal na pangkonsumo) at iba pang mga proyektong pamproduksyon ng organisasyon para sa sariling pangangailangan at suporta sa BHB at armadong pakikibaka.

**Seksyon 15.** Maaaring magtayo ng iba pang katuwang na komite ang balangay ayon sa nakikita nitong mga pangangailangan.

**Seksyon 16.** Ang kumperensya at komite ay magpapataw ng pandisiplinang hakbang sa mga lumabag sa mga tuntunin at

disiplina ng samahan. Ang mga pandisiplinang hakbang na pwedeng ipataw sa sinumang myembrong nagkamali ay: pagbibigay ng payo, pagbibigay-babala, pagtatanggal sa itinalagang tungkulin, o pagtitiwalag sa samahan.

Ang mga pandisiplinang hakbang na pwede namang ipataw sa buong organisasyon ay: mahigpit na pangangaral, bahagyang pagrereorganisa sa namumunong organo nito, pag-aalis sa namumunong organo nito at pagnonombra ng isang pansamantalang namumunong organo, paglusaw at pagrereorganisa sa buong organisasyon.

## **Artikulo V** **PONDO NG SAMAHAN**

**Seksyon 15.** Ang pondo ng samahan ay magmumula sa butaw ng mga myembro. Ang bawat myembrong may katayuang maralitang magsasaka at manggagawang bukid ay magbabayad ng taunang butaw na anim na piso o ang katumbas nito sa butil. Ang bawat myembrong may katayuang panggitnang magsasaka ay magbabayad naman ng taunang butaw na labindalawang piso (P12) o ang katumbas nito sa butil. Ibibigay ang butaw sa balangay sa baryo pagkatapos nilang umani.

**Seksyon 16.** Ang butaw na kikitain ng bawat balangay sa baryo ay pwedeng hatiin sa ganitong paraan:

Komite ng balangay sa baryo	60%
Komite ng munisipalidad	20%
Komite ng distrito	10%
Komite ng probinsya	10%

**Seksyon 17.** Para magsilbing kooperatiba ang samahan ng magsasaka, ang mga myembro ay magkokontribusyon ng pera o butil sa balangay sa baryo para sa tiyak na mga proyekto ng kooperatiba. Hinding-hindi dapat lumampas

ng limang porsyento ng taunang netong ani ng myembro ang ibibigay niyang kontribusyon sa loob ng isang taon. Paliliitin ang kontribusyong ito kapag kumikita na ang mga proyekto ng kooperatiba.

**Seksyon 18.** Ang mga loteng pag-aari ng samahan sa batayang pangkooperatiba ay bubungkalin sa pamamagitan ng pagkokontribusyon ng mga myembro ng kanilang lakas-paggawa. Ang magiging resulta nito ay dagdag na kita para sa samahan at dagdag na kita para sa nagkontribusyon ng kanyang lakas-paggawa.

**Seksyon 19.** Ang kinita sa mga aktibidad ng kooperatiba ay patuloy na gagamitin para pabutihin ang kabuhayan ng mga myembro ng samahan. Dalawang porsyento lamang ng buwanang netong kita sa mga aktibidad ng kooperatiba ang ibabayad na pera buwan-buwan sa demokratikong gubyernong bayan.

## **Artikulo VI** MGA DAGDAG NA TUNTUNIN

**Seksyon 20.** Sa anumang antas, ang samahan ay pwedeng gumawa ng mga tuntunin na paiiralin sa lokalidad at idadagdag sa mga pangkalahatang tuntuning ito. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite o organisasyon ng samahan ang mga tuntuning inilabas ng mga nakakababang komite o organisasyon.

**PATNUBAY SA PAGTATATAG NG  
DEMOKRATIKONG GUBYERNONG BAYAN**

**UNANG BAHAGI.  
MGA PANGKALAHATANG TUNTUNIN**

**Artikulo 1.** Ang Demokratikong Gubyernong Bayan ay pinamumunuan ng proletaryado at nakabatay sa masang anakpawis, ang proletaryado at uring magsasaka. May katangian din ng nagkakaisang prente ang Demokratikong Gubyernong Bayan - sumusuporta at lumalahok dito ang lahat ng demokratikong uri, kabilang ang petiburgesya, pambansang burgesya, at iba pa.

**Artikulo 2.** Ipatatupad ng Demokratikong Gubyernong Bayan ang lahat ng patakaran at hakbang na kailangan para maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ang mga patakaran at hakbang na ito ay sasaklaw sa pulitika, ekonomya, militar, kultura, at lahat ng iba pang aktibidad ng mga mamamayan; at maghahawan sa landas tungo sa pagtatatag ng demokratikong republikang bayan sa buong Pilipinas.

**Artikulo 3.** Ang sistema ng Demokratikong Gubyernong Bayan ay ibabatay sa prinsipyong demokratikong sentralismo. Ang indibidwal ay nakapailalim sa gubyerno at sa kapakanan ng lahat; ang minorya ay nakapailalim sa mayorya; ang nakabababang antas ng gubyerno ay nakapailalim sa nakakataas na antas ng gubyerno. Iboboto ng mamamayan ang mga kagawad ng gubyerno o kaya'y nonombrahan ayon sa batas.

**IKALAWANG BAHAGI.**  
**ANG SISTEMA NG GUBYERNO**

**Kabanata I.**

**ANG SENTRAL NA GUBYERNONG BAYAN**

**Artikulo 1.** Ang Pambansang Kongresong Bayan ang pinakamataas na organo ng Demokratikong Gubernong Bayan. Magbabalangkas at mag-iisyu iyon ng mga proklamasyon at batas na kailangan para pamahalaan ang sambayanan. Ang awtoridad ng Pambansang Kongresong Bayan ay ipagkakatiwala sa ihahalal nitong Kataas-taasang Kunsehong Bayan.

**Artikulo 2.** Ang Pambansang Kongresong Bayan ay bubuuin ng mga delegadong ihinalal ng kumperensya ng mga gubernong bayan ng probinsya, at ng iba pang namumunong representante ng mga demokratikong uri, partido at grupo na irinekomenda ng Pambansa-Demokratikong Prente at inaprubahan ng mga delegado ng gubernong bayan ng probinsya.

**Artikulo 3.** Ang Pambansang Kongresong Bayan ay pupulungin agad kapag napalaya na ang malaki-laking parte ng Pilipinas o kapag nagtagumpay na ang rebolusyon sa buong bansa.

**Artikulo 4.** Lilikhain ng Pambansang Kongresong Bayan o ng Kataas-taasang Kunsehong Bayan ang kailangang mga sentral na organo at ministri ng Demokratikong Gubernong Bayan.

**Artikulo 5.** Ang Pambansa-Demokratikong Prente ay gagawa ng rekomendasyon tungkol sa pagrereorganisa at pagpapanatili ng mga tauhan ng reaksyunaryong guberno at sa pagkuha ng mga bagong tauhan para sa Demokratikong Gubernong Bayan.

## **Kabanata II.**

### **MGA LOKAL NA ORGANO NG GUBYERNO**

**Artikulo 1.** Ang batayang yunit ng Demokratikong Gubernong Bayan ay ang gubyernong bayan ng baryo. Ang pinakamataas na awtoridad sa antas na ito ay ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo. Tatawagin ang pangkalahatang pulong ng taumbaryo para ihalal ang komiteng rebolusyonaryo ng baryo, o kaya'y para talakayin ang mga patakaran at proyekto ng alinman sa binanggit na mga komite.

**Artikulo 2.** Sa pagitan ng mga pangkalahatang pulong ng taumbaryo, ang komiteng rebolusyonaryo ng baryo ang pinakamataas na awtoridad ng gubyerno sa baryo. Habang hindi pa naitatayo ang komiteng rebolusyonaryo sa baryo, ang komiteng pang-organisa ng PKM o ang komite ng balangay ng PKM ang mangangasiwa sa mga gawain sa baryo alinsunod sa prinsipyo ng nagkakaisang prente. Ang mga komiteng ito ay maghahalal ng mga upisyal mula sa kani-kanilang hanay.

**Artikulo 3.** Ang komiteng rebolusyonaryo ng baryo at ang samahan ng magsasaka sa baryo ay mamamahala sa lahat ng gawain sa baryo kaugnay ng organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kultura at kalusugan; magpapatupad sa programa para sa reporma sa lupa; mag-oorganisa ng milisyang bayan; lalahok sa gawain ng hukumang bayan; mangungolekta ng mga buwis at boluntaryong kontribusyon; at magbibigay ng lahat ng suporta para sa simulain ng rebolusyon.

**Artikulo 4.** Limang subkomite para sa organisasyon, edukasyon, ekonomya, depensa, kultura at kalusugan ang tiyak na itatatag sa ilalim ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo.

- a. Ang subkomite para sa organisasyon ay mamamahala sa pagbubuo at pagkokoordina ng mga organisasyong masa tulad ng sa mga magsasaka, manggagawa, mangingisda, kabataan, kababaihan, titser, bata, at aktibista sa kultura.
- b. Ang subkomite para sa edukasyon ay mamamahala sa pagpapaunlad ng rebolusyonaryong kamulang makauri, mangangasiwa sa mga iskwelahan (elementari at iskwelahang masa), at magtataguyod ng iba't ibang tipo ng aktibidad sa kultura.
- k. Ang subkomite para sa ekonomya ay mamamahala sa pagpapatupad ng reporma sa lupa, sa produksyon at kooperasyon, at sa pagkulekta ng mga buwis at boluntaryong kontribusyon na pansuporta sa Demokratikong Gubernong Bayan at sa Bagong Hukbong Bayan.
- d. Ang subkomite para sa depensa ay mamamahala sa pag-oorganisa ng milisyang bayan sa baryo, sa pagpapanatili ng kaayusang publiko at seguridad sa baryo, at sa paglaban sa mga kaaway ng mamamayan nang may koordinasyon sa Bagong Hukbong Bayan.
- e. Ang subkomite para sa kalusugan ay mamamahala sa kalinisang publiko, sa gawaing medikal sa baryo, at sa pagdadala ng mga maysakit at sugatan sa mga istasyong medikal o klinika.

**Artikulo 5.** Nakakataas sa gubernong bayan ng baryo ang lokal na guberno sa antas ng munisipalidad, distrito at probinsya. Idadaos ang kumperensyang bayan sa mga nakakataas na antas ng lokal na guberno para itakda ang mga patakaran at plano, pagtibayin ang mga alituntunin at regulasyon na paiiralin sa lokalidad, suriin ang ulat ng iba't

ibang organo ng gubyrno, at ihalal ang mga kumsehong bayan matapos disisyunan kung ilan ang magiging myembro nito.

**Artikulo 6.** Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng munisipalidad ang mga upisyal ng mga komiteng rebolusyonaryo ng baryo at mga komiteng pang-organisa ng baryo. Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng distrito ang mga tagapangulo at pangalawang tagapangulo ng mga kumsehong bayan ng munisipalidad. Kabilang sa mga delegado ng kumperensyang bayan ng probinsya ang lahat o karamihan ng mga myembro ng kumsehong bayan ng distrito.

Ang kumsehong bayan na mismong tumatawag ng kumperensya ang magdidisyon kung ilan ang magiging delegado sa kumperensya at kung kailan ito idadaos. Ang mga desisyong ito ay kailangang aprubahan ng nakakataas na kumsehong bayan. Pero kung sa antas ng probinsya ang idadaos na kumperensyang bayan, kailangan munang hingin ng kumsehong bayan ng probinsya ang pagsang-ayon ng Sentral na Gubyrnong Bayan o ng nakatayo nang organong gumaganap ng tungkulin nito.

**Artikulo 7.** Ang kumsehong bayan ang organo ng gubyrno na mamumuno sa teritoryong saklaw nila at siyang magiging organong tagapagpaganap dito. Ang bawat kumsehong bayan ay maghahalal mula sa mga myembro nito ng isang tagapangulo at limang pangalawang tagapangulo para sa organisasyon, ekonomya, depensa at kalusugan. Idadaos ang mga plenum ng kumseho tuwing kailangan. Gayunman, ang tagapangulo at mga pangalawang tagapangulo ang tatayong pamalagiang komite ng kumsehong bayan, at kolektibong mangangasiwa sa mga gawain ayon sa mga disisyon ng plenum ng kumseho.



**Artikulo 8.** Karaniwa'y apat na taon ang panunungkulan ng komiteng rebolusyonaryo ng baryo o komiteng pang-organisa ng baryo at kunsehong bayan sa bawat antas. Pero pwedeng paikliin o pahabain ang panunungkulan kung ito ang disisyon ng nakakataas na kunsehong bayan, o kaya'y pwedeng lusawin o palitan ang kunseho o komite dahil sa petisyon ng mamamayan. Ang komite o kunseho ay pwedeng magnombra ng taong uupo sa nabakanteng pusisyon. Kailangang aprubahan ng nakakataas na komite o kunseho ang pagnonombrang gagawin.

**Artikulo 9.** Ang mga pambansang minority ay may karapatang magkaroon ng awtonomya sa mga probinsya, distrito, munisipalidad o baryong sila ang bumubuo sa majority. Ang awtonomong gubyrno ay iaayon sa mga hangarin ng nakakaraming mamamayan ng isang nasyunalidad o mga nasyunalidad. Pero sa saligan, ang awtonomong gubyrno ay susunod sa sistema ng gubyrno na nakalahad sa Patnubay na ito. Sa mga lugar na ang pambansang minority ang bumubuo sa minority, magkakaroon sila ng proporsyonal na representasyon sa mga kumperensya at kunseho, gayunman, walang hadlang sa kanilang mga representante na magkaroon ng pusisyong mas mataas sa pusisyon ng iba.

**Artikulo 10.** Ang lahat ng organo ng gubyrno, mula antas ng baryo hanggang antas ng probinsya, ay itatatag nang may patnubay ng nakakataas na pampulitikang awtoridad na nakatayo na, at nang may sapat na pagsasaalang-alang sa pagpapanatili ng nagkakaisang prente.

### **Kabanata III.**

#### **ANG HUKUMANG BAYAN**

**Artikulo 1.** Lilikhain ng Sentral na Demokratikong Gubyrnong Bayan ang Kataas-taasang Hukumang Bayan bilang pinakamataas na awtoridad sa hustisya. Pwede ring

likhain ng Demokratikong Gubernong Bayan ang mga ispesyal na hukuman kung hinihingi ng ispesyal na mga kalagayan.

**Artikulo 2.** Ang hukumang bayan ay lilikhain ng gubernong bayan ng probinsya, distrito, munisipalidad at baryo sa kani-kanilang antas. Sa maliit at simpleng mga kaso, magkakaroon ng lupon na bubuuin ng tatlong huwes man lamang. Sa malaki't kumplikadong mga kaso naman, laluna kung kamatayan ang pwedeng maging parusa, magkakaroon ng lupon na bubuuin ng siyam na huwes man lamang.

**Artikulo 3.** Oobligahin ng hukumang bayan na gawing ditalyado ang demanda, at iimbistigahin nang husto ang kaso bago ito litisin. Laging aalamin ng hukumang bayan ang panig ng nagdedemanda at ng akusado. Ang panig ng nagdedemanda at ng akusado ay sapat na didinggin, at may karapatan silang kumuha ng abugado at magharap ng mga testigo't ebidensya.

**Artikulo 4.** Karaniwa'y idadaos ang mga paglilitis sa harap ng publiko, at ang sinumang mamamayan ay malayang magbigay ng opinyon tungkol sa kaso. Tuwing kailangan, hihingin ng hukumang bayan ang tulong ng anumang kinauukulang organo ng Demokratikong Gubernong Bayan para magbigay ng linaw sa isyung kinakaharap ng hukuman.

**Artikulo 5.** Ang desisyon sa bawat kaso ay pagbobotohan ng mga huwes. Ipapaliwanag ng bawat huwes sa mga kasama niya sa lupon ang dahilan ng kanyang boto. Karaniwan, ang kaso ay didisisyunan sa pamamagitan ng boto ng simpleng mayorya ng lupon. Gayunman, kung kamatayan ang ipaparusa, kailangan ang boto ng malinaw na mayoryang dalawang-katlo. Ang lahat ng desisyon ay babasahin at ipapaliwanag ng nangungulong huwes.

**Artikulo 6.** Ang desisyon ng nakakababang hukumang bayan ay pwedeng iapila sa nakakataas na hukumang bayan.

Gayunman, ang hukumang bayan ay pwedeng tumanggap ng mosyon para sa rekonsiderasyon ng desisyon nito. Ang mga kasong dinisisyunan ng kamatayan ay awtomatikong iaapila sa pinakamataas na awtoridad ng pampulitika't hudisyal sa rehiyon, at kung posible'y awtomatikong dadalhin sa Kataas-taasang Hukumang Bayan o sa nakatayo nang organong gumaganap ng tungkulin nito.

### **IKATLONG BAHAGI.**

#### **ANG PUNDAMENTAL NA MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN NG MGA MAMAMAYAN**

**Artikulo 1.** Sa harap ng batas, ang lahat ng mamamayan ay pantay-pantay, at kung gayo'y pantay-pantay ang kanilang mga karapatan.

**Artikulo 2.** Ang mamamayan na labingwalong (18) taong gulang o higit pa ay may karapatang bumoto at mahalal anuman ang kanyang kasarian, lahi, nasyunalidad, hanapbuhay, uring pinagmulan, katayuan sa kabuhayan, edukasyong naabot, relihiyon, o tagal ng paninirahan. Ang pagbabawalan lamang na bumoto at mahalal ay ang mga baliw at mga taong kaaway ang turing ng batas.

**Artikulo 3.** May karapatan ang mamamayan na gamitin ang kalayaang magsalita, kalayaang magbuo ng asosasyon, kalayaang mamahayag, at kalayaang magtipun-tipon para maisulong ang rebolusyonaryong simulain ng masang anakpawis. Ibibigay sa mga mamamayan ang mga pasilidad na kailangan para matamasa ang mga kalayaang ito.

**Artikulo 4.** May karapatan ang mamamayan na tamasahin ang kalayaan sa konsensya at sa pananampalataya.

**Artikulo 5.** Hindi pwedeng labagin ang kalayaan ng mga mamamayan na magkaroon ng personal na seguridad. Ang sinumang mamamayan ay hindi pwedeng arestuhin nang walang sapat na batayang ligal.

**Artikulo 6.** Ang tahanan ng mga mamamayan ay hindi pwedeng pasukin nang walang permiso; at tinitiyak ng batas ang pagiging pribado ng mga sulat. May kalayaan ang mga mamamayan na manirahan kahit saan.

**Artikulo 7.** Ang mga mamamayan ay may karapatang maghanapbuhay, magtamasa ng mahusay na kundisyon sa pagtatrabaho't pamumuhay, magkaroon ng personal na ari-arian, at magtabi, gumastos o mamuhunan ng naipong personal na pera ayon sa batas. May karapatan din silang magkaroon ng pahinga at bakasyon, at ng mga benepisyo gaya ng pondo para sa kapakanan ng lahat, segurong sosyal, pensyon sa pagreretiro, at iba pang tulad nito na makakamit sa ilalim ng Demokratikong Gubernong Bayan. Isasagawa ang rebolusyong agraryo at isasabansa ang ekonomya para mabago ang relasyon sa produksyon at mapalaya ang mga pwersa sa produksyon sa Pilipinas, at matiyak sa mamamayan na tatamasahin nila ang mga bunga ng pag-unlad ng ekonomya.

**Artikulo 8.** Ginagarantyan ang karapatang magkaroon ng libreng edukasyong publiko. Pananatilihin at palalawakin ang mga iskwelahan at iba pang institusyong pangkultura para mapaunlad ang katawan at isip ng mamamayan, laluna ng kabataan.

**Artikulo 9.** Sa layuning mapaunlad ang pambansa, syentipiko't pangmasang kultura ay pangangalagaan at itataguyod ang kalayaan ng mga mamamayan na gumawa ng mga syentipikong pananaliksik, imbensyong teknolohikal, likhang panliteratura't pansining, at iba pang aktibidad sa kultura.

**Artikulo 10.** Pantay-pantay ang mga karapatan ng kababaihan at kalalakihan sa lahat ng larangan ng buhay pampulitika, pang-ekonomya, pangkultura, panlipunan at pantahanan. Pinoprotektahan ng batas ang kasal, ang pamilya, at ang mag-iina.

**Artikulo 11.** Ang mga mamamayan ay may karapatang magreklamo laban sa mga awtoridad na lumalabag sa batas o nagpapabaya sa tungkulin. May karapatang humingi ng bayad-pinsala ang sinumang napinsalaan o nawalan ng anuman dahil sa paglabag ng mga awtoridad sa kanyang mga karapatan bilang mamamayan.

**Artikulo 12.** Dapat sundin ng mga mamamayan ang Patnubay na ito at ang lahat ng batas na nilikha batay dito. Dapat nilang itaguyod ang disiplina sa pagtatrabaho, panatilihin ang kaayusang publiko, at respetuhin ang karapatan ng iba.

**Artikulo 13.** Sagrado at hindi pwedeng pinsalain ang mga ari-ariang publiko. Tungkulin ng bawat mamamayan na ingatan at protektahan ang mga ari-arian ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

**Artikulo 14.** Tungkulin ng mga mamamayan na magbayad ng buwis batay sa kakayahan nilang magbayad at ayon sa batas.

**Artikulo 15.** Sagradong tungkulin ng bawat mamamayan na magserbisyo sa militar ayon sa batas, at magbigay ng lahat ng pwedeng ibigay para sa pagdedepensa ng sambayanan laban sa mga dayuhang mananalakay at lokal na mapang-api.

### **IKAAPAT NA BAHAGI.**

#### **BANDILA, SAGISAG, AT KABISERA**

**Artikulo 1.** Ang pambansang bandila ng Demokratikong Gubyernong Bayan ay bandilang pula, na may tatlong malaking bituing gintong kumakatawan sa Luzon, Visayas at Mindanao.

**Artikulo 2.** Ang pambansang sagisag ay katulad ng pambansang bandila.

**Artikulo 3.** Itatakda ang kabisera ng Demokratikong Gubyernong Bayan ayon sa mga kalagayan.

---



PAMBANSA-DEMOKRATIKONG PAARALAN